# Reaching You

**By alyloony**

**Copyright © 2011 by Alyoony Stories**

ALL RIGHTS RESERVED. No part of this story may be reproduced or transmitted in any form or by any means, electronic or mechanical, including photocopying, recording, or by any information storage and retrieval system, without the written permission of the author, except where permitted by law.

**How can I ever forget her if all the things that I do, it reminds me of her?**

*How can I ever touch you if you're too busy doing everything that you've done together?*

**How can I ever be happy if my only happiness was taken away from me?**

*How can you see my efforts of making you happy if you thought she's your only happiness?*

**How can I ever love again if I cannot forget her?**

*How can you hold my heart if you're still holding hers?*

**This is the pain of moving on.**

*This is the pain of fighting with the past love*

**But I still believe that someone will come to save me from this pain.**

*But still I hope you could see that I'm willing to be your savior.*

**I'll find love again.**

*Will my feelings be able to reach you?*

*"Your heart is like a star. No matter how hard I tried to reach you, you are still beyond my reach. Should I just contend myself with merely looking at your bright face even though I know, behind those smiles is a broken heart?" - Amber Lopez*

**Chapter 1**
***New life in London***

**[Amber's POV]**

*Humagulgol ako ng iyak* ***"ngayon ka pa nag sorry kung kelan naipaalala mo na naman saakin kung gaano kasakit?! Nakakayamot ka eh! Bat ba ko pumunta dito! Sana hinayaan na lang kitang mag suicide dito sa paglalasing! Waaaaaaaahh "***

***"A-amber please don't cry"*** *nakita kong natataranta na siya saakin pero wala akong paki. Tuloy parin ako sa pag iyak* ***"ah wait, dyan ka lang ha. May kukunin lang ako"*** *umalis siyas a tabi ko habang ako naman patuloy parin sa pag ngawa.*

*Bumalik siya sa tabi ko na may dalang gitara.* ***"uhmm Amber wag ka na umiyak please. Kakantahan na lang kita"*** *he started strumming the guitar.*

***"When I look into your sad eyes***
***It makes me feel for you"***

*Napatigil ako sa pag hagulgol though yung mga luha sa mata ko patuloy parin sa*

*pagbagsak.*

***"Cause I don't see the light***
***That was always shining through***
***Someone broke your heart***
***And now it's easy to give up***
***I'm tellin you***
***It's not the end***
***It's not the end of love***

***Keep believing, baby***
***Cause everything happens for a reason***
***And though tonight tears fill your eyes***
***Don't stop dreamin' girl***
***I'll be right here to lean on***
***You're gonna make it through***
***I wanna see you"***

*Tumigil siya sa pag strum ng guitar then he wiped my tears away*

***"Keep believing"***

*Nagkatinginan kaming dalawa. Mabilis ang tibok ng puso ko. Hindi ko alam kung bakit. But still may kakaiba akong nararamdaman*

*Weird.*

*After all that had happened, this is the first time I felt my heart lightens up.*

Napadilat ako bigla.

Nakakapagtaka, bakit kada makikita ko siya ganoon ang nararamdaman ko?

Tinignan ko ang lalaking nasa side ko na busy mag computer. Ilang buwan ko na siyang nakakasama dito. Pero sa tuwing patagal ng patagal ang pagkakaibigan namin, mas lalong palalim ng palalim ang nararamdaman ko.

A couple of months had passed simula nung umalis kami sa Philippines. Akala ko pag sumakay na ako sa airplane on the way to London, iiwanan ko na lahat ng magaganda at masasakit na alaala ni Jiro at ng S6. Pero kung aasarin ka nga naman ng tadhana, nakita ko si Ren na sakay din ng eroplanong papunta sa London. At malalaman ko pang iisang course sa iisang university kami pareho mag-aaral. Ayos no? talagang inaasar ako ng tadhana.

Siguro sa S6 si Ren na ang pinaka close at the same time kinaiinisan ko. Hindi naman nagbago yun nung dumating kami sa London.

A few weeks after kong umuwi saamin, nagulat na lang ako ng sabihin ni Mommy na lilipat na daw ako ng bahay. Take note: ako lang ang lilipat, hindi sila kasama. Binilhan daw nila ako ng unit sa isang condominium malapit doon sa university na papasukan ko. It’s time for me para maging independent kaya ipinatatapon na nila ako sa ibang lugar.

Ayos nga eh, natawa ako. Dati nagpupumilit ako na umuwi ng Philippines at ayaw nila akong payagan dahil hindi ko daw kaya mag-isa. Ngayon itinataboy na nila ako.

Pero syempre pumayag din naman ako. Independence also means freedom. Pinuntahan namin yung unit na titirhan ko and nagustuhan ko naman siya.

Nung palabas na ako ng unit after tignan ang loob nito, nabangga ako ng isang lalaking nagmamadali kaya naman nalaglag yung bag ko at natapon lahat ng laman nito.

**“Oh, I’m sorry miss!”** tinulungan ako ng lalaki na pulutin yung mga gamit ko **“here”**

Kinuha ko sa kamay niya yung pouch ko then tuminigin ako sa kanya.

And again, mukhang inaasar na naman ako ng tadhana.

**“Ren?!”**

**“Amber?!”**

And ayun, malaman laman ko na lang, doon siya nakatira sa katapat ng unit ko. Ayos no?

Dumating naman ang araw ng paglilipat ko sa condo unit. Dahil nga magiging neighbors na kami ni Ren, kailangan daw niyang maging mabait saakin at dalawain ako. Kaya ayun habang busy ako mag ayos ng mga gamit sa unit ko, nandun siya sa kama ko at nakasalampak habang busy siya sa pagkain ng chips. Nung sinabi kong tulungan niya ako kasi ang bibigat ng mga binubuhat ko at napapagod na ko, tumayo siya sa kama ko at dire-diretsong pumunta sa unit niya. Pagbalik niya may dala na siyang gitara. Kakantahan daw niya ako para mawala ang pagod ko at lumakas ako. In that way, makakatulong na daw siya saakin.

Oh di ba! ang gentleman niya talaga! Sobra!

Dumating naman ang araw ng pasukan namin. Kaklase ko siya sa ilang mga subjects ko. Hindi na kami nagulat dalawa dun kasi iisang course lang naman ang kinuha namin at tanggap na namin na favorite kaming asarin ni tadhana. Mukhang wala na kasing ibang taong mapagtripan si tadhana kaya ganun.

May mga times na nag aaway kaming dalawa. Mali. *Maraming times* na nag aaway kaming dalawa. Syempre kung hindi kami nagaaway, hindi na kami sina Amber at Ren. Malamang may ibang nilalang na na sumanib saamin. Pero mga simpleng bagay lang naman ang pinagaawayan namin tulad ng pagkain niya ng mga stocks na chichirya ko sa unit ko at pag gamit ko ng matagal sa desktop niya. Isama mo narin yung mukhang nakalimutan na niya na ang pangalan ko ay Amber hindi meztisang hilaw.

Isang araw, tuloy tuloy siyang pumasok sa room namin habang nakangiti at nakatingin saakin.

**“hi mestizang hilaw! Good morning ”**

**“good morning Mr. Salvador”**

**“ohh so cold! ”** sabi niya na tatawa tawa.

**“err what’s mestizang hilaw?”** tanong ng isa naming blockmate na pure blooded British.

Lumapit si Ren sa kanya then may ibinulong na kung ano doon sa blockmate namin. Maya-maya lang nagtatawanan na sila.

Kung ano yung binulong niya, ewan ko na lang. Siguro yung ibig sabihin ng mestizang hilaw.

Ganun ang routine naming dalawa ni Ren. Papasok sa school, magaasaran, mag aaway, pero sa huli kami din ang magkasama. Sabay kami palaging naglulunch pero sa paguwi hindi. Mas nauuna kasi siyang umuwi kesa saakin.

Akala ko hanggang doon na lang ang nararamdaman ko sa kanya. Asar at the same time masaya dahil kasama ko siya. Akala ko makukulong hanggang sa pagkakaibigan na lang ang relasyon namin. *Akala ko isinarado ko na ang puso ko simula nung pinalaya ko si Jiro.*

Pero mali.

Mukha atang nakalimutan kong i-lock yung pinto ng puso ko. Hinangin kaya biglang bumukas.

Dahil yun sa isang pangyayari.

Tapos na ang last subject ko and naglalakad na ako pauwi nun ng bigla akong harangin ni Ram, yung bulgaran kong stalker.

**“hey beautiful, wanna spend your night with me”**

I rolled my eyes **“no thanks. I better spend my night with my dog than spend it with you”**

**“you know what, you’re pretty but you’re such a snob!”** hinawakan niya yung wrist ko and hinila ako bigla sa isang abandoned na alley.

Dahil hindi pa ako nakaka recover dun sa muntikan kong pagka rape nung nasa Philippines ako, nakaramdam naman ako ng sobrang kaba na ikinasanhi ng pagiyak ko.

**“ohh look, the snob is crying!”** he said in a sarcastic voice

**“let me go! ”** nagpupumiglas ako sa kanya kaya hinawakan niya ang dalawa kong kamay and pinned me in the wall.

Inilapit niya ang mukha niya saakin then he whispered in my ears **“just say you’ll go out with me then I’ll let you go”**

**“she won’t”**

Pareho kaming napatingin sa likod and was shocked to see Ren standing there.

**“mind your own business man! She’s my girlfriend! ”**

**“your girlfriend?”** hinila ako ni Ren papalapit sa kanya **“how come she became your girlfriend if she’s my fiancée?”** inakbayan ako ni Ren

**“your girlfriend?”** hinila ako ni Ren papalapit sa kanya **“how come she became your girlfriend if she’s my fiancée?”** inakbayan ako ni Ren

**“fiancée? You’ve got to be kidding me!”**

Iniharap ako ni Ren sa kanya **“honey, is he the one you’re talking about? The guy who’s been**

**stalking you?”**

I nodded.

Tinignan ng masama ni Ren si Ram **“leave her alone man! She’s mine! We’re getting married next year! ”**

**“I-I’m sorry, I didn’t know”**

Umalis na si Ram sa harap namin. Si Ren naman inuwi na ako sa unit ko.

**“Hay naku mestizang hilaw! Kahit kelan talaga ang lapitin mo sa kapahamakan no? anong**

**meron ba sayo at mukhang may magnet ka sa mga rapeist?!”**

Hindi ako makapagsalita nun at nanginginig ang buo kong katawan. Inihiga ako ni Ren sa kama ko then he wiped my tears **“next time sabay na tayo uuwi. Promise yan ”**

He kissed my forehead then tumayo siya para ipaghanda ako ng makakain.

Naramdaman ko na naman ang weird feeling na tulad nung naramdaman ko nung

kinantahan niya ako dati at pinunasan niya ang luha ko. Yung bang parang lahat ng takot na nararamdaman ko ay nawala dahil hinalikan niya ang noo ko.

Nung panahon na yun hindi ko pa alam ang nararamdaman ko sa kanya. Nawe-weirduhan na ako sa sarili ko. Hanggang sa isang araw, may pinupormahan siya na isang babae. Alam ko namang wala siyang gusto doon sa babaeng yun eh pero tinamaan talaga ako nun. Alam niyo yung pakiramdam na ang sarap manabunot ng tao pag nakikita mo silang naglalandian? Ayun ang nararamdaman ko nung mga panahon na yun.

It took me so long para ma-identify ang sarili ko kung bakit ako nagkakaganoon. Nagseselos na pala ako nung mga panahon na yun.

*Kasi unti-unti narin akong nahuhulog sa kanya.*

*And i hate it, really.*

Ayoko pa munang magmahal ulit. Ayoko pa munang *masaktan*.

Ilang beses kong kinumbinsi ang sarili ko na baka hindi ko naman talaga siya gusto. baka dahil lagi ko siyang nakaksama kaya ganito nararamdaman ko.

Pilit kong kinukumbinsi na si Jiro parin ang gusto ko..

..kahit malinaw pa sa sikat ng araw ang totoong nararamdaman ko.

Hanggang sa tumagal ng tumagal, mas lalo akong nahuhulog. Paunti-unti, pero palalim ng palalim ang nararamdaman ko.

*Kaya lang…*

Isang beses naka webcam namin sina Jiro at Arcie. Matagal tagal kaming nagusap na apat nun. Hindi ko alam kung matutuwa ba ko o hindi, pero nung nakita ko si Jiro, wala na yung sakit na nararamdaman ko.

At the same time wala narin ang pagmamahal na nararamdaman ko para sa kanya.

Tinignan ko si Ren, and mukhang hindi narin siya affected. Normal ang kinikilos niya, nakikipagtawanan at nakikipag biruan kay Jiro at Arcie.

Pero nung matapos kaming magusap, nag iba ang mood niya. Naging gloomy. Pinababalik niya na ako sa unit ko nun. Gusto daw niya magisa kasi magpapahinga na siya dahil pagod siya. Umalis naman ako. Nung makabalik na ako sa unit ko, napansin ko naman na nawawala yung isa sa mga textbooks ko. Siguro naiwan ko sa unit ni Ren.

Nakita kong slightly opened yung door ng unit niya. Dahil madalas narin naman akong tumambay doon, dire-diretso akong pumasok. Pero napahinto agad ako when I heard sobs. Sinilip ko si Ren and nagulat ako nung makita ko siyang umiiyak.

Lumabas ako sa unit niya at bumalik sa unit ko.

Huminga ako ng malalim.

Hanggang ngayon, mahal na mahal parin niya si Arcie.

Sabay namin pinakawalan ang mga mahal namin. Sabay kaming nasaktan. Akala ko sabay kaming makakamove-on.

Pero mali.

Ako lang pala ang naka move-on. Habang siya naiwan sa ere at patuloy na nasasaktan.

At wala akong magawa para alisin ang sakit na nararamdaman niya

## Chapter 2
## *Blake and Autumn*

*Part 1: Blake*

**[Amber's POV]**

Hindi ko alam kung gaano katagal umiyak si Ren sa room niya. Wala din akong idea kung nakatulog ba siya. Or maybe nakatulog siya sa kakaiyak? Gusto kong pumasok sa room niya at icomfort siya pero hindi ko alam ang sasabihin sa kanya. Hindi ko naman pwedeng sabihin na ok lang yun kasi alam kong hindi naman ok. hindi rin naman pwede na sabihin kong makaka move-on din siya kasi alam kong hindi ganun kadali yun.

Isa lang naman ang gusto kong sabihin sa kanya eh.

***"nandito lang ako para sayo"***

Pero natatakot ako. Hanggang ngayon ayoko parin tanggapin na nahuhulog ako kay Ren. As much as possible kung magkakaroon ako ng bago, ayoko yung konektado sa nakaraan ko.

Lumabas ako ng unit ko and ready ng pumasok sa school. kasabay naman ng pagbukas ng pinto ko ay ang pagbukas din ni Ren ng pinto ng unit niya.

**"oh, good morning meztisang hilaw!"** he greeted me with a big smile on his face

Tinignan ko lang siya.

Naman oh! Bat ba ang galing magpanggap ng isang to kung sa totoo lang eh nasasaktan talaga siya?

**"oh bakit ka nakatingin ng ganyan saakin?"**

Iniwas ko naman agad ang tingin ko **"w-wala. Tara pasok na tayo"**

Tinalikuran ko na siya at nag start na maglakad. Hinabol naman niya ako.

**"uy may problema ba? "**

Oo meron! Ikaw ang problem ko! Hindi ko magawang pasayahin ka ng totoo. Bakit kailangan mong magpanggap?!

**"w-wala"**

**"bakit hindi ka makatingin saakin ngayon? Kanina grabe ka makatingin ngayon ayaw mong tumingin. Ayos ka lang?"**

**"ang kulit mo. Wala nga lang to!"**

Narinig kong tumawa siya ng malakas kaya napaangat naman ang ulo ko. **“alam ko na!! siguro naiinlove ka na saakin no?**” tinignan niya ako ng mapangasar na tingin.

Halos mamula naman ako sa sinabi niya.

Halata ba ko masyado? O___O

Waaaaaaaaah

**“a-anong klaseng accusation yan?! Ako? Maiinlove sayo?!”** I fake a laugh **“ha-ha-ha. Never!!”**

Binilisan ko naman ang lakad ko habang rinig na rinig ko ang mga tawa niya.

Bwiset na yun! Paano ba ko nagkagusto sa kanya samantalang wala naman siyang ibang ginawa kundi pagtripan ako?!

Nung makarating sa school, nagpaalam naman agad si Ren saakin kasi magkaiba yung first period namin.

**“bye meztisang hilaw, see you later”**

**“ok, bye Salvy”**

Syempre kung binago niya ang pangalan ko dapat ako din no! Salvy, short for Salvador-slash-salbahe. Mwahahahahaha.

**“tumingin ka sa dinadaanan mo ha? Baka mamaya mauntog ka kung saan dahil sa sobrang kakaisip saakin ”**

**“w-what?!”**

And again, tumawa siya ng malakas.

Ganyan ba talaga ang way ng mga lalaki para makalimutan nilang brokenhearted sila?! Ang mag hanap ng mga mapagti-tripan?! Or baka si Ren lang talaga ang ganun kasi abnormal siya?

Kesa awayin pa si Ren naglakad na ako papunta sa next class ko bago pa ako ma-late. Mamaya na lang ako gaganti sa matakaw na lalaking yan pag nagkita na kami ulit.

**“mademoiselle!”** *[miss!]*

Nagulat ako ng biglang may nag tap saakin **“excusez moi mademoiselle!”** *[excuse me miss!]*

Lumingon ako doon sa nag tap saakin and was shocked to see Ben Barnes este kahawig ni Ben Barnes, French version. O____O

Shoot. Ang gwapo niya. Natutulala ako. O____O

**“oui?”** *[yes?]*

**“uhmm I think this is yours”** nagulat naman ako nung makita kong hawak hawak niya ang panyo ko **“you dropped it”**

Ohh so na sasalita naman pala siya ng English. Good.

Pero infairness ha, he has a wonderful tone when he spoke French and a beautiful british accent.

**“merci beaucoup ”** *[thank you very much]*

Kinuha ko sa kamay niya yung hanky ko

**“de rien ”** [you’re welcome]

Nag wave na siya at tuluyang umalis.

*Ohhh Prince Caspian hindi mo ba ako isasama sa kingdom mo para gawing Queen of Narnia?*

Wahaha.

Naglakad naman ako papunta ng classroom namin na naka smile. Aba hindi araw araw makakakita ka ng kamukha ni Ben Barnes na kakalat kalat dito sa school.

After an hour natapos narin ang first subject ko. Naglakad naman ako sa second subject kung saan ko kaklase si Ren.

Pagdating ko doon, wala pa yung Salvy na yun. Naupo ako doon sa seat na usually pinupwestuhan namin ni Ren then nilabas ko yung textbook ko and nagbasa-basa para sa next lesson namin.

Maya-maya naramdaman ko na may tumabi saakin. Expected ko na si Ren yun, tumingin ako sa katabi ko at nagulat ng hindi si Ren ang nakita ko kundi si Ben Barnes-slash-Prince Caspian-slash-Hanky boy.

**"oh it's you again!"** he told me

**"you're in the same class with me? how come I only see you today?"**

**"I'm a new student here. A foreign exchange student from France"**

Ah kaya naman pala nag f-french siya.

**"oh so you're a French?"** tanong ko sa kanya

**"Half-french half-british. You are..?"**

**"A Filipino"**

**“ah, non, non. Vous vous applez comment mademoiselle?”** *[ah, no, no. What is your name miss?]*

**“oh! Je suis Amber Lopez, tu es..?”** *[I am Amber Lopez, you are..?]*

**“Blake Williams ”** I shook his hand

**“nice meeting you Blake ”**

**“nice to meet you too Amber ”**

So hindi pala Ben Barnes-slash-Prince Caspian-slash-Hanky boy ang name niya?

**“so, you’re a Filipino. I’m quite surprised you can speak French”**

**“I studied highschool here in London”**

**“oh that’s why”**

Nakita ko naman na papasok si Ren sa classroom then pumunta siya sa tabi ko and naupo doon sa kabilang seat sa side ko.

**“sino siya?”** bulong ni Ren saakin habang nakatingin kay Blake.

**“ah Blake, Ill est Ren Salvador, mon ami ”** [he is Ren Salvador, my friend]

They shook each others’ hand.

**“nice meeting you, Ren ”**

**“nice meeting you too, Blake”** he said while smiling**“pinopormahan mo ba si meztisang hilaw? ”**

Nagulat naman ako sa sinabi niya while Blake looked confused.

**“pardon? ”** tanong ni Blake sa kanya

**“ah, hehe, he said you’re cute”** palusot ko naman

**“oh, merci! ”** *[oh, thank you!]*

Siniko naman ako ni Ren.

**“ano ka ba! Ginawa mo naman akong bakla eh!”**

**“eh kasi naman bat mo ba sinabi yun?”**

**“hindi naman niya naiintindihan kaya ayos lang ”**

**“kahit na !”**

**“bakit ba? Malay mo trip ka din ng isang yan. Mamaya magkaroon ka na naman ng stalker na rapist. Ikaw pa naman..”** tumingin siya saakin mula ulo hanggang paa**“masyado kang maalindog”**

**“a-ano?!”**

Naramdaman kong umakyat sa mukha ko lahat ng dugo sa katawan ko at ang init init na ng pakiramdam ko. Positive akong namumula ako ngayon!

Ano sabi niya? Masyado akong maalindog? Talagang ganun ang description niya saakin na parang nag de-describe lang ng isang pornstar?! O_____O

Binatukan ko nga! Salvy kasi masyado!

**“aruy!”**

**"hey is there a problem?”** napatingin naman kaming dalawa ni Ren kay Blake na mukhang gulat na gulat sa pag batok ko kay Ren.

Inakbayan ko bigla si Ren **“n-none. That’s how we greet each other ”**

Ren grin from ears to ears.

**“woah, cool!”**

Biglang pumasok yung Professor namin kaya nanahimik naman kaming lahat. After one and a half hour of lecture, dinismiss narin niya kami.

At dahil lunch break narin, dumiretso na kami ni Ren sa cafeteria. Si Blake naman may isa pang klase kaya hindi siya nakasama saamin.

Umorder muna kami then naupo na sa favorite place namin, malapit sa bintana. As usual, halos buong lamesa sinakop na ni Ren sa dami ng inorder. Nakakapagtaka lang talaga ang isang to. Kain ng kain pero hindi tumataba. Para siyang si Jughead sa Archie comics!

Nilabas ko yung loptop ko at nag check ng email. May wi-fi kasi dito sa school samantalang sa condo ko wala. Kaya laging kay Ren ako nakiki computer kasi may internet connection siya sa unit niya eh.

Nakita ko naman na may email ako galing kay Jiro. Cinlick ko ito at binasa.

*Amber,*

*Hi, how are you? Kamusta life diyan sa London? Binalitaan ako ni Ren marami daw boys na umaaligid sayo. Well, that’s nice, but be careful ha? And choose wisely.*

Natawa naman ako sa sinabi nito. Asus, kung alam lang niya na isa sa umaaligid saakin ay rapist. I continue reading.

*By the way, nag start na ang second semester namin dito. May new subject si Arcie na may kinalaman sa photography. Binilhan naman siya nila tita (mom ni Arcie) ng bagong camera. Pasaway nga yun eh, stolen pics ko at ng S6 ang laman ng camera niya. Masyado siyang nag eenjoy. Feeling ko magiging magaling siya na taga kuha ng stolen pics. Inupload na nga niya sa facebook yung mga stolen pics namin. after 2 hours naka 250 likes and comments na agad yung mga pictures. Instant celebrity pa tuloy kami. Here are some of the pics.*

Nakita ko naman na may naka attach na pictures doon ni Jiro at ng S6. Tawa ako ng tawa dahil ang kukulit ng pagmumukha nila. Mukha ngang magiging magaling na photo journalist si Arcie in the near future. The best ang mga kuha niya eh. Halos malaglag ako sa upuan sa kakatawa.

**“hoy mestizang hilaw, bat ka natatawa?”**

**“come here, look at this ”**

Lumipat si Ren sa tabi ko at tinignan yung email ni Jiro.

**“Wahahahaha tignan mo mukha ni Yanna oh, naka nganga! ”** sabi ni Ren nung nakita niya yung mga pictures

**“tignan mo naman si Jiro, nakatirik ang mata! ”** turo ko naman doon

**“eh si Lance tignan mo, gulat na gulat wahahahhaha”**

**“mas lalo naman si Michelle, nakapikit na naka nganga pa! wahahahhaa”**

**“eh justin, ayun naka nguso! ”**

Walang humpay ang tawa naming dalawa ni Ren. Ang ingay ingay nga namin sa cafeteria at pinagtitinginan na kami ng mga tao.

**“scroll down mo baka meron pa!”** sabi niya saakin

Iniscroll down ko naman.

*Ikaw Amber kamusta ka na? eh si Ren? balitaan niyo kami diyan ha? Always stay connected.*

*We miss you both.*

- *Jiro.*

Sa baba may picture ni Jiro at Arcie na magkayakap.

Natigilan naman ako at napatingin kay Ren.

**“bagay talaga sila”** he said while smiling

**“R-ren”**

**“oh, it’s almost time. I gotta go first meztisang hilaw. Terror ang next prof ko eh. See you later”**

Nag wave naman siya saakin habang ngiting ngiti. Tumalikod siya at nag lakad palayo saakin.

Habang tinititigan ko siya, I catch a glimpse of his face and saw he has a painful expression.

Sabi na eh.

Kung alam ko lang na may picture ni Arcie at Jiro doon hindi ko na pinakita kay Ren.

Nasasaktan din ako.

*Part 2:*
*Autumn*

**[Ren’s POV]**

**“Before I let you go I want to say I love you**
**I hope that you’re listening ‘cause it’s true, babe**
**You’d be forever in my heart and I know that no one else will do**
**So before I let you go I want to say**
**I love you”**

I strummed hard my guitar kaya may naputol na isang string

**“arrgghhh nakakainis!!”**

Itinabi ko sa gilid ng kama ko yung gitara atsaka ako nahiga.

8 months. It’s been 8 months eversince umalis ako ng Pinas pero bakit ganoon? Bakit wala parin akong pagbabago? Hanggang ngayon nasasaktan parin ako at kahit ano ang gawin ko hindi ko siya makalimutan.

Ay nakakabaliw!!!

Akala ko pag lumayo ako magiging ok na ang lahat pero hindi eh! Mas nagiging miserable pa ako kasi kailangan kong magpanggap na masaya. Kanina nung nakita ko

ang picture ni Arcie at Jiro nasaktan parin talaga ako. Alam kong masaya na si Arcie kay Jiro. Alam ko rin na mahal na mahal ni Jiro si Arcie at hindi nniya ito pababayaan. Pero hindi ko talaga makuhang maging masaya para sa kanila. Bitter ko ba? Siguro nga. Pero hindi ko naman kayang diktahan ang puso ko sa dapat nitong maramdaman di ba?

Sa totoo lang naiingit nga ako kay Amber kasi mukhang ok na sa siya. Mukhang hindi na siya affected kay Jiro at Arcie. Mukhang naka move on na siya.

*..or maybe not?*

Katulad ko din ba siyang nag papanggap na masaya pero pag mag isa nasasaktan din?

**sigh**

Hindi pala madaling mag move on no? lalo na kung lahat ng bagay na ginagawa ko nagpapaalala kay Arcie. Sobrang hirap pala masaktan.

Sa lagay ko ngayon mukhang hindi ako makaka move on. Siguro kahit mabagok ako at magka amnesia hindi parin ako makaka move-on. Not unless may dadating na isang babaeng magpapatibok ulit ng sugatang puso ko.

*Sana nga dumating na siya.*

Tumayo ako at lumabas ng unit para bumili ng string para sa gitara ko. Nakita ko namang naka bukas yung pintuan ng unit ni Amber.

Pasaway na babaeng yun lagi na lang nakakalimutan mag lock ng pinto!

Kumatok ako **“meztisang hilaw?”** walang sumagot.

Pumasok ako sa unit niya and nakita kong nakahiga siya sa kama habang natutulog. Pasaway talaga ang babaeng to.

Kinumutan ko siya and napansin kong may luha sa gilid ng mga mata niya. Pinunasan ko ito.

Siguro tama nga ako. Nagpapanggap lang din si Amber na masaya pero sa totoo lang nasasaktan siya.

Di pala ako nagiisa.

Siguro yung pangaasar ko kay Amber ang isang way ko para makalimutan panandalian ang sakit. Nakakatuwa kasi talaga tong babaeng to pag naasar eh. Nanlalaki ang butas ng ilong! Wahahahhaha

*Pero sana kada inaasar ko siya nakakalimutan din niyang nasasaktan siya.*

**“kaya natin to Amber. Mahahanap din natin ang para satin ”** i gently whispered to her ear

Lumabas na ako sa unit ni Amber and sinara ko yung pintuan niya.

Dumiretso naman ako sa nerby music shop. Dahil hindi uso ang tricycle dito, naglakad lang ako. Nagulat naman ako ng may biglang bumangga saaking babae at nahulog lahat ng dala niya.

**“oh my, oh my, I’m sorry”**

**“it’s alright”** tinulungan ko siyang pulutin yung mga gamit niya then I offered my hand to her

**“t-thanks”** she held my hand then she stood up **“err do you know where is the coffee shop here? I’m quite new in this place and i think i'm lost”**

**“oh, the coffee shop is over there”** tinuro ko sa kanya yung way papunta doon sa coffe shop

**“uhm could you accompany me? I’m scared that I might get lost again”**

Pumayag naman ako na samahan siya tutal wala naman akong gagawin sa unit ko. Baka mamaya maisipan ko pang maglaslas eh. Tsaka makabili na nga rin ng dalawang coffee para saamin ni meztisang hilaw. Ang hilig pa naman sa kape nung babaeng yun. Kulang na lang tumira siya sa Starbucks.

**“by the way, I’m Autumn, Autumn Helling. You are?”**

**“Ren Salvy – I mean-- Salvador”**

Lokong meztisang hilaw na yun! Pati ako napapa Salvy narin!! Akala ko ako lang magaling magbigay ng pet names eh. Tinapatan ako ng isang yun! =___=

We shook each others’ hand.

**“nice meeting you Ren. I don’t know anyone here yet so it’s nice to have a new friend ”**

I just smile at her.

Sige na ako na suplado! Eh wala naman akong sasabihin eh. Tinatamad pa ako magpaka friendly. Tsaka masyado ng dinudugo ang ilong ko.

Nung first three months ko nga dito gusto ko ng sumigaw ng, TAGALOG PLEASE?!

Buti na lang kasama ko palagi si meztisang hilaw.

Nung makarating na kami sa coffee shop, nag order naman si Summer, este Winter, este ano nga ulit pangalan niya? Fall? Or Spring? Basta ayun! Nag order na siya ng kape at ako din.

**“I’ll treat you ”** sabi niya saakin sabay wink

**“oh no it’s alright. I’m fine.”**

**“I insist! This is my way of saying thank you for accompanying me”**

**“you don’t have to treat me. It’s my pleasure to help you ”**

**“oww what a gentleman ”** she giggled **“but I badly want to treat you. Please?”**

Nag puppy eyes naman siya and nag pout habang nagmamakaawang ililibre niya ako. Syempre wala na kong nagawa kundi pumayag.

Crap! She kinda reminds me of Arcie. Ganyang ganyan din siya umasta pag ayaw ko siyang pag bigyan.

Umupo kami near the window while waiting for our coffees to be served.

**“so, Ren, you don’t look like a British. Are you an Asian?”**

**“yes, I’m a Filipino”**

**“ohh wow. I’ve went to Philippines 2 years ago. You’ve got a lot of beautiful beaches there! And the Filipinos are very hospitable”**

**“why thank you ”**

**“but I thought Filipinos had a nice tanned skin tone, and you have a very white complexion, like a radish. ”** She laughed

Natigilan ako.

*Like a radish?*

**“err did I offend you, I-I’m sorry ”** sabi niya saakin

**“oh, no, no, you just remind me of someone”**

**“oh is that so? By the way what is the Filipino term for radish?”**

**“labanos”**

**“lahbanows? ”**

Natawa naman ako sa way ng pagbanggit niya, masyadong slang.

**“it’s labanos, not lahbahnows ”**

**“ow, labwanows?”**

We both laughed.

**“well, I don’t care whether it’s labahnows or labwanows, I just love saying it! ”**

Nag kwentuhan lang kami ni Autumn doon at nag tutorial sa tamang pag bibigkas ng ‘labanos.’ In the end sumuko din siya at mas magandang radish na lang dahil mas madali daw bigkasin.

Ang kulit nga talaga eh, kasi kahit yung way ng pagtawa niya at pagsasalita niya, pati mga gesture niya parang si Arcie. Hindi kaya may kakambal na british si binbo?

Nung medyo pagabi na, hinatid ko si Autumn sa tinutuluyan niya which is yung apartment malapit sa condominium ko.

**“thanks for the day Ren, I hope we meet again ”**

**“of course we will meet again. I had a great time with you, thank you too ”**

**“bye”** she waved her hand then pumasok na siya sa loob.

Napa smile naman ako.

After 8 months ngayon lang ulit ako nakatawa ng ganun, and it’s all thanks to her. Kahit saglit parang nakasama ko ulit si Arcie. Ang pinagkaiba nga lang ay may brunette siyang buhok and a lovely blue eyes. At syempre nag e-english with a british accent.

Pero kung titignan ko lang si Autumn kung paano siya kumilos very Arcie-like.

Autumn Helling, I really want to meet you again.

*Baka ikaw na yung taong makaka-save saakin sa pain na to.*

## Chapter 3
***Barney***

**[Amber's POV]**

**"ano ba yan meztisang hilaw! Umalis ako natutulog ka! Pagkadating ko tulog ka parin?!"**

Naramdaman kong may pumindot pindot sa pisngi ko. Tinabing ko naman yung kamay na yun at tinaklob ang unan sa mukha ko.

**"Go away!"** sabi ko unconsciously

Napadilat naman ako ng biglang may nag alis ng kumot saakin at binuhat ako.

**"o-oy!  Salvy!! San mo ko dadalhin?!"**

**"wag ka nga magulo"** buhat buhat parin ako ni ren hanggang sa makalabas sa unit ko

**"san mo ba ko dadalhin?!"**

**"sa puso ko "** he winked at me

Namula naman ako bigla.

Tokwang Salvy to! Grabe na talaga nagiging epekto niya saakin! >__<

Pumasok kami sa unit niya then ibinagsak naman niya ako sa kama

**"a-ano t-to?"**

Sumampa siya sa kama and unti-unti siyang lumapit saakin. Bigla akong kinabahan.

*Hindi ko lang alam kung dahil sa takot o sa kilig.* =_____=

Mas lalo pa siyang lumapit saaking hanggang sa maka face to face ko siya.

Gulay, yung puso ko malapit ng humiwalay sa katawan ko.  O_____O

I warned him **"i-i-it-tigil m-mo y-yan! G-gusto mong sipain ko yang pagkalalaki mo?!"**

**"wag naman baka wala ng babaeng maging masaya pag ginawa mo yun"** he laughed

Ano daw?!

Aba't napaka pervert na Salvy na to!!

Nagulat naman ako ng bigla siyang may pinindot sa  gilid ng kama niya then nag bukas yung ilaw sa side table niya. Lumayo naman siya saakin.

Grabe mag o-on lang ng ilaw talagang kailangan pa akong panerbyosin/pakiligin ng ganun?! Sarap sipain ng isang to eh!!

Kung hindi lang to broken hearted nabatukan ko na to kanina pa!

Tumingin naman siya saakin ng nakakaloko **"ikaw, bat ka umiyak kanina ha?"**

Nagulat naman ako sa tanong niya. Nakita niya yun?

**“h-hindi naman ako umiyak ah”** sige Amber deny lang kahit huling huli na.

**“asus hindi daw! Alam ko naman dahil kay Jiro eh”**

Nginitian ko na lang siya.

*Manhid! Dahil kaya sayo kaya ako umiyak.*

**“teka bat mo ba ko binuhat papunta dito ha?”**

Napakamot naman siya sa ulo **“eh kasi hindi ko alam paano gagawin dun sa assignment natin sa accounting”** nag beautiful eyes siya sakin **“pakopya naman”**

**“ayaw!”**

**“sige na meztisang hilaw! Please?”** may inabot siya saaking cup **“ayan oh binilhan pa kita ng favorite mong kape. ”**

**“are you bribing me?”**

**“no”** he said while grinning.

**“ok then”** kinuha ko yung cup ng coffee sa kamay niya at tumayo **“bye”**

**“o-oi!”** humarang naman siya saakin **“ang daya mo naman eh! Kinuha mo yung coffee pero di mo ko tutulungan!!”**

**“sige papakopyahin kita pero sa isang kondisyon”**

**“ano yun?”**

Iniwas ko yung tingin ko sa kanya dahil nahiya naman ako sa tumatakbo sa isip ko. Pero try ko lang naman eh, wala namang mawawala. Gusto ko lang talaga marinig na manggaling sa bibig niya. Bihira ko lang kasi marinig to eh.

**“uhmm s-sabihin mo pangalan ko”**

**“ha? Yun lang?”**

**“hindi!! May iba pa!! pagkasabi mo ng pangalan ko pumunta ka sa Bermuda triangle!! Pag nakabalik ka dito ng buhay tsaka kita pakokopyahin!! ”** galit kong sabi sa kanya.

**“eto naman! hindi na ma joke!”** nagulat naman ako ng bigla niyang hawakan ang kamay ko **“Amber ”**

Siomai! Kinikilig ata ako?

**“Amber, pwede mo ba akong tulungan ”** sabi niya with matching beautiful eyes pa at pahawak hawak ng kamay.

Bumitaw ako sa pagkakahawak niya at dumiretso sa unit ko para kunin yung assignment ko. Bigla ko namang ibinato sa kanya ito pagbalik ko ng unit niya.

**“ayan na! pagamit ng computer ha?!”**

**“sure salamat *Amber! ”*** he told me sabay tawa ng malakas

Hindi ko na siya pinansin at dire-diretso na lang ako sa harap ng computer niya sabay suot ng headset niya. Mamaya mahalata pa nun na namumula na ako dun.

Nakakainis naman kasi eh! Ano ba talagang nangyayari saakin?!

Dahil lang sa pag banggit niya ng name ko bumigay ako na pakopyahin siya. Nakakasama na talaga si Ren sakin. Bad influence! nakaka gawa ako ng kasalanan dahil sa kalandian niya. God patawarin niyo ko please? Pwede bang gawin niy na lang

ulit akong brokenhearted at emo dahil kay Jiro? Mas trip ko pa yun kesa ang mainlove kay Salvy >____<

Inopen ko yung media player niya para magpatugtog kaso pangasar yung kanta eh.

*Say my name, say my name*
*If no one is around you, say "baby I love you"*
*If you ain't runnin' game*
*Say my name, say my name*

Agad kong nilipat sa ibang kanta. Bwisit! Namumula ka na nga tapos may mga ganito pang nangyayari sa buhay mo. Parang nananadya lang eh!! >_<

Nag check ulit ako ng email ko baka may balita na naman si Jiro kaso nagulat naman ako may nag send saakin ng email na hindi ko kakilala. Barney ang name. Inopen ko yung email at dalawang salita lang ang nabasa ko.

---

*Mahal kita.*

---

Nagulat naman ako sa message niya. Barney? May kilala ba akong Barney? Imposibleng British siya kasi nagtatagalog eh!

Nireplyan ko siya

---

*Sino ka? Kilala mo ba ko?*

---

Nagulat naman ako kasi maya-maya lang naka receive na naman ako ng email galing sa kanya.

---

*???.... Maganda ka.*

---

Napataas naman ang kilay ko sa reply nya. Halatang weird ang isang to. Siguro isang hamak na tambay lang to na walang magawang matino sa buhay. Pero paano niya kaya nalaman email ko?

Tumingin ako kay Ren na busy sa pagkopya ng assignment **“Salvy may kilala ka bang Barney?”**

**“Barney?”** pumwesto siya na parang nagiisip **“ah oo meron!”**

**“talaga? Taga saan? Ano whole name?”**

**“di ko alam eh. Basta siya si Barney, ang baklang Dinosaur. ”**

**“baklang dinosaur? ”**

**“oo! May palabas nga siya sa t.v eh. Title Barney and Friends. Tapos kumakanta siya. I love you, you love me, we are happy family!! ”** tumawa naman ng malakas si Ren.

Tinalikuran ko nga. Bwisit di naman makausap ng matino ang isang to eh.

Hindi ko na nireplyan si Barney ang baklang dinosaur. Nag laro na lang ako ng Plants vs. Zombies.

**“oo nga pala meztisang hilaw, alam mo ba may nakilala ako kanina na babae, Autumn ang name niya. Alam mo ang ganda niya, ang amo ng mukha tsaka kung kumilos siya parang si Arcie”**

Napatingin naman ako bigla sa kanya **“type mo?”**

Ewan bat ayun agad ang unang lumabas sa bibig ko. Before ko pang mapigilan ang sarili ko, kumawala na agad ang mga words na yan.

**“type?”** ngumit naman si Ren saakin **“parang. Alam mo yung unang beses ko pa lang siya nakasama ang gaan na agad ng pakiramdam ko sa kanya”**

Tinalikuran ko naman siya.

Ano daw pangalan? Autumn? Taglagas?

Bat pakiramdam ko kahit hindi pa kami nagkikita gusto ko ng lagasin ang buhok niya?

Ok ang sama ko talaga!

Pinatay ko yung computer ni Ren at tumayo.

**“uy balik na ko sa unit ko, inaantok na ko. Paki bigay na lang sakin bukas yung assignment ko”**

**“sige goodnight, Amber ”** he winked at me.

Agad agad naman akong pumasok sa unit ko at nilock ang pinto.

Tokwa naman bat ba ko nagkakaganito?!

Nakakaramdam na naman ako ng sakit...

[the next day…]

Lunch break. As usual sabay na naman kami kumakain ni Ren. and like always puno na naman ang lamesa namin gawa ng mga inorder ni Ren na pagkain. Kung titignan siya akala mo ginutom ang taong to ng isang taon kaya grabe makakain eh. Ang takaw niya talaga! Di ko na malaman saang parte ng katawan niya dinadala yung mga kinain niya!

Nilabas ko naman ang loptop ko para makagamit ng libreng internet dito sa school. Pagbukas ko ng email ko nagulat ako dahil puro messages ni Barney, ang baklang dinosaur ang laman nito.

Binasa ko isa isa ang mga messages niya and puro mga one liner lang ang laman nito.

---

*Cute mo*

*Ganda mo*

*Bait mo*

*Crush kita*

*Pakasal tayo?*

*Mahalimuyak ka*

*Mutya*

Swear napataas na naman ng bongga ang kilay ko sa mga messages niya.

Who the heck is this guy or gay?!

Nireplyan ko siya

*Amber: Sabog ka ba?*

Maya-maya nag reply ulit siya sakin

---

*Barney: Huh? I don't get it. I didn't explode*

---

Ok, positive ako, sabog nga ang isang to.

**"lahbanows?"**

Napaangat naman ako nung may marinig akong nagsalita

**"Autumn? You study here?"** gulat na gulat na reaction ni Ren pero makikita mo ang saya niya.

**"yeah! What a coincidence lahbanows!"**

Teka ano tawag niya kay Ren?

**"labanos? "** napatingin ako kay Ren and tumingin siya saakin.

**"ah Amber this is Autumn"** tumingin siya kay taglagas **"Autumn, this is Amber, a friend"**

*A friend…*

Ouch.

**"hi Amber nice meeting you"** iniwas niya agad ang tingin niya saakin at ibinalik agad ito kay Ren. Aba't antipatika--!!

**“lahbanows, would you care to tour me around the university? This is my first day here so I’m not yet familiar with the school”**

**“oh sure”** tumayo si Ren then tumingin siya saakin**“meztisang hilaw una na ko sayo ha? Poporma lang ako ”**

Nag wave naman sila saakin. I even saw Autumn smirk.

Ok? what was that?

Labanos ang tawag niya kay ren? take note ha ang landi ng pagkakasalita! Tsaka mukhang malandi naman talaga.

Ayan ba yung sinasabi niya na parang si Arcie?! Bat ganun hindi ko makita si Arcie sa katauhan niya?

Pagkakakilala ko kay Arcie mahinhin at edukada. Hindi malandi!!

Grrr tapos iniwan ako ng Salvy na yan dito kumain mag isa matapos ko siyang pakopyahin kagabi! Walang utang na loob!!

Sa sobrang inis ko nireplyan ko si Barney.

---

*Amber: Nakakainis talaga! Malandi! Haliparot! Taglagas!! Grrr!!!!!!!*

---

Eto ang sagot niya

*Barney: ???*

**Chapter 4**
***True Colors***

**[Amber’s POV]**

*I love you, you love me*
*We are happy family*
*With a great big hug and a kiss from me to you*
*Won’t you say you love me too?*

Waaaaaah nakakabaliw talaga! Alangyang Salvy yan oh bwisit sa buhay lalo na yung taglagas na yun!! After nilang umalis kaninang break, hindi na ulit bumalik si Ren para sa mga susunod na subject namin. Nung dismissal time, nakipag meet saakin si Ren para ibigay ang accounting textbook niya pati ang key card ng unit niya sabay sabing gawan ko daw siya ng assignment, kapalit pwede akong gumamit ng computer niya. Hayop na lalaking yun! Ano ko secretary niya?! Tsaka pagagawin niya ako ng assignment dahil hindi siya makakauwi ng maaga dahil makikipag date siya?! Ang saya niya ah!

*Pero tanga tanga ko naman pumayag ako. =______=*

Hay masaya ako kasi kahit papaano nagiging masaya na si Ren. Siguro that Autumn is not that bad. Sadyang yamot lang ako sa kanya dahil nagseselos ako, kahit wala naman akong karapatan mag selos. Kayamot.

After kong gawin yung assignment ni Salvy nahiga naman ako sa kama niya at niyakap ang unan niya sabay kanta ulit nung Barney Song. Sorry, na-LSS ako eh.

Tinignan ko yung wall clock niya, 8:00pm. Nasan na kaya ang bwisit na yun at hanggang ngayon hindi parin umuuwi?! Hay. Baka naman dun na siya dumiretso sa bahay nung babaeng yun? Tapos mag isa sila sa kwarto, tapos naghalikan sila, tapos..tapos..

Waaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaah O_________O

Tumayo ako sa kama at pumunta sa harap ng computer ni Ren bago pa ako tuluyan mawindang. Bwisit! Maglaplapan sila habang buhay!!

Sakto pag open ko ng facebook ko bigla naman nag chat saakin si Jiro.

*Jiro Festin:*
*Hey, webcam tayo!*

Agad ko naman binuksan yung webcam then sinuot ko yung headset ni Ren. maya maya lang nakita ko ng kumakaway si Jiro sa harap ng computer screen.

Infairness ha, gumwapo lalo itong si Jiro.  Nag college lang gumwapo na. Kinikilig tuloy

ako. Pero don't get me wrong, wala na talaga akong nararamdaman sa kanya. Parang crush na lang? alam niyo naman kung sino na gusto ko. At nakakainis kasi ang dami dami kong pwedeng magustuhan yung Salvy pa na yun ang nagpatibok ng heart ko.

*Pwede bang iba na lang?*

**"hi Amber! How are you?** bati ni Jiro saakin

**"hi Jiro, ayos naman ako, ikaw? Kamusta kayo ni Arcie?"**

**"eto ayos lang din. Nagaway kami kahapon eh kaso nagkabati naman agad. Alam mo na, simple misunderstanding "**

**"oww, but good thing naayos niyo agad"**

**"yea, si Ren pala nasan?"**

**"wala nakipagdate!!"** sabi ko sa kanya na may galit na tono

**"oh, that's good"**

**"anong good?! Dahil sa bwisit na date na yun ako pinagawan niya ng assignment niya! Tapos ang landi pa nung babae! Sabi ni Ren para daw si Arcie yung girl pero grabe ha, ang layo ng ugali nila swear!! Tapos eto pa malupit, pinayagan niya tawagin siya ng labanos!! Bwisit talaga! "** galit na galit ako habang nagkukwento sa kanya.

**"what? Pinayagan niya? Eh tawagan nila ni Arcie yun di ba?"**

**"yun nga eh! Ewan sa Salvy na yun! Ang landi naman magsalita nung girl. *'lahbanows, will you tour me around the school, I'm new here and not yet***

***familiar with the place’”*** pangagaya ko ng british accent ni taglagas **“ay grabe ang landi! Matagal narin ako dito kaya alam ko ang normal na british accent sa malanding british accent! Ay grabe talaga!”**

Nagulat naman ako kasi biglang tumawa ng malakas si Jiro kaya napataas yung kilay ko.

**“bakit ka tumatawa? ”** tanong ko sa kanya

**“wala lang may napansin lang ako ”** sabi niya na natatawa tawa parin

**“a-ano yun?”**

**“Amber, tell me the truth, may gusto ka ba kay Ren? ”**

Nagulat naman ako sa tanong niya. As in naging ganito ang mga mata ko > O_____O

**“h-ha?! W-wala no!!! bat naman ako magkakagusto sa lalaking yun?!”**

Nagiging hobby ko na ang pag de-deny promise >_<

**“naku Amber, kilalang kilala kita, alam ko kung nagsisinungaling ka or hindi.”**

I pout **“oo na meron na, and *I don’t like this feeling ”***

I saw Jiro smile **“actually you two could make a good couple.”**

Napangiti naman ako **“talaga?”**

**“oo naman”**

Nagkwentuhan lang kami ni Jiro ng kung anu-ano. Naitanong ko nga sa kanya kung may kilala siyang barney, at eto ang sagot niya

**“Barney? Isa lang ang kilala kong Barney eh. Yung baklang dinosaur”**

Oh di ba? magkaibigan nga sila ni Ren!

After namin mag usap ni Jiro, pinatay ko narin ang computer ni Ren. Pero wala parin siya. Hay naku naman. antok na ko eh >__<

Mga bandang 12am nung makauwi siya galing sa bwisit na date niya.

**“meztisang hilaw tapos mo na ba assignment ko?”**pambungad niya sakin.

Aba wala manlang ‘sorry Amber pinaghitay kita.’ Talagang ayan ang una niyang sinabi?! Palibhasa mukhang enjoy na enjoy siya eh!!

Sa sobrang inis ko binato ko sa kanya yung book niya **“oo tapos ko na labwanows!!!!!!!    ”**

Dire-diretso akong lumabas ng unit niya sabay balabag ng pinto. Hayop na lalaki! Bwisit! Kaasar!!

The next day maaga akong umalis ng unit para hindi ko makasabay si Ren paglalakad papunta sa school. Yamot parin talaga ako sa kanya eh. Pero promise ko sa second subject papansinin ko na yun. Hindi ko naman talaga matitiis ang Salvy na yun eh.

Pag pasok ko sa second subject, wala pa si Ren. Si Blake pa lang ang nakita ko na busy sa pagbabasa ng libro. Lumapit ako sa kanya at naupo sa tabi niya.

**“bonjour!”** bati ko sa kanya

He looked at me then sinarado niya yung book na binabasa niya**“bonjur mademoiselle! ”** he smile at me.

Wow, nginingitian ako ni Prince Caspian. Me is kinikilig. Waaaaaaaaaaah

Teka ang landi ko na. Pero ang wafu naman kasi talaga nitong si Blake eh. Sana siya na lang ang minahal ko!

Maya-maya lang dumating na rin si Ren sa classroom. Nag wave naman agad siya saakin kaya kinawayan ko din siya. Kaso nagulat ako nung hindi siya tumabi saakin. Umupo siya malapit doon sa door and maya-maya lang din pumasok na si Autumn at tumabi kay Ren.

*Kaya pala.*

Iniwas ko ang tingin ko sa kanila. Bwisit naman oh, ang sakit eh. Para kong sinaksak nang sampung libong patalim sa dibdib. Mukhang mas ok pa ata ako nung mga times na hindi pa ko masyadong nakaka move on kay Jiro. At least yun nag se-senti lang ako, eh dito nagiging emo na ko eh. Emongoloid. Waaaaaaaaah.

**“oh, Ren’s got a new friend?”** tanong sakin ni Blake

**“friend? I don’t think so. A new prospect maybe”** sagot ko kay Blake na may halong sarcastic tone

Blake chuckled. Ako naman hindi na nagsalita.

Broken  hearted na ko agad.

Lunch break hindi rin sumabay saakin si Ren kaya mag-isa lang ako kumain. At dahil

masyado akong loner, napag interesan ko na naman yung mga emails ni Barney the gay dinosaur. And mas malala ang mga sinasabi niya ngayon ha.

___________________________________

***Barney: amoy mo mabuti***

___________________________________

Ano daw? Parang wrong grammar?

_________________________________________

Barney: **“mahal ko ang iyong mga ngiti”**

_____________________________________

Sige ligawan niya ang ngiti ko!

_____________________________________________________

**Barney: “tumingin ka gorgeous sa isang habang ago”**

______________________________________________________

Err, nose bleed, kailangan ko ng translator!!! Sino nakakaintindi? Promise idol na kita pag naintindihan mo.

_____________________________________

**Barney: “ikaw ay aking anghel bumagsak”**

_____________________________________

Ang sama ng isang to?! Ano daw?! Anghel ako na bumagsak?! Lokong barney to ah!!!

**Barney: “ang init mo”**

Napataas naman ang kilay ko dito. Wala akong lagnat FYI!

Pero eto talagang email niya na to ang pinaka mapanindig balahibo sa lahat.

**Barney: “malibog ka”**

I mean WTH?! O_______O GAY KA BARNEY GAY!! >______<

Sino siya para sabihan ako niyan ha?! Aba't bwisit na baklang dinosaur siya! ARRRGGHHHHHH

Dahil mas lalo lang nabaliw ang isip ko kay Barney, pinatay ko na ang loptop ko at pumasok sa next class ko.

Dun sa mga sumunod na subject na kaklase ko si Ren, lagi niyang katabi si Autumn. Sabi niya kasi lahat daw ng subject niya classmate niya si Autumn kaya mas makakapag bonding sila. Ay grabe lang talaga. Bat parang pinaglalapit sila ng tadhana samantalang kami pinaglalayo?!

Kamusta naman yun! Nung mga panahong wala pa kong gusto kay Ren, para kaming tiutulak ng tadhana sa isa't isa. Nung nahulog na ko sa kanya, para naman kaming pilit na pinaglalayo? Ayos ka din eh tadhana! Wala karin magawang matino tulad ni Barney! Magsama kayo!! >___<

Dahil depress depressan ang lola niyo after class, dumiretso ako sa mall para mag relive ng depression, at ayun ay sa pamamagitan ng pag sho-shopping! Ayieeeeeee!

Pumasok ako agad sa isang shoe shop para magtingin tingin ng sapatos. Mukhang kailangan ko narin kasi bumili ng bago eh. Pati narin boots because winter is approaching!!

**"haven't you heared me correctly?! I said size 6 not five!!"**

Napatigil naman ako sa pagtingin nung marinig ko ang sigaw na yun. Familiar ang boses eh.

And tama nga ako. Kilala ko nga kung sino yun. Sino pa ba kundi ang malanding taglagas?!

Nakita ko siya na nakaupo sa couch habang galit na nakatingin doon sa sales lady.

**“are you deaf?!”** sigaw niya dito **“or just plain stupid?!”**hinagis niya yung sapatos doon sa sales lady at tinamaan to sa mukha. Tumayo siya sabay irap doon sa sales lady atsaka lumabas sa shop.

Natigilan naman ako sa ginawa niya.

Sabi na eh kaya ayoko sa babaeng to masyadong mapag panggap sa harap ni Ren! ayan ba ang ugaling gusto niya?!

Tsaka ayan ba sinasabi niyang kaugali ni Arcie?! Saang banda?! Sa pagkakaalam ko hindi nambabato si Arcie ng sapatos sa mukha ng kung sinu-sino eh!

Now I am discovering the true color of that girl. At pag nalaman ko lahat ng bad attitude niya, ay patay siya sakin.

BWAHAHAHAHAHA.

## Chapter 5
***Arcie***

**[Amber's POV]**

*Lakad lakad lakad* hinto *lakad lakad lakad* hinto

Tokwa nababaliw ako!! =_______=

Kanina pa ko nagiisip ng magandang idea para ilabas ang baho ng taglagas na yun kaso talagang ang naiisip ko lang eh ang sundan siya after dismissal at videohan pag gumawa na siya ng kademonyohan.

Kaso nga lang…

Una. Napaka time consuming. Kesa nagpapahinga ako or gumagawa ng assignment kailangan ko siyang sundan.

Pangalawa. Nakaka tamad. Sino ba naman ang gaganahang sundan ang taglagas na yun! Ni makita nga lang siya masuka-suka na ko! Ang sundan pa kaya?!

Pangatlo. I'm not good in stalking. Naalala ko dati nung mga panahong nagkaka gusto pa lang ako kay Jiro. Tinry namin nung kaibigan ko na i-stalk siya but nahuli kami agad ni Jiro. Ito naman kasing lalaking to eh napakalakas makaramdam. Ayun na siguro ang pinaka nakakahiyang nangyari sa buhay ko. Ang mahuli ka ng crush mo na iniistalk siya =____=

PERO hindi ko naman crush si Autumn at isa pa hindi naman siguro siya katulad ni Jiro na ang lakas makiramdam di ba? Malakas lang siyang manlandi at magaling mamflirt!

Nakapag desisyon na ko! Isstalk ko si Autumn para mailabas ang kademonyohang taglay niya kay Ren! At pag nagkataon. . . pag nagkataon. . .

@!#%%&^&(*_*(

TOFU.

Oh eh ano naman kung mailabas ko ang tunay na ugali ng babaeng yun?! Tsaka bat ko nga ba siya i-i-stalk?! Ano naman saakin kung nagbabalatkayong Arcie ang babaeng yun?! Ano mapapala ko?! TSAKA PAKIELAM KO BA?! AND WHY WOULD I WASTE MY TIME FOLLOWING THAT B**CH! Para kay Ren?!

PAKIELAM KO SA SALVY NA MATAKAW NA YUN!!!!

Tsk, ayoko magpaka tanga dahil sa nararamdaman ko.

Biglang nag flashback sa isip ko yung sinabi saakin ni Ren dati doon sa rooftop sa Prince Academy

*“walang taong nagmamahal ang hindi naranasang magpakatanga, maniwala ka”*

Bloody hell, what is happening to you Amber? Talaga bang mahal ko na si Ren? Totoo na ba tong nararamdaman ko? Pinalitan na nga kaya niya si Jiro sa puso ko?

Pero bakit ganun? Ayaw tanggapin ng isip ko ang dinidikta ng puso ko.

Biglang na disturb ang pag dadrama ko ng biglang may nag doorbell sa unit ko. Sinilip ko muna kung sino before kong buksan.

Si Salvy.

Pinagbuksan ko siya ng pinto.

**“Salvy—“** napahinto naman ako ng makita ko si Autumn sa likod niya.

Anong ginagawa ng poser na babaeng yan dito?!

**“uy meztisang hilaw! Tulungan mo naman kami ni Autumn sa assignment please”** nag puppy eyes siya.

**“ano ko tutor niyo?! Ayoko nga!”** sigaw ko

Halata naman kay Autumn na hindi niya maintindihan ang sinasabi ko at kung bakit ako sumisigaw.

**“eh sige na Amber. Ililibre ulit kita. Please, please”** nag puppy eyes ulit siya sabay pout.

Err nakakayamot siya! He is so. . .

. . . cute >___<

**“SIGE NA SIGE NA!”**

**“ayun oh! Yehey! Kaya labs na labs ko tong meztisang hilaw na to eh”** he winked at me then he put his arm around Autumn’s waist and lead her inside his unit.

Akala ko ba labs na labs niya ko pero bakit doon siya sa waist ng taglagas na yun nakahawak?!

Sumunod ako sa kanilang dalawa ng may nakasimangot na mukha.

Naupo kami doon sa may table na circular then nilabas na ni Autumn yung mga books niya.

**“I’ll just get some snack”** he stood up then went to the kitchen.

Nagkatinginan kaming dalawa ni Autumn and we both smiled.

Halatang plastik ang smile niya! Kung sabagay saakin din naman ganun. Plastikan kung plastikan.

**“so you live next to Ren’s unit? Wow you’re lucky.”**

**“yeah”**

Tama mainggit ka. Bwahahahahhaa

Hindi na ko ulit pinansin ni autumn then binasa nag start na siya mag basa. Sus kunyari pa siya! Kaya naman talaga siya nandito ay para landiin si Ren eh!!

Nagpangalumbaba ako at tinitigan si Autumn.

**“alam mo, ang landi landi mo. Mapagpanggap ka pa! May identity crisis ka ba at kailangan mong gayahin si Arcie? FYI di kayo magkalevel”** I told her in my sweetest tone. Siya naman mukhang hindi malaman kung ano ang sinasabi ko.

**“err I can’t understand you”**

**“alam ko. Ikaw alam mo ba na ang sarap sarap lagasin ng buhok mo? ”**

**“what the bloody hell are you saying?”**

I smile **“I’m just complimenting you dear ”**

**“oh I see. You better tell me in English  then, so I could understand it”** she smile

I smiled back.

Halatang nagpaplastikan lang kami talaga!

Maya-maya lang bumalik na si Ren dala ang meryenda namin.

**“here’s our snack”** binuksan niya yung box ng cake then nag slice siya and he served it to Autumn **“here Autumn, eat this.”** Nilagay niya yung slice ng cake sa plate ni Autumn **“it tastes good ”** then pinaglagay niya ito ng coffee sa baso.

Kumuha ulit siya ng isa pang slice at nilagay niya to sa plate niya then inabot niya saakin yung cake slicer **“here Amber, kuha ka narin”**

Inabot ko yung slicer. Walanjo oh, saakin na nga humingi ng pabor pero si Autumn pa ang pinagsilbihan! Pagbuhulin ko yung mga bituka nilang dalawa eh!!!

Sa sobrang asar ko, ibinigay ko na lang sa kanila ang notebook ko at pinabayaan kopyahin kesa turuan sila. Goodluck! Sana pagdating ng exam pareho silang bumagsak!!

Iniwan ko yung dalawang yung at nag computer na lang sa desktop ni Salvy habang kumakain ng cake at umiinom ng coffee. Mamaya maging SAGABAL pa ko sa paglalandian nung dalawa! Maging kontrabida na naman ang role ko sa istoryang to!

Tsk, nasan na ba si Alyloony?! Papaslangin ko siya! Akala ko ako na bida sa book 2 ng My Prince pero bakit feeling ko mag tatransform na naman ako sa pagiging antagonist?! >__<

Nag open ako ng email ko para tignan kung may mga messages ba ang S6. . . . *and si Barney* kaso wala.

Hay tong baklang dinosaur na to palaging wrong timing eh. Bakit kung kelan kailangan ko ng entertainment tsaka pa siya wala? =_____=

I hate you na talaga Barney! T___T

I cosed my email account then nag laro na lang ako ng angry birds. Iniimagine ko yung mga green na baboy ay si Autumn at Ren.

GRRRR DIE! DIE! DIE!! *____*

**[Ren's POV]**

**"hey thanks for the night Ren, see you tomorrow"** Autumn leaned forward ang gave me a peck on my cheek

I smile **"thank you too Autumn. Sweet dreams."**

**"I know I'll have one "** she winked then started walking towards her apartment.

Bumalik na rin ako sa unit ko at naabutan si Amber na mahimbing na ang tulog sa kama ko.

Napailing na lang ako habang nakangiti. Madalas makatulog si Amber dito kaya in the end, lagi ko siyang binubuhat pabalik ng unit niya. Ang bigat bigat pa naman ng babaeng to. Ewan ko ba! Hindi naman siya katabaan pero ang bigat niya.

Nilapitan ko siya then kinumutan ko. Tumingin ako sa clock. It's almost time. Kanina ko pa to hinihintay.

I turned on my computer at sakto naka online na siya. Inayos ko yung sarili ko then I opened my webcam. Sa harap ko, nakita ko ang mukha ng babaeng pinakamamahal ko.

**"labanos!!!!"**

**"binbo, kamusta na?"**

**“eto ayos lang! enjoy na enjoy ako sa college? Ikaw labanos? Kamusta ka na?”**

Eto mahal na mahal ka parin **“a-ayos lang ako! Enjoy din!”**

**“ay may ipapakita ako sayo!”** umalis saglit si Arcie. Nung bumalik siya may hawak na siya na kung ano **“labanos ohhhhh”** pinakita niya saakin yung dala-dala niya at halos tumulo ang laway ko nung makita ko to.

Ang pinakamamahal kong quack quack T___T

Pinanuod ko kung pano kainin ni binbo yung isang quack quack na kala mo eh nasa commercial siya. Agad akong yumuko.

**“sige na binbo, babye na. Next time na lang”** =_____=

**“oh bat ka mago-out agad? ”** tanong ni Arcie na may halong pangaasar.

**“eh kasi ikaw eh! Halos mamatay na ko sa sobrang pagkamiss sa quack quack tapos iinggitin mo pa ko!”** >___<

**“hahahahaha ikaw kasi eh! May paiba-ibang bansa ka pa! yan tuloy di ka makakatikim! Di bale kailangan mo naman umuwi dito sa March, kayong dalawa ni Amber”**

**“ha? bakit? Ano meron?”**

**“ikakasal na si Ma’am Krissa at Sir Nike! You better be there!”**

“**talaga?! Wait kelan pa? kelan nag proposed? Sure na sure na? bat ang dami kong nami-miss na events!”**

**“hahaha relax, last week nag proposed si Sir Nike kay Mam. Kinuntsaba pa ang buong Prince Academy. Mukhang nakakuha siya ng technique sa mga S6 boys eh. At ayun, sure na sure na.”**

Napangiti naman ako **“hay nakakainggit naman sila sir at mam. Ikakasal na talaga sila. Biruin mo dati para lang silang aso’t pusa.”**

**“right. Ikaw naman labanos? Kamusta na ang lovelife mo? Balita ko kay Amber may pinopormahan ka ah”**

**“oh si Autumn. Alam mo ba binbo ang bait bait niya and she is so sweet. Masaya pang kasama, makulit na mahinhin at ang sarap sarap pakinggan ng tawa niya.”**

**“aba aba, mukhang naiinlove na si labanos ah ”**

**“hindi naman. she is so like you—“** bigla akong napahinto sa pagsasalita. Nakita ko rin na nagbago ang expression sa mukha ni Amber.

**“uhmm what I mean is—“**

**“Ren, mahal mo pa ba ko?”** Arcie asked me seriously.

Iniwas ko ang tingin ko sa kanya then I nod ***“oo, hanggang ngayon ”***

What’s the point in lying? Totoo naman eh. Siya parin talaga hanggang ngayon.

I heard her sigh **“hay labanos. I hope you opened your heart to the person who is willing to love you. Wag ka na sana magpakamanhid”**

I smile at her **“don’t worry, hindi na ko tulad ng dati ”**

She smiled back **“I’m glad. So labanos, I need to go, next time na lang ulit”**

**“oh ok. Babye binbo”**

**“bye”**

**“ah wait!- - I miss you”** pahabol ko

She smile at me **“I miss you too.”**

After niya mag out, pinatay ko narin ang computer ko. Lumapit ako sa kama kung saan natutulog si Amber but instead na buhatin ko siya pabalik ng unit niya, nahiga na lang ako sa tabi niya.

Hinawi ko yung buhok niya na tumatakip sa maamo niyang mukha atsaka ko siya tinitigan.

Hindi na ako tulad ng dati. Hindi na ko manhid. Dahil ngayon. . . .

. . .alam ko ang nararamdaman ni Amber para saakin.

It’s just that I cannot return her feelings. I know hindi rin gusto ni Amber ang nararamdaman niya. And I know, she is aware na mahal ko parin si Arcie hanggang

ngayon.

Bumulong ako kay Amber **"I'm sorry"** then I hugged her.

Nasaktan na siya ng husto dati. Ayokong maulit yun.

At ayokong ako ang maging dahilan.

**Chapter 6**

***some jokes are half meant***

**[Amber's POV]**

*Silip sa may boutique*

Anak ng pagong na babaeng itey, kinabog ako at si Yanna sa pagiging shopping monster! Sa bawat boutique ata na papasukan niya, lagi siyang may dalang shopping bag pagkalabas eh!!

Tinignan ko si taglagas at ni-ready ang camera para pag gumawa ng eksena ay makuhanan ko agad.

Opo. Tinuloy ko ang plano ko. Wag niyo kong sasabihan ng T@ng@, martyr at bobo. Yung puso ko ang sabihan niyo niyan! >___<

Pero wala na! nanalo na si heart! Ayoko man isipin pero pinagsisigawan na ni heart na 'SUNDAN MO SI  AUTUMN! IBUNYAG MO ANG MAITIM NIYANG BUDHI AT NG MAGING HAPPY ENDING NA ANG STORY NIYO NI REN! BWAHAHAHAAHAHA'

Again si puso ang sisihin niyo. Meron na siyang sariling utak. Ginagamit na niya ang katawan ko. Huhuhuhuh. T___T

Pang 25th boutique na ang pinasukan niya at lumabas siya ng may dala na naman. Holy cow carabao! Sige na! siya na ang reyna ng shopping! Ma bankrupt sana siya!!

Naglakad siya near the town's quadrangle and naupo doon sa may bench tabi ng fountain. Mukhang napagod na ang babaita. Kahit ako napapagod na eh! Ano ba yan! Wala naman akong napapala sa pagsunod sunod sa Autumn na to. Baka ako pa malagasan ng buhok! Makadaan na nga lang sa coffee shop para uminom ng kape at kumain ng cheesecake.

Tumalikod na ko and nag start mag lakad palayo when I've hear a familiar voice.

**"Autumn, did I keep you waiting?"**

Tumingin ako ulit sa kinauupuan ni Autumn and saw Ren walking towards her.

**"hey babe I miss you!**" Autumn told him

Halos panlambutan ako ng tuhod doon sa sunod kong nakita.

Tumakbo si Autumn papalapit sa kanya and gave Ren a full kiss.

Nakita kong nagulat din si Ren sa ginawa ni Autumn, *but still. . .*

Hindi man ako pinanlambutan ng tuhod dito, yung mundo ko naman parang nawasak.

Tinalikuran ko na sila at nag lakad palayo.

BOOM. Ang sakit. Bat ganito?

Hindi naman kami ni Ren, hindi parin naman siguro ganun kalalim ang nararamdaman ko sa kanya tulad nung nararamdaman ko dati kay Jiro.

*Pero bakit ganito?*

Bakit parang naramdaman ko na naman yung sakit na naramdaman ko nung sinabi ni Jiro saakin na hindi niya ko mahal at ang mahal niya ay si Arcie? Yung sakit na naramdaman ko nung binitiwan ko na si Jiro.

Hinalikan ni Autumn si Ren, yun lang naman YUN LANG.

Pero t*@**i*@ ang sakit!

Akala ko pa naman matatahimik na buhay lablayp ko pag bumalik ako sa London. Pero bakit ganun? Mahal na mahal ata ako ni Cupid eh! Kung makapana ang sakit!!

Tuloy tuloy lang ako nag lakad kahit hindi na ko aware kung saan ako dinadala ng paa ko. I tried my best para pigilin ang pagtulo ng luha ko.

Ayoko, ayokong iyakan si Ren! Ayokong mahalin siya!

*At mas lalong ayokong masaktan ng dahil sa kanya!*

Napahinto ako sa paglalakad and napalunok just to stop myself from crying. Then suddenly, I heard a loud beeping noise followed by a screeching sounds.

The next thing I knew, may lalaki ng yumayakap saakin.

**“You’ve scared me”** humiwalay ako sa pagkakayakap niya para makita ang mukha niya

**“Blake”**

May bigla namang isa pang matandang lalaki na bumaba doon sa kotseng kamuntikan nang bumangga saakin

**“HEY MORON!!! DON’T STOP IN THE MIDDLE OF THE STREET!!”** sabi niya saakin

**“I-I’m sorry”**

Tinignan niya lang ako ng masama then bumalik na siya doon sa kotse niya at nag drive palayo.

**“are you alright?”**

I just nod

**“what are you doing in the middle of the street by the way?”** he asked me

Tinignan ko lang siya sa mata then sa hindi ko malamang kadahilanan, napayakap na lang ako kay Blake at inilabas ang luhang kanina ko pa pinipigilan.

He just hugged me back without asking kung bakit ako umiiyak.

Hindi pa kami ganoong katagal magkakilala ni Blake… *weird*, I feel perfectly comfortable crying in front of him.

After ng iyakan scene ko kay Blake, dinala niya ako sa coffee shop then he treat me a coffee and a cheesecake.

Ang sarap pala iyakan ng isang to, automatic nanlilibre! Bwahahahahaha

**“Blake, thanks for this. I should be the one treating you”**

**“oh don’t mention it Amber. I think you badly need a sweet thing right now”**

I smile **“thank you, Blake, and I’m very sorry for what I’ve act a while ago. I didn’t mean to cry like that”**

He laughed **“It’s alright. I was shocked though, but I’m glad I made you feel a little bit better”** napangiti ako.

Sino ba naman hindi eh ngayon lang nag sink in saakin na niyakap ko ang look-a-like ni Ben Barnes kanina. Nakakakilig lang ang kagwapuhan ng isang to. Bwahahaha. Ayan ang landi ko. Pero oy masama ba magwapuhan?

*Kung mas maaga lang siya dumating sa buhay ko, malamang kay Blake ako nahulog hindi kay Ren.*

**“you know what, you looked more gorgeous when you smile”**

**“huh? You mean I looked hideous a while ago?”** I asked him with a teasing tone

**“no. You still looked attractive. But I like it better when you smile”**

^///^

Ako na ang kinikilig. Wahahahahahahaha.

Sumubo ako nung cheesecake. Parang kanina lang plano kong kumain nito. Mind reader ba itong si Blake?

**“you know what Blake, my ex-boyfriend loves cheesecake too”**

**“ohh”** he looked at me **“is he the reason why you cried a while ago?”**

**“oh no no. Me and my ex is in good term. I still love him but not in a romantic way.”**

**“I see. That’s good. May I ask the reason why you cried?”**

**“well uhhh uhmm.. be-because of a person…”**

**“hmm..?”**

**“a person who is so near to me yet will be forever beyond my reach”**

Tinignan niya ako ng seryoso then he sighed

**“That’s what I am also feeling right now. I understand how you feel”**

**“i-it’s painful right?”**

He smiled **"yes it is. Because no matter how hard we stretched our arm, we could never ever reached those person. I think we should stop reaching them and let's just date each other"**

**"eh w-what?"**

**"I like you Amber, please go out on a date with me"** he told me seriously

I was dumbfounded on what he said. Wait wait, ayaw mag sink in. Teka ano daw? Ulit nga? Pwede replay? Di ko na gets young scene na yun.

***"I like you Amber, please go out on a date with me"*** *he told me seriously*

Ahhh ok, he likes me and he wanted to date me! Wahahahahahahahha.

Wahahahahahahha

\(^__^)/

(=__=)???

???

O////O

DI NGA?! SERYOSO?! WALANG BIRO?! SI PRINCE CASPIAN-SLASH-BEN BARNES-SLASH-FRENCH BOY MAY GUSTO SAKIN?!

Oh lala ang haba ng hair ko! O///O

**“uhmm.. ah… ehh.. uhmm..”**

Ang ganda ng sagot ko!

Kayo ba! Pinagtapatan kayo ng gwapong lalaki na may gusto siya sa inyo hindi ba kayo ma-speechless?

Biglang tumawa si Blake don **“hahahaha I’m just joking Amber!!”**

Ay tofu! Joke lang pala! Sige na siya na magaling mag joke! Ako na ang nauto niya! Sige na siya na nga! Siya na! =___=

Tss sayang!

*But why is it a part of me felt relieved?*

**“you caught me in that one you crazy little thing!”**

**“haha I’m sorry beautiful, I just loved your reaction a while ago”**

Natawa narin ako sa kanya. Malamang epic siguro ang mukha ko. Si Blake pa lang ang nag sabi nang ganun.

*What more kung si Ren na?*

ASADSFGDSJG! Paki ko sa isang yung! Maglaplapan sila ni Autumn mag damag!

**“oh hey Amber, I think I need to go. My Mum is waiting for me”**

**“oh, ok, go ahead. I’ll just stay here for a while”**

**“are you sure? I’m really sorry”**

**“It’s ok Blake. Thanks for the company, and for the coffee and cake”**

**“don’t mention it”** he waved his hands **“au revoir jolie”** *[bye beautiful]*

**“au revoir”**

Tumayo na siya then naglakad palabas but before he opened the door of the café he looked at me

**“by the way Amber, do you believe that some jokes are half meant?”**

**“e-eh?”**

**“because I do”** he smiled then tuluyan na siyang lumabas sa café.

O-kay?

What does he meant by that?!

## Chapter 7

***Mr. Mood swing***

**[Amber’s POV]**

*“do you believe that some jokes are half meant? Because I do”*

Nababaliw ako

*“do you believe that some jokes are half meant? Because I do”*

Nakakalurkey

*“do you believe that some jokes are half meant? Because I do”*

I cannot read between the lines

*“do you believe that some jokes are half meant? Because I do”*

Medyo kinikilig. Gwapo ni Blake eh! :p

*“do you believe that some jokes are half meant? Because I do”*

Di ako makapaniwala

*“do you believe that some jokes are half meant? Because I do”*

Pero yun nga ba ang ibig niyang sabihin?

AY JUSKO KUNG HINDI KO ITITIGIL ANG PAGIISIP MALAMANG EH MASAGASAAN NA KO NG TULUYAN DITO!!

Pero kasi naman eh, kayo ba gets niyo ang sinabi niya?! Ako hindi! Nalulurkey na ko! May gusto ba siya saakin?! Seryoso ba yun? Nakakakilig naman pero..

*..paano si Ren?*

Ay ASDAFKDGDS! So ano naman ngayon?! Bakit iniisip ko si Ren?! As if naman magustuhan ako ng Salvy nun lalo na kung may taglagas na umaaligid!

*--at may Arcie na nag o-occupy sa puso niya.*

Siguro nga, kailangan ko na tantanan ngayon pa lang ang nararamdaman ko kay Ren. Delikado to. Sa lahat ng lalaking nagustuhan ko sakanya lang ako natakot na mahulog. Kasi ngayon pa lang na nahuhulog ako masakit na, paano pa kaya kung tuluyan na kong bumagsak at lumagapak sa sahig?

Hay naku Ren Salvy!! Bakit ba nagiging grabe ang epekto mo saakin?! Tska why of all people sayo pa tumibok ang puso ko?! Napaka takaw mo naman! napaka salvy, laging nagpapagawa ng assignment, lagi kinakain ang chichirya ko sa unit ko, napaka GENTLE DOG! Bakit ba nagustuhan kita samantalang asar na asar ako sayo?!

Juskooo, ano to? I hate you but I love you? Ang gulo di ba?

Pumunta ako sa unit ko and may nakita akong envelope sa sahig. Mukhang alam ko na kung ano ito.

Binuksan ko yung envelope and as expected, nakita ko doon yung key card ng unit ni Salvy na may kasamang note.

---

*Mestizang Hilaw! Magliliwaliw lang ako saglit ah? Kailangan ko ng fresh air. Tambay ka sa unit ko if want mo. Gamitin mo computer ko. Sige ba-bye.*

*Nagmamahal,*

*Ang gwapong si Salvy*

*P.S hoy! Maki share ka sa pagbabayad ng kuryente ko! Gamit ka ng gamit ng computer ko! Tss*

---

Nilukot ko yung note niya. Walanjong Salvy to ang sarap ipalamon sa crocodile!! Sabi niya feel free to use my computer tapos biglang nagpapa share ng kuryente?! Ano kami mag-asawa?!

Inopen ko yung unit ni Ren at nahiga sa kama niya. Bat ba ang bago ng kwarto ng Salvy na to parati?

Tumayo ako then nagpunta sa harap ng computer niya. Aba nandito nalang din ako, might as well waldasin ko narin ang kuryente niya di ba? Hihihihihihi. Makapag laro nga muna ng Angry Birds.

Before ako mag laro, I checked my emails, but so far wala pa naman new mails. Himala, ilang linggo nang hindi nagpaparamdam si Barney, ang baklang dinosaur. Buhay pa kaya yun?

I was about to close the tab ng biglang may nag pm sa chatbox ko.

*It's Barney.*

Hmm speaking of the dinosaur!

***Barney: Hi***

Nagreply ako agad sa kanya.

**Amber: hello there Mr. Dino**

***Barney: Dino? My name is Barney***

Natawa naman ako. Ang slow naman ng isang to! Di agad nagets ibig kong sabihin!

**Amber: by the way, is Barney your real name?**

***Barney: 50:50***

**Amber: huh? What do you mean by that?**

***Barney: I am Barney, but I am not Barney***

Ok, addict ba to? Ang gulo kausap!

**Amber: then who are you?**

***Barney: I could be anyone you want me to be***

**Amber: I didn't get your point**

**Barney: if you want me to be your best friend, I could be your best friend. If you want me to be a hanky, I will be a hanky and wipe your tears away. If you want me to be your savior, *I will save you from all those pains and suffering.***

**Amber: then save me, please..**

***Barney: I will..***

After that bigla na lang siyang nag offline kaya hindi ko na siya nareplyan. That was so sweet of him though it’s impossible na i-save niya ako sa nararamdaman ko. First and foremost hindi ko naman siya kakilala. Or maybe I do? Baka nandyan lang siya sa paligid?

Pero sino?

Ay jusko! Naloka ako sa nakita ko kay Ren at Autumn kanina, nabaliw ako sa sinabi ni Blake, at ngayon nasisiraan na ko ng bait dahil kay Barney. GUSTO KO NG BUMALIK SA PILIPINAS! NAKAKABALIW DITO! T__T

Before pa kong tuluyan na ipadala sa mental, naglaro na lang ako ng Angry birds. Iniimagine ko ulit na si Salvy at Autumn yung mga baboy.

Dieeeeee you green pigs! Dieeeee!!! *glare* +____+

**“wawa naman yung mga baboy. Ang cute cute nila inaaway mo”**

Napalingon ako sa likod ko at nakita ko na si Salvy. Infairness wala siyang impaktang kasama ngayon.

**“how’s your date?”** I asked him habang pinapatay ko yung computer

**“date?”** nilapag niya yung food na dala dala niya sa may table **“hindi naman ako nakipag date. Nag stroll lang ako sa labas. Uy may meryenda, tara kain tayo”**

Sus, kitang kita ng dalawang mata ko yung halikan scene nila ni taglagas! Bakit ba dine-deny ng isang to ha?

Umupo ako sa may dining table and tinignan yung dalang food ni Ren.

**“Wow! Cheesecake and coffee! Kakakain ko lang nito kanina eh! Pero gusto ko pa!”** ^____^

Kinuha ko yung isang slice ng cake pati yung coffee

**“umalis ka kanina?”** he asked me

**“yep nakipag date ako”** sagot ko kay Ren habang inaalis ko yung wrapper nung cheesecake. Natatakam na koooo.

**“k-kanino naman?!”**

**“secret”** sagot ko ulit sa kanya ng hindi nakatingin. Kumuha ako ng cheesecake then I was about to eat it ng biglang inagaw saakin ni Ren yung plate **“HOY CHEESECAKE KO YAN!!”** sigaw ko sa kanya.

**“eh! Ako bumili nito no! tsaka kumain ka na naman niyan kanina sa *date* mo!”**

**“eh sabi mo akin yan eh”** >__<

**“hindi! Nakikigamit ka na nga ng computer pati cheesecake ko aagawin mo?! Doon ka magpabili ng cheesecake sa kadate mo!!”** sigaw niya

Problema ng Salvy na to?! Bigla biglang nag babago ng mood? Moodswing? May period?

**“hmp! Patay gutom! Maimpacho ka sana!”** tumayo na ko at nag lakad palabas.

Mean Salvy! A very mean mean mean Salvy!! T__T

Anong problema nun?! Dinamay pa yung cheesecake ko!! T__T

The next morning, maaga akong pumasok sa school. Ayokong makasabay yung patay gutom na Salvy na yun! Di ako maka get over doon sa cheesecake eh. Hanggang sa panaginip ko nakikita ko siya.

Makabili nga mamaya. Siguro magpapalibre ako kay Blake! Wahihihihi. Tutal sabi naman ni Ren magpabili daw ako sa *ka-date ko.*

After ng first subject ko, dumiretso agad ako sa second subject class ko kung saan kaklase ko si Blake, Ren at Autumn. Buti na lang at nung dumating ako, wala pa yung dalawang linta. Ayoko silang makitang naglalandian dalawa, baka makapatay na ko.

Nakita ko naman agad si Blake na nagbabasa ng book. Biglang nag flashback lahat sa utak ko yung sinabi niya saakin.

*"do you believe that some jokes are half meant? Because I do"*

Anebeeeeee! Hindi ba ko tatantanan ng some jokes are half meant na yan?! Nakakalurkey na eh!! =___=

**“b-bonjur”** bati ko kay Blake

Ibinaba niya yung book na binabasa niya then tinignan niya ko at nginitian **“magandang umaga binibini”** he told me with a funny Filipino accent

Naupo ako sa tabi niya **“you know how to speak tagalog?”**

Pinakita niya saakin yung book na binabasa niya. Easy way to learn tagalog **“I’m learning”**

**“wow, that’s cool. Do you want me to teach you?”**

**“sure. Can you give me a private tutorial session?”**

**“I have a talent fee you know”** pabiro kong sabi sa kanya

**“that’s fine with me. How about a coffee and a cheesecake every session? Is that a reasonable payment?”**

I laughed **“I’d love that! Why do you want to learn tagalong by the way?”**

**“hmmm let’s see. Maybe because of you?”**

**“h-huh?”**

**“I want to learn your language because I like you”**

Biglang bumilis ang tibok ng puso ko. Ay tokwang blake, direct to the point? Walang paligoy ligoy? Ni hindi manlang nagpaka torpe? Ganyan ba ang mga French guys? =__=

**“are you joking again?”** I asked him

**“of course I am joking!”** he laughed

Ahh joke na naman pala. Akala ko naman—whew!

**“but some jokes are half meant right?”** dagdag niya.

Ano baaaaaaaaaaaaaaaaaaaa. Naloloka ako sayo Blake eh! Di ko malaman kung dapat na ba ko kiligin o mainis sayo!!

**“uhmmm Amber, can I ask you something?”**

**“sure what is it?”**

Tinignan niya ako sa mata ***“why are you so beautiful?”***

Biglang umakyat ang dugo ko sa mukha ko at malamang pulang pula na ko ngayon.

Kung may gwapong lalaking magtanong sainyo niyan with matching nakakatunaw na tingin pa, paano niyo sasagutin aber?

*‘siguro dahil gising ako nung nagsaboy si God nang kagandahan?’*

**“uhmm, B-blake—“**

**“MEZTISANG HILAW!”**

Napatingin ako doon sa gilid ko at nakita ko si Salvy. Bigla naman niyang hinawakan ang wrist ko at hinila ako **“I’ll borrow her for a while”** he told Blake at tuluyan akong kinaladkad palabas ng room

**“o-oy Salvy! Ano bang problema mo?!”**

**“wala! Papasama lang akong kumain!”** inis na sabi niya sakin

Ok? Siya na nga tong magpapasama siya pa tong yamot? Astig ha!

Kinalas ko yung pagkakahawak niya saakin kaya napahinto kami sa paglalakad **“eh bakit hindi ka magpasama doon sa Autumn mo ha?!”** sigaw ko sa kanya

**“eh ayokong napapagod siya bakit ba?!”** sigaw din niya saakin sabay hila ulit

**“let me go you loathsome creature!!”** at muli kong kinalas ang pagkakahawak niya saakin

**“magpapasama lang naman ako eh, ayaw mo pa”** bulong niya habang naka pout

**“eh magpapasama ka na nga lang ikaw pa galit!”**

**“eh kasi naman yung Blake na yun!!”**

**“ano kinalaman ni Blake dito?”**

He mumbled something pero hindi ko narinig

**“ano sabi mo?”** tanong ko sa kanya

**“w-wala! Di ko na kasalanan na bingi ka!”**

**“eh ano nga yun?!”**

**“wala nga!!”**

**“lahbwanos?”** napalingon kami sa likod at nakita namin padating yung bruha.

**“Autumn!”** tumakbo si Ren papalapit doon kay impakta **“let’s eat?”**

**“oh sure dear”**

Tinignan ako ni Ren sabay binelatan ako at umalis kasama si Autumn

ANAK NG PANDESAL!! MAIMPACHO SANA KAYONG DALAWA!

Uwian. Dapat sabay kami uuwi ni Ren pero iniwan ko siya. Nakakayamot eh. Kahapon pa siya may mood swings! Wala naman ako ginagawang masama sa kanya. Ano ba problema nung isang yun? Di ko siya magets! Ang labo niya! Sarap niyang ingudngod sa tray na puno ng kwek kwek! =____=

Naglakad na ko pauwi habang kinakanta yung Barney song

*“I love you, you love me*

*We are happy family*

*With a great big hug and a kiss from me to you*

*Won’t you say you love me too”*

**“meztisang hilaw!!”**

Wala akong naririnig

**“uy meztisang hilaw”**

Dedma

**“uy bat umalis ka agad? Di ba sabay tayo uuwi?”**

Lalalalalala. Wala akong naririnig

**“hey! Galit ka ba saakin?”**

The art of dedmatology

**“uy binilhan kita ng coffee at cheesecake. Sorry na”**

Coffee? Cheesecake?

Wala.. wala akong naririnig >__<

**“uuuuyyyy gusto niya! Masarap to… hmmm amoy na amoy ko ang aroma nung coffee”**

w-wala akong nariring! Hindi ako magpapadala sa temptation. Hindi! >____<

**“makikipag bati na ang isa diyan!”** winagayway ni Ren yung paperbag na pinaglalagyan ng coffee at cheesecake

I want to grab that paperbag! >____<

**“ay dedma? Ayaw akong pansinin? Sige ako na lang kakain nito”** sabi ni Ren

**“SIGE NA BATI NA TAYO!”** kinuha ko yung paperbag **“akin na to! Bawal bawiin”**

Weak ka Amber, weak! Nagpadala ka sa cheesecake at coffee. Nahahawa ka na sa pagka PG ni Salvy >___<

Bigla akong inakbayan ni Ren **“hahahaha. Ayan bati na tayo ha? tara kainin natin yan sa unit mo”**

**“s-sige”**

Habang naglalakad kami, nakaakbay si Ren saakin kaya hindi ako mapakali. Alam niyo yung parang sasabog ang puso mo? Parang gustong tumalon? Parang malalaglag? parang gustong kumawala sa katawan mo? Ganun ang nararamdaman ko.

Mas malala pa si Salvy kay Blake.

Ano ba to? Ano nangyayari? Lord help me. Sana makarating ako sa unit namin na hindi pa lumalabas ang puso ko sa katawan ko. Please, ayoko pang mamatay T__T

**“how sweet naman”**

Napahinto kami ni Ren sa paglalakad ng marinig namin yung pamilyar na boses na yun. Tumingin kami sa likod para makita kung sino yung nagsalita

**“namiss namin kayo”**

At ayun, nakita namin si Jiro at Arcie na naghihintay sa  may labas ng condominium namin.

**Chapter 8**

***the visitors***

*(part 1)*

**[Ren's POV]**

**"Arcieeeeeeeeeeeeeeeeeeeee!!!!!!"**

**“Amber!!!”**

Tumakbo papalapit si Amber kay Arcie at kay Jiro sabay yakap doon sa dalawa habang nagtatatalon

**“grabe miss na miss na miss na miss ko kayo!”** sabi ni mestizang hilaw doon sa dalawa

**“kayo din! Super”** sagot naman ni binbo

Tinitignan ko lang silang tatlo doon. Hindi ko alam kung bakit pero ayaw kumilos ng mga paa ko. Hindi ako makapaniwala..

..nasa harap ko ba talaga siya ngayon? Kung panaginip lang to ayoko ng magising.

**“oy labanos! Di mo ba kami namimiss?”**

Naglakad ako palapit sa kanila **“binbo, Jiro, what a surprise. Di namin inaasahan ang pagdating niyo”**

**“wahahahaha”** lumapit si binbo saakin then niyakap niya ko **“eh miss na miss ko na ang matakaw kong bestplen eh!”**

I hugged her back

Ang hirap paniwalaan. It’s been a half a year since huli kong mayakap si Arcie. Hindi ko alam ang irereact ko ngayong nandito na siya sa harapan ko. Pero alam ko

*…ang saya saya ko ngayon.*

Humiwalay si Arcie ng pagkakayakap saakin then lumapit naman saakin si Jiro and tinapik ako sa braso

**“it’s been a long time bro!”**

**“yeah, good thing nakapunta kayo dito! We are very surprised!”**

**“Arcie!”** yumakap ulit si Amber kay binbo **“tara mag shopping tayo ng winter clothes mo!!”**

**“ano ka ba naman mestizang hilaw! Shopping agad? Pagpahingahin mo muna kaya sila!!”**

**“eh kasi..”**

**“hehehe naku wag mong pansinin si labanos. Sure mag shopping tayo bukas lalo na at pupunta tayo sa ski”**

**“ski?”** me and amber both said in chorus

**“yup! Naka booked na tayo. Kaya mag ready na kayo! We will spend our Christmas here”** sagot ni Jiro

**“t-talaga dito kayo mag Chi-christmas?!”** tanong ko sa kanila

**“yup. Pati new year”** sagot naman ni Arcie

**“YEHEY!!! Akala ko mag chi-christmas at new year ako kasama ang Salvy na to! You two are my saviors!” T__T** sabi ni Amber sabay yakap kay Arcie at Jiro

**“hoy! Anong ibig mong sabihin doon?!”** sigaw ko sa kanya. Binelatan niya lang ako.

Lukaret na babae! Ano naman akala niya?! Gagahasain ko siya sa pasko?! Excuse me may taste ako! Oo alam kong maganda siya, makinis, maputi, may kissable lips, ang cute ng pisngi niya may natural blush, ang ganda ng bagsak ng buhok niya, nakakatuwa siyang magsalita at errr ang sexy niya? Oo aminado ako doon! Pero hindi ako attracted sa kanya! Hindi! Oo hindi! Hindi talaga promise! oo nga hindi nga sabi! hindi nga eh! Bat ayaw niyo maniwala?! Hindi nga sabi eh! Hindi! =___=

**“hay naku! Pumasok na nga lang tayo sa loob at malamig dito”** yaya ko sa kanila

**“let’s go love”** nakita kong hinawakan ni Jiro ang kamay ni Arcie then dumiretso na sila papasok ng condo

Masakit isipin na iba ang mahal ng taong mahal ko. But still, magaan na ang loob ko kasi alam kong iniwan ko si Arcie sa kamay ng lalaking mahal na mahal siya at alam kong aalagaan siya.

**“r-ren”** lumingon ako sa likudan ko and nakita kong nakatingin saakin ng seryoso si Amber

**“bakit?”**

**“uhmm—ano kasi.. uhmm”** lumapit siya saakin

atsaka ako binatukan ng malakas

**“what the--?!?! Hey what was that for?!”**

**“wala lang!!”** sabi niya habang nagtatatalon talon sabay binelatan ako at kumaripas ng takbo papunta kila Arcie

Walanjong mestizang hilaw! Akala ko matatanggal ang braincells ko sa pagbatok niya!! T__T

*(part 2)*

**[Amber's POV]**

Lalalalalalalalala nandito si Arcie at si Jiro sa London. Lalalalalalalalala I still can't believe it. Lalalalalalalalala they will spend Christmas and new year here. Lalalalalalala magpupunta kami sa ski resort next week!

Wipeeeeeeee! Akala ko home alone ako sa Christmas at sa New Year. Nakabakasyon kasi sa Hawaii si dad at mom eh. Ni hindi manlang ako sinama! Tsaka alam ko naman na kasama ni Ren yung taglagas na yun sa Christmas

At least ngayon alam kong di ako nagiisa.

Pero nung makita ko kung paano tignan ni Ren si Arcie, doon ko narealize na hanggang ngayon parin talaga, *mahal niya parin si Arcie.*

Kaya nga nabatukan ko siya eh.

Para akong sinaksak na naman ng isang milyong patalim sa puso. Hindi dahil sa alam kong si Arcie ang mahal ni ren, hindi ako.

*Kundi dahil nasasaktan akong makitang nasasaktan siya.*

Hay buhay naman eh!! Jusko! God! Why of all people, bakit sa kanya pa muling tumibok ang puso ko ha?! never ko pang naranasan na magpaka ewan ng ganito dahil sa lalaki. Nung kami naman ni Jiro hindi ako ganito.

Kung sabagay si Jiro kasi normal na tao, si Ren hindi. Autistic siya. Tamad. Ang hilig magpagawa ng assignment. Ang takaw. At malandi! Total opposite ni Jiro na dream boy ko.

Pero bakit ako nagkagusto sa kanya kung dati naman eh yamot ako sa isang to?!?!

Si tadhana talaga, power tripper. Nakahithit siguro ng kung anong muriatic acid sa tabi tabi =___=

Tinulungan namin ni Ren sina Jiro at Arcie na mag akyat ng baggage. Si Arcie sa unit ko, si Jiro naman sa unit ni Ren. Dito sila magsstay for a week then after nun, magbabakasyon na kami sa ski resort hanggang New Year. Oh di ba ang saya saya?

After maiayos yung mga gamit nung dalawa, dinala naman namin sila ni Ren sa isang diner malapit sa condo namin.

**“grabe ang ganda ganda pala dito no? sobrang linis ng paligid. Tapos ang lamig lamig pa. Ang sarap sarap siguro tumira dito no?”** sabi ni Arcie

**“sus, akala mo lang yun binbo. Mas masarap parin tumira sa Pilipinas. Dito walang quack quack, isaw, fishball, taho, kikiam, gulaman, sago, manggang may bagoong, at kung anu-ano pang tusok tusok”** sabi ni Ren

**“tama! Dito walang divisoria at tutuban!”** pag sangayon ko

**“hahahaha. Oo nga naman love. Mas ok parin sa Pilipinas kahit mausok, kasama mo naman ang love mo”** sabi ni Jiro kay Arcie

**“ganun? Pero magkasama naman si Amber at si Ren dito ah?”** tinignan kami ni Jiro at ni Arcie ng may nakakalokong tingin.

Ok? Ano ibig sabihin nila doon?!

Pagkapasok namin sa loob ng Diner, humanap kami ng seat then may lumapit naman agad na server saamin na naka roller blades. She asked our orders then umalis narin agad siya.

**"Amber, samahan mo naman ako mag C.R" s**abi ni Arcie

**"oh sure"** tumayo kami then tinignan ko si Ren at Jiro **"we'll be back"**

**"it's alright. Just take your time"** sagot naman saakin ni Jiro.

Pumasok na kami ni Arcie sa comfort room then tumingin ako sa salamin at nag suklay

**"owww Amber, bakit ba ang ganda ganda mo kahit ang simple ng porma mo?"** sabi ni Arcie saakin

**"hahaha ano ka ba dear! Hindi kaya no!"** *edi sana napansin na ko ni Ren matagal na* **"ikaw ang tunay na maganda"** *kaya nga ikaw ang mahal ni Ren eh at ni Jiro.*

**"nye. Kung ikukumpara mo naman ang mukha ko sa mukha mo walang wala ako no"**

**"ano ka ba! Maganda ka nga talaga Arcie. Siguro kung naging lalaki ako, ay naku! Inagaw na kita kay Jiro"** we both laughed

**"but Arcie, you know what? I'm very glad kasi nagagawa na nating dalawa na magtawanan ng ganito, *na parang walang nangyari.* Sorry talaga sa lahat ng nagawa ko sayo ha?"**

**“Ano ka ba naman Amber! Past is past! Masaya na ko ngayon kay jiro, masaya ka na ngayon kay Ren”**

**“k-kay Ren?”** iniwas ko yung tingin ko then nagpaka busy ako sa pagsusuklay ng buhok **“m-mag kaibigan lang kami nun. And part time magkaaway”**

**“hmm pero ano yung tingin mo kay labanos?”**

**“h-ha? b-bakit mo naman ako tinatanong niyan”** ….kinikilig ako Arcie. Wag mo kong tanungin ng tungkol sa kanya =___=

**“wala lang. naisip ko lang kasi, siguro napaka cute niyong tignan dalawa pag naging kayo. And besides, naku itong si labanos, kung makatingin sayo eh sobrang lagkit. Kulang na lang matunaw ka. Hahahaha”**

**“t-talaga?”** malagkit tumingin saakin si Salvy?! Walangyang Salvy na yan! Mamaya minamanyak na niya ko sa isipan niya eh =___=

Pero ibig sabihin ba nun tinititigan ako ni Ren?

Ay tofu erase erase! Baka naman guni-guni lang ni Arcie!

*“hehehe naku imposible yun!”*

**“ano ka ba! Everything is possible. Pero what if.. what if lang ha? umamin si labanos sayo na may gusto siya sayo, would you give yourself a chance para mahalin din siya?”**

Huwaaaaaaaaaaat daw ang tanong niya?! Ay jusmiyo nalurkey ako! Anong chance chance?! Eh umpisa pa lang mahal ko na siya!

Etong si Arcie kung makapagtanong masaydong…*nakakakilig!*

**“ah.. uhmmm. M-maybe?”** sagot ko sa kanya

**“huwaaaaaaaa!!”** nagtatatalon bigla si Arcie then yumakap saakin “**basta pag naging kayo ako ang number 1 fan ng loveteam niyo!”**

**“hehehe ano ka ba”** kinikilig aketch! Anebeeee!

Baka may gusto nga talaga saakin si Salvy kaya tinatanong ako ni Arcie ng ganito? Wahehehehehehe kinikilig ako! Ako’y kinikilig. Wahehehehehehe

Lumabas na kami ni Arcie sa restroom then nakita namin na naka serve na yung food namin.

Umupo si Arcie sa tapat ni Jiro, ako naman sa tapat ni Ren. Medyo nagkatinginan kaming dalawa pero agad kong binawi yung tingin ko.

Oh Lord, bakit ganito ang puso ko, naabnoy na ata? Yung mere thought palang na may gusto siya saakin eh nakakakilig na. What if totohanan na? edi namatay na ko?

Pero kung iisipin hindi rin naman siguro malabong mangyari yun di ba? I mean kahit papaano naman may good traits din ako. May pagka maldita pero cute naman ako kahit papaano di ba?

Naku kahit hanggang crush lang ako ni Ren masaya na ko! Mwahahaha

**“oo nga pala guys, may sobra pang pandalawang tao yung tutuluyan natin sa ski resort, baka gusto niyo magsama ng iba?”** tanong ni Jiro

**“hindi ba susunod yung iba pang S6?”** tanong ko naman

**“nope! May kanya kanya silang mga lakad eh”**

**“oww sayang naman, wala naman akong maisip na pwede pang isama natin”**

**“uhmm guys ako meron isasama**” sabi ni Ren **“pwede ko bang isama si Autumn? Uhmm friend ko siya”**

AY FUCHSIA!!

**“oh sure pwedeng pwede”** sagot ni Jiro

Ampupu naman oh!!! Akala ko magiging maganda pasko ko! Eh bakit hindi pa nagsisimula eh nasisira na to agad?!

Grrrrrr!

**“ok then pwede rin ba ko magsama? Isasama ko si Blake sana”** singit ko

**“blake? Who’s he?”** tanong ni Arcie

**“manliligaw ko”** sagot ko naman. opo ako na makapal ang mukha! Eh bakit ba!! Nakakayamot si Salvy eh!

**“n-nanliligaw na sayo yung french toast na yun?!”** tanong ni Ren

**“weeeeee gwapo ba? Pakilala mo saamin!**” – Arcie

**“tama Amber isama mo siya”** – Jiro

**“oo nanliligaw na siya. And yep ang gwapo niya! Ben Barnes look-a-like”** - Ako

**“Wag mong masama sama yung French toast na yun kung ayaw mong matusta siya!”** – Ren

**“eh bakit ba?! Ikaw nga isasama mo si taglagas eh!”** – ako

**“taglagas?!”**

**“oo taglagas siya!”**

**“French toast si blake!! Sunog na french toast!”**

**“may maputi bang sunog?! Ikaw Salvy ka! Malantod si taglagas!”**

**“wag mo siyang sabihan ng ganyan di yan totoo! Si Blake mo manyak!”**

**“excuses moi! Wag mo siyang itulad sayo no! gentleman siya!”**

**“hindi ako manyak!”**

**“manyak ka!”**

**“hindi!!”**

**“oo!!”**

**“hindi!!”**

**“HEY LOVEBIRDS TUMAHIMIK KAYO!”** natigilan kaming dalawa ni Ren sa pagaaway pero pareho kaming naka pout **“kayong dalawa eh ang cute cute niyo alam niyo yun?! Wag nga kayo mag away! Sus nag seselosan lang kayong dalawa”**

**“HINDI NO!”** me and Ren both said in chorus

Itlog ng crocodile! Nakakayamot talaga siya!!

BAKIT BA AKO INLOVE SA TAONG GUSTO KONG ISUMPA?!

GGGGGRRRRRRRR

**Chapter 9**

***snow**

**“you’re really pretty like what’ve Ren said! I’m really glad to meet you!”**

**“thanks Autumn”**

Tinignan ko si Ren, Autumn at Arcie habang nag uusap. Grrr nakakaasar! Talagang sumama yung epal na babaeng yun sa outing namin! Tapos ngayon nakikipag friendship pa siya kay Arcie! Nakakayamot!

**“let’s go shopping sometime”** Autumn told Arcie

**“oh sure! Arcie would love that”** sabi naman ni Ren

**“really?”** hinawakan ni Amber ang kamay ni Arcie **“yey! I’m so excited”** then nagtatalon siya bigla.

Psh! Patirin kita diyan eh! Makahawak ng kamay ni Arcie wagas! Hoy! Bitawan mo siya baka mahawahan mo pa ng virus mo!!

**“siguro kung nakakatunaw ang tingin matagal ng natunaw si Autumn no?”**

Lumingon ako sa gilid ko and nakita ko si Jiro doon.

**“Jiro, ano tingin mo kay Autumn?”** tanong ko sa kanya

**“Kay Autumn? Hmm very british ang mukha, ang cute ng accent, maganda, sexy, makinis, mabait, bagay sila ni Ren”** sabi niya sabay ngiti saakin

Akala ko kaibigan ko siyang tunay. Ayoko na sayo Jiro! >___<

**“oo alam ko naman yun! Bagay sila sobra! Pareho silang impakto sa buhay ko!!”**

**“hahahahaha I’m just kidding Amber wag ka ngang high blood! Halatang naiinsecure ka masyado kay Autumn!”**

**“a-ano?! Insecure?! Ako?! Sa babaeng yan?! Excuse me no!! bakit naman ako maiinsecure! Alam kong mas maganda ako, mas sexy, mas makinis, mas mabait at..at .. at—“**

**“—at mas bagay kayo ni Ren?**” tanong ni Jiro ng may halong nakakalokong tingin

**“-at mas matalino!”**

**“hahahahaha over defensive ka Amber! Don’t worry, for me mas lamang ka sa kanya no. And para din saakin mas bagay kayo ni Ren”** he winked

Namula naman ako bigla **“hindi ko mahal si Ren no”**

**“don’t deny. Kilalang kilala kita”**

I pout.

Ang hirap palang maging friends ulit sa ex boyfriend mo lalo na kung kay Jiro. Alam na alam kung may nagugustuhan ka ng iba. Ampupu. =___=

Nakita kong papalapit sina taglagas saamin ni Jiro.

**“by the way autumn, this is Jiro. Jiro, this is Autumn”** pagpapakilala ni Ren kay Autumn

**“nice meeting you handsome”** Autumn stretched her hand to Jiro sabay tingin ng malandi dito.

AY ANG LANDI LANDI LANDI LANDI!

Nakita kong sumimangot ang mukha ni Arcie sa kanya. Si Ren naman parang walang napansin.

Si Jiro, instead na kunin ang kamay ni Amber, inirapan niya lang to sabay talikod at naglakad palayo.

**“oh forgive my *boyfriend* he’s really snobbish”** Arcie told her then hinabol si Jiro kaya naiwan kami ni Ren na nakatayo.

**“ano problema nung Jiro na yun? Nasa menopausal stage na naman? Akala ko nung naging sila ni Arcie nabawasan na kasungitan nung menopausal prince na yun eh”**

***“nagsusungit lang yun pag hindi kanais nais ang nasa harapan niya”*** bulong ko

**“ano sabi mo?”**

**“Wala!”**

**“hmpf! Pati ikaw ang sungit din! Pareho kayo ni Jiro! Oo nga pala bat hindi pa tayo umaalis? Ano pa ba hinihintay natin?”**

Ngayon na kasi ang alis namin papuntang ski resort kaya nga nandito narin si taglagas eh.

**“eh wala pa kasi si—“**

**“—Amber”** napalingon ako sa tumawag saakin at nakita ko doon na nakatayo si Blake

**“B-blake, you’re here”**

**“forgive me for being late. I’ve went to the coffee shop to buy you this”** may inabot siya saaking paperbag and isang tingin ko pa lang alam ko na kung ano laman nun.

Kinuha ko ito and binuksan. Viola! Bumungad saakin ang pinakamamahal kong cheesecake at coffee

**“wow. Thank you Blake!”**

He smile **“don’t mention it!”**

Ayeyeyeyeyeyeyey. Kinikilig naman ako. Wahihihihi.

Bigla bigla naman hinila ni Ren yung braso ko.

**“huy! Ano ginagawa nung French toast na yan dito?!”**

Inalis ko yung pagkakahawak niya sa napakaganda kong braso **“bakit ba! Kasama natin siya no! tsaka Blake ang name niya hindi French toast!”** tong Salvy na to lahat na lang binigyan ng petname!

**“tss bat kasama yan?! Eh lakad to ng *barkada*”**

Napalingon ako bigl**a “oww lakad pala to ng BARKADA eh ano ginagawa ni taglagas dito ha?!”**

**“she’s part of the group bakit ba!”**

**“edi gagawin ko rin part of the group si Blake!!”**

**“eh bakit ano mo ba siya ha?!”**

**“eh bakit ano mo rin ba si Autumn?”**

**“soon-to-be girlfriend bakit?!”**

I was taken aback on what he said.

**“oh, sorry hindi ko alam”** I told him. Bigla rin naman nagbago ang expression ni Ren saakin. Siguro dahil nagtataka siya kung bakit ganito ang reaction ko.

Sus, wala lang naman saakin yun. Para lang akong. . .

. . .sinampal sa kaliwa’t kanan. Parang isinampal sa mukha ko yung *katotohanan.*

Soon-to-be-girlfriend? Ang sakit naman.

Aware ako na lokohan lang yung kanila. Alam ko naman na mahal pa ni Ren si Arcie at si Autumn naman mukhang naglalaro lang. Pero cheesecake naman oh! Tagus-tagusan sa puso ko yung sakit.

*Siguro sa kadahilanang hindi malabong mahulog din ng tuluyan si Ren kay Autumn.*

**“uhmm Amber, uhh a-ang ibig ko sabihin**—“

Hindi ko pinatapos si Ren sa pagsasalita, instead tinulak tulak ko siya ng mahina **“ayiieee ikaw Salvy ha! naku naku! Balitaan mo ko pag kayo na ah!”**

**“Amber!”** lumingon ako sa likod and nakita kong tinatawag na ko ni Arcie at Jiro. Kasama nila si Blake

**“wait puntahan ko muna sila”** I told him sabay takbo.

Tokwa, gustong mag collapse ng puso ko. Kaso ang masama, kailangan kong mag panggap na ok ako sa harapan nila.

Nilapitan ko sina Arcie “**hey Amber you didn’t tell us you have a very nice friend here”** sabi saakin ni Arcie

I smile **“so Blake already introduced his self to you”**

**“oui mademoiselle, I must say, Arcie and Jiro really look good together like what you told me”** sabi naman ni Blake. Madalas ko kasi kinukwento sa kanya si Arcie at Jiro. Pati nga yung past namin alam na niya. Ewan ko ba pero magaan kasi ang loob ko kay Blake.

Nagkwentuhan lang kami ng onti then afterwards nag decide na kaming umalis ng mapansin na nilang ang sama na ng mukha ni Autumn at mukhang inip na inip na. Kayamot yung babaeng yun siya na nga saling pusa dito siya pa nagmamaktol! Goodluck na lang kay Salvy pag naging sila. Siguro lagi silang nagaaway. Bwahahahahahaha.

Ok lumalabas na naman ang pagiging maldita ko. Ano ba Amber enough na sa kontrabida role okay? Reaching You na to hindi na My Prince. Sa My Prince ikaw ako ang epal sa storya, ngayon naman dito ako na bida kaya dapat mabait na ko, wag na kong magiisip ng masama sa kapwa, hindi na ko gagawa ng kalokohan at magpapaka damsel in distress na ko dito. ^___^

**“okay guys! Let’s hop in the car!”** sabi ko sabay pasok doon sa loob ng kotse

**“oh sure. Autumn will join me in my car”** sabi naman ni Ren

**“wait, that’ll be unfair! We’re all going to have fun inside the van and you two can’t join”** sabi ni Arcie

**“well that’s fine with me. Kesa naman iwan ko ang kotse ko dito”** sabi ni Ren.

Hmpf fine fine! Kahit naman hindi siya makisaya samin dito sa loob ng van ok lang sa kanya dahil kasama niya ang Autumn niya.

**“ok then, let’s have a draw lots on who will join Ren first in his car. After every stop over, someone will substitute that person. Are you ok with that Autumn?”** Jiro asked

**“oh sure, that’s fine with me”** Autumn said and threw Jiro and Blake a seductive look

Ang landeeeee

Pero nice idea Jiro. Gusto ko makita si Blake at Ren na magsasama sa loob ng kotse for almost 2 hours? Wahahahaha. Sana si Blakey ang unang sasama kay Ren

Nagpunit punit ng papel si Arcie then sinulatan niya ng numbers. After nun bumunot kami. Pagkakuha ko nung akin tinignan ko kung pangilang stop ko sasamahan si Ren.

Sinarado ko ulit ang papel.

**“who’s first?”** Jiro asked

Wala. Walang una

**“Amber anong number ang nakuha mo?”** tanong ni Arcie saakin

**“pang 11 ako”**

**“how come? Anim lang tayo dito”** tanong naman ni Ren

**“pang 11 nga ako! Alisin niyo yung 1 sa dulo!!”** sabi ko ng halong may pagkadismaya

At tinignan ako ng ngiting nakakaloko ni Arcie at Jiro. Alam niyo yung parang may binabalak silang masama saakin?!

Kinuha ko na yung gamit ko doon sa van. Badtreep naman eh. Gusto ko makipag party party sa kanila doon. Ayoko sa kotse ni Salvy. Boring, nakakaantok! Tsaka baka landiin ng lintang si taglagas ang Blake ko! T__T

Bago ako pumasok sa loob binulungan ako ni Jiro **“alam mo kung ano hiling ko ngayon Amber?”**

**“ha? ano?”**

**“masiraan kayo ni Ren ng kotse sa isang secluded place sabay uulan ng snow”** he grinned at me then pumunta na siya sa loob ng van.

Ay baliw na Jiro! Humiling ba naman ng masama?! T___T

Sumakay na ko sa loob ng kotse ni Ren pero hindi ko siya pinansin instead ininom ko na lang yung coffee na bigay saakin ni Blake and tumikim tikim doon sa cheesecake. Sorry naman, di ko na talaga mapigilan ang sarili ko pag dating sa cheesecake eh.

**“tss kain ng kain ng cheesecake! Hindi naman namimigay”** bulong ni Ren

**“oh gusto mo?”** sabi ko sa kanya then nag akmang susubuan ko siya

**“kung galing lang doon sa French toast na yun never mind na lang!”** he told me bitterly

**“sus hindi mo ba alam na si Blake ang isa sa mga lalaking pinaka thoughtful na nakilala ko”**

**“totpul totpul! Pakitang tao lang yun!”**

**“teka nga bat ba galit na galit ka kay Blake ha?”**

**“eh kasi naman eh--!! Wala ka na paki doon!!”** sagot niya saakin.

Labo ng lalaking to! Teka baka naman may hidden chuvachuchu siya kay Blake? Di ba sabi nila the more you hate the more you love? Wahahaha baka naman tagilid na ang gender nitong Salvy na to?

*Pero wag naman sana. Paano na ko?*

Ay echos lang yun!! Wala ako paki sa kanya! Tutal soon to be girlfriend na naman niya si Autumn eh. Mas ok siguro kung tatantanan ko na to. Ayoko na mahalin si Ren.

*Bwisit nga lang na puso to ayaw paawat.*

Biglang binuksan nag patugtog si Ren

*I can still remember yesterday, we we're so inlove in a special way*

*Knowing than you love me makes me feel oh so right*

Ay talaga naman ang senti. Sasabay saakin?

Bigla kong nilipat yung radio

*I've had the time of my life*

*And I never felt this way before, and I swear this is true*

*And I owe it all to you*

**"ano ba yan bat mo nilipat?!"** galit niyang sabi saakin

**"eh kasi naman nakakaantok ang pinapatugtog mo eh!"**

Di niya ko pinansin at nilipat ulit yung radio

*I'll be your crying shoulder—"*

Syempre di ako nagpatalo at nilipat ko ulit

*She lives in the fairy tale some—"*

At nilipat ulit niya sa love song, ako sa rock song, pero di parin siya nagpatalo kaya nilipat niya ulit. At syempre magpapatalo ba ko? Syempre hindi. Hanggang sa pareho na naming pinipindot yung button at bigla na lang niyang nahawakan ang kamay ko. Huminto yung kotse and nakatitigan kaming dalawa. Hawak hawak parin niya yung kamay ko. Agad ko naman itong inalis

**"sorry"** sabi niya then pinaandar niya na ulit yung kotse

Iniwas ko yung tingin ko sa kanya. Para pang nangaasar dahil alam niyo ba kung anong kanta na ang pinapatugtog ngayon?

*When I look into your sad eyes*

*It made me feel for you*

*Coz I don't see the light*

*That was always shining through*

Naalala ko tong kantang to. Kinanta niya to saakin nung mga panahong umiiyak ako ng dahil kay Jiro.

Ang unang kantang nagpagaan ng loob ko.

*Someone broke your heart, and then it's easy to give up*

*I'm telling you it's not the end*

*It's not the end of love*

Kung magaling lang akong kumanta siguro ako naman ang hahawak ng gitara at kakantahan siya para mawala ang sakit na nararamdaman niya ngayon

*Keep believeing baby, coz everything happens for a reason*

*And though tonight tears fill your eyes*

Everything happens for a reason? Kasama  ba sa reason na yun na kaya ako nasaktan dati kay Jiro kasi ang tunay kong mamahalin ay si Ren? Pero siya kaya? Ano kaya o sino kaya ang magiging dahilan kung bakit hindi naging si Ren at Arcie? Gusto ko man isipin na sana ako na yun, pero ayokong mag assume. Masakit kasi eh.

*Don't stop dreaming girl, I'll be right here to lean on*

*You gonna make it through*

*I wanna see you*

*Keep believing*

Keep believing? Pero naniniwala pa kaya si Ren na may mamahalin pa siyang iba higit pa kay Arcie?

Hay nababaliw ako. Hanggang ngayon di ko parin sukat akalaing mahuhulog ako sa kanya.

Tinignan ko si Ren. Ang lapit lapit niya saakin ngayon. Pero bat pakiramdam ko kahit anong gawin ko hindi ko siya maabot. Kahit ganito siya kalapit saakin, yung puso niya lagpas langit ang layo. Kahit anong gawin kong pag abot, hindi ko parin siya maabot.

**“ay pusa!!”**

Bigla akong napakapit ng maigi kasi bigla bigla na lang huminto yung kotse ni Ren.

**“anong nangyari?!”** tanong ko sa kanya

**“sh1t nasiraan ata tayo!”**

**“a-ano?!”**

Bumaba kami ni Ren ng kotse then chineck niya yung machine ng kotse. After a couple of minutes na pagtingin **“walang pag-asa. Sana madaanan tayo nila Jiro dito”**

Tinignan ko yung lugar, medyo secluded siya and hindi kami madaling makikita ng tao. Bigla tuloy nag flashback sa isip ko yung sinabi ni Jiro saakin kanina

*“alam mo kung ano hiling ko ngayon Amber?”*

*“ha? ano?”*

*“masiraan kayo ni Ren ng kotse sa isang secluded place sabay uulan ng snow”*

Ay bwisit na Jiro talaga! Ang galing galing humiling! >___<

At alam niyo kung ano pa ang nakakaasar?

Bigla na lang nag snow.

**Chapter 10**

***winter night***

**[Amber’s POV]**

**“You can come back here tomorrow to fetch your car”**

**“tomorrow?!”**

**“yes sir. I’m sorry but it cannot be fixed in a few hours.”**

Lumabas kami ng shop ni Ren na halos nanlulumo. Bukas pa makukuha yung kotse? Paano kami nito?

**“hay ang malas talaga!!”** napakamot si Ren ng ulo niya **“matawagan na nga lang muna sina Jiro”** kinuha niya yung phone niya sa bulsa niya **“oh sh1t dobleng malas. Empty batt na ko. Nilaro kasi to ng nilaro kanina ni binbo!”** >___<

**“yung akin na lang”** kinapa ko yung bulsa ko para kunin yung cellphone ko ng maalala kong hiniram pala kanina yun ni Jiro at hindi na naisoli saakin **“n-na kay Jiro ang phone ko”**

**“ha?! paano na tayo? Nag iisnow pa naman. walang kotse. At mukhang malayo sa kabihasnan ang lugar na to”**

Napatingin ako sa paligid. Wala nga akong makitang pwedeng pag silungan namin. Medyo giniginaw narin ako dahil sa snow.

Paano kaya kung biglang…

Napatakip ako ng bibig **“h-hindi pwede. Hindi pwede to!!”**

**“ha? ang alin?”**

**“paano na lang kung wala tayo masilungan? Paano kung mamatay tayo sa lamig? Magka hypothermia tayo? Tapos biglang may dumating na polar bear at kainin ang mga katawan natin?! Paano na lang pag nangyari yun?! Ha?! paano?! Ayoko pa mamatay!! Ayoko pa!”**

**“amber hindi tay—“**

**“—madami pa akong pangarap sa buhay! Gusto ko pa makapag tapos ng pagaaral! Kailangan ko pa makapagtayo ng sarili kong business---“**

**“amber!—“**

**“gusto ko pa magka boyfriend ulit! Magkaasawa! Magkaroon ng anak yung kambal ha? isang lalaki at isang babae! Hindi pwedeng basta basta na lang ako mamatay—“**

**“Amber!!—“**

**“hindi ako makakapayag! Hindi! Hindi pwede! Kailangan natin mabuhay!! Hindi pwedeng matapos na lang ang buhay natin ng ganito na lang! hindi ako papaya! Hin—“**

**“--hay naku!!”** bigla akong hinila ni Ren papalapit sa kanya atsaka ako hinalikan

. . .sa labi.

**“that shuts you up. Hindi tayo mamatay ok?”**

I nod then naglakad ng mabilis palayo sa kanya.

Ay cheesecake. Hinalikan niya ko? Hinalikan niya ko ng wala wala lang? smack lang yun. Halos isang segundo lang nag dikit ang mga labi namin pero anak ng tokwa naman oh bakit ako nanginginig ng ganito? Bakit nararamdaman ko parin ang labi niya sa labi ko?

Isang halik.

Ang isang halik na baliwala lang sakanya at ginawa lang niya para mapatahimik ako. Bakit saakin ang laking epekto na nun?

**“uy meztisang hilaw hinatyin mo naman ako! Bat ba ang bilis mo mag lakad”** hinawakan niya ang braso ko at iniharap niya ko sa kanya **“oh bat namumula ka? Dahil ba doon sa--?”** tinignan niya ako ng nakakaloko

**“CHE!”**

Tinalikuran ko ulit siya at naglakad ng mabilis palayo.

Ampupu naman oh! Kita niyo yun?! Kita niyo yun?! Parang wala nga lang sa kanya na hinalikan niya ko eh! Nakakaasar talaga! He just stole a kiss from me then kung maka-asta siya parang wala lang?!

He did it just to shut me up?! Oh come on! Sana tinapalan nalang niya ng kung anong bagay ang bunganga ko kesa yung labi niya ang itinapal niya sa labi ko!

*Malanding konsensya:*

*Hay naku Amber wag ka nga mag galit galitan diyan! Kilig na kilig ka naman eh! Kung tutuusin gusto mo pa nga mag dadadakdak diyan baka sakaling patahimikin ka niya ulit gamit ang mga labi niya. Wag kang plastic, nag enjoy ka sa ginawa niya.*

Ay walangyang malanding konsensya. Sige lang ilaglag mo lang ako. =___=

**“Aray ko!!”** bigla naman akong natumba gawa ng may nakaharang na sanga ng puno sa dinadaanan ko kaya napaupo ako sa may snow.

At talagang nilaglag nga ako ni malanding konsensya >___<

**“Meztisang hilaw!!”** tumakbo si Ren papalapit saakin **“ok ka lang ba? Ano nangyari sayo?”**

**“ha? ah oo. Napatid lang”** patayo na sana ko ng bigla naman umupo si Ren sa harapan ko habang nakatalikod siya

**“sakay na. I’ll give you a piggyback ride”**

**“ha? ano ka ba!”** tumayo ako **“ayan oh nakakatayo pa ko. Napatid lang ako”**

**“eh basta! Sumakay ka na dali na!”**

**“p-pero bakit?”**

Bago pa ko nakaangal hinila na ko ni Ren papalapit sa kanya at isinampa ako sa likod niya

**“o-oy! Salvy ano ba!! Hindi naman ako napilayan eh!”**

**“wag ka nga magulo! Gusto lang kitang buhatin kasi baka mapagod ka sa paglalakad”**

Binuhat niya ako dahil ayaw niya ako mapagod? Concern siya saakin?

Tahimik lang ako habang buhat buhat niya ako pero yung puso ko sobrang lakas ng kabog to the point na rinig na rinig ko ang pagtibok nito. Siya kaya, nararamdaman niya kaya ang mabilis na pagtibok nito? Naririnig niya kaya ang malakas na kabog nito?

*Sana hindi.*

**“meztisang hilaw”**

**“hmm?”**

**“nakakapagtaka. Ang sexy mo naman pero ang bigat mo pala”**

Hinampas ko siya sa braso **“ang sama sama mo! Ibaba mo na nga lang ako kung nabibigatan ka saakin!!”**

**“hahahaha ayoko nga. Nageenjoy pa ko masyado sa pagbubuhat ko sayo eh”**

Namula ako bigla sa sinabi niya.

Jusko ano ba ang sumanib sa Salvy na ito at grabe akong pinapakilig ngayon ha?

Maya maya may nakita kaming isang maliit na inn doon. Agad naman namin itong nilapitan. Ibinaba narin ako ni Ren.

I knocked **“hello, excuse me? Is anybody home?”** tumingin ako kay Ren **“walang sumasagot. Baka sarado sila”**

**“eh? Imposible yan!”** si Ren naman ang kumatok **“tao po!! Tao po! Makikituloy lang ho! May pambayad naman kami eh. Pagbuksan niyo na kami!”**

**“ano ka ba naman Salvy! Para namang maiintindihan ka nung kung sino man ang nasaloob. Haller we’re in England remember?”**

**“eh malay mo naman!”** nagpatuloy siya sa pagkatok **“tao po! Tao po!!”**

Nakarinig kami ng mga footsteps na pababa ng hagdan at isang boses ng matandang babae **“ay naku sandali lang! itong mga batang ito hindi makapag hintay! Mga Pilipino talaga oh!”**

Nagkatinginan kami ni Ren bigla

**“see. Nagtatagalog siya”** sabi niya saakin.

Binuksan nung matandang babae yung pintuan ng inn, and as obviously, Pilipino nga siya

**“hi po lola! Pwede po ba kami kumuha ng dalawang room? For overnight stay lang po”**

**“ha?! dalawang room?! Isa lang ang kuhanin niyo! Dapat ang mga nag ho-honeymoon isang kwarto lang! ano ba naman kayo! Paano kayo makakabuo niyan kung magkahiwalay kayo ng kwarto?!”**

Nagtinginan kami bigla ni Ren and agad din namin iniwas ang tingin namin sa isa’t isa.

Pinagkamalan ba kaming bagong kasal ng Salvy na to?! Jusko naman! Umakyat ata ang lahat ng dugo ko sa mukha ko >__<

**“h-hindi po kami bagong kasal lola. Magkaibigan lang kami”**

**“eh basta! Isang room na lang ang available! Take it or leave it?!”**

Aba’y ang taray ni Lola!

**“sige po lola wag na lang po”** sabi ko

**“oo nga po lola. Sige po babye”** pagsangayon ko naman then tuluyan na kami lumabas ni Ren sa inn.

Delikado pag kasama ko ito sa kwarto ng kaming dalawa lang! baka makagawa ako ng mortal sin! Mamaya niyan eh magahasa ko ang isang to kaya mas mabuti pang humanap na lang kami ng ibang matutuluyan. Weird din ni lola eh. Ayaw kami bigyan ng dalawang room samantalang para naman walang katao-tao sa inn niya. Lola talaga lakas mag joke. =___=

After 30 minutes

**“lola kukunin na po namin yung kwarto”** =__=

**“hay naku tong mga batang to! Nagpakapagod lang kayo! Saakin at saakin lang din ang bagsak niyo!”**

Binigay saamin ni lola yung susi nung room namin ni Ren.

In the end dito parin kami tutuloy. Wala ng choice. Wala na kami mahanap ni Ren na masisilungan. Kesa matulog kami sa labas at mamatay sa lamig at lapain ng mga polar bears mas mabuti na to.

God, guide me. Wag niyo po sana akong hayaan na makagawa ng kasalanan dito. Ayokong mang rape ng isang gwapong matakaw na nilalang. >__<

Naupo ako doon sa sofa habang si Ren naman ay inaayos yung mga gamit namin dalawa.

**“Salvy, dito ka matulog sa sofa ha ako sa kama”**

**“ayoko nga! Kasya naman tayo sa kama eh!”**

**“ehhh hindi pwede yun no! Babae ako lalaki ka. Hindi naman tayo kasal o mag jowa kaya di yun pwede”** kahit gustuhin ko man =__=

**“sus anong hindi pwede. . .*eh natulog ka na nga dati sa tabi ko eh”***

**“ano yun?”**

**“wala”**

Kinuha ni Ren yung gitara niya then naupo doon sa tabi ko. **“meztisang hilaw, ang ganda pala talaga pag nag snow no? simula nung tumira ako dito ngayon ko lang nakita ang snow”**

**“hehe eh hindi ka pa naman katagalan dito eh. Pero masarap nga talaga dito pag nag i-snow. Favorite ko ang winter season”**

**“me too”** he smiles at me then nag strum siya sa gitara niya **“gusto mo kantahan kita?”**

**“Wag na no! mamaya eh umulan pa!”**

**“hindi naman uulan sa gitna ng winter no! sige na kakantahan kita!”**

**“oo na sige na kumanta ka na nga”**

Nginitian niya ulit ako then nag start na siya mag strum ng gitara niya.

Hindi nakatingin saakin si Ren habang tumutugtog siya. Instead doon siya sa gitara niya nakatingin kaya naman sinamantala ko yun at tinitigan siya.

**“Heto na naman**
**Sulyap ng 'yong mata**
**Na nagsasabing, ika'y nag-iisa”**

Hindi ka naman nagiisa eh. Hindi man kayo ni Arcie pero hindi ka nagiisa. Lumingon ka lang kasi, nandito naman ako.

**“Pinilit kong sabihin**
**Ngunit di ko magawa**
**Na magsabing gusto kita”**

Pero paano ko nga ba sasabihin sayo? Eh si Autumn naman ang pinapansin mo *dahil katulad siya ni Arcie.* Tsaka isa pa natatakot ako, na baka pag sinabi ko sayo ang nararamdaman ko, masaktan ako at magiba ka narin ng pakikitungo saakin.

Sa ngayon, masaya ako ng ganito tayo.

**“Tuwing makikita ka**
**Ang damdamin ay hindi mapigilan”**

Alam mo bang kada magkasama tayo parang gustong gusto kita yakapin? Gusto kong hawakan yung kamay mo at alisin sa puso mo lahat ng sakit na nararamdaman mo ngayon. Ang problema hindi ko magawa, *kasi ayaw mo kong papasukin sa puso mo.*

Nagulat ako ng biglang huminto sa pagtugtog si Ren and tinitigan niya ako. Medyo nailang ako kasi nahuli niya akong nakatitig sa kanya pero sa hindi ko malamang kadahilanan, *hindi ko parin inalis ang tingin ko sa kanya.*

Tinuloy niya ang pagkanta niya but this time nakatingin siya ng seryoso sa mga mata ko.

*Para bang may gusto siyang ipahiwatig saakin.*

**“May nagmamahal naba sayo?**
**Kung wala'y ako nalang**
**Lahat ibibigay sayo**
**Nang walang alinlangan”**

Napalunok ako bigla.

Ano to? Ano ibig sabihin ng kantang to? Bakit siya nakatingin saakin ng ganyan?

Ano ang gusto niyang sabihin?

**“Sana'y bigyan naman ng pansin**
**Ang puso kong ito**
**Kaya tanong ko lang**

**Kung may nagmamahal naba?**
**Sana'y ako nalang"**

Huminto ulit siya sa pagkanta pero hindi niya parin inaalis yung seryosong tingin niya sa mga mata ko.

**"Amber, bakit. . bakit ganito?"**

**"a-anong ibig mong sabihin?"**

**"ang *weird.* Alam mo ba, natutuwa ako talaga na kasama ang taong to. Nakakatuwa siyang asarin, at the same time napakagaan ng loob ko sa kanya. Makita ko lang siyang ngumiti parang kumpleto na ang araw ko. Nawiwirduhan talaga ako. Pero masaya ako pag kasama ko siya sobra. Nakakapagtaka lang kung bakit nararamdaman ko ang mga bagay na to sa kanya. At bakit sa lahat ng tao, *siya pa?"***

**"s-si Autumn ba yung tinutukoy mo?"** hindi ako sinagot ni Ren instead ngumiti lang siya. Iniwas ko agad ang tingin ko sa kanya.

Si Autumn nga yun, malamang.

Ang sakit.

**“nakakatuwa nga eh, kada kasama ko yung taong yun lagi na lang ang bilis ng tibok ng puso ko”** kinuha niya bigla yung kamay ko at itinapat ito sa dibdib niya **“parang ngayon lang”**

Napatingin ako bigla sa kanya **“R-ren?”**

**“nararamdaman mo ba Amber? Nararamdaman mo ba ang bilis ng tibok ng puso ko?”**

**“a-anong ibig—“**

**“—yung iyo rin ba ganito kabilis?”**

Napatitig ako sa mata ni Ren at nakita kong seryosong seryoso siya. Hinihintay ko ang mapang asar niyang ngiti sabay sabi ng “joke lang” kaso walang dumating.

Huminga ako ng malalim at naramdaman ko,

. . . .sobrang bilis din ng tibok ng puso ko.

**Chapter 11**

***Ren's lullaby***

**[Amber's POV]**

**"nararamdaman mo ba Amber? Nararamdaman mo ba ang bilis ng tibok ng puso ko?"**

**"a-anong ibig—"**

**"—yung iyo rin ba ganito kabilis?"**

Napatitig ako sa mata ni Ren at nakita kong seryosong seryoso siya. Hinihintay ko ang mapang asar niyang ngiti sabay sabi ng "joke lang" kaso walang dumating.

Huminga ako ng malalim at naramdaman ko,

. . . .sobrang bilis din ng tibok ng puso ko.

Hindi ako makapagsalita. Nakatitig lang ako kay Ren habang sobrang bilis din ng tibok ng puso ko siguro dala narin ng kaba at. . . .dala narin nung nararamdaman ko para sakanya.

Hindi makapagisip ng matino ang utak ko. Ramdam na ramdam ko ang tibok ng puso ni Ren to the point na parang naririnig ko na ito.

Yung akin kaya, naririnig din niya? Naririnig kaya niya na ipinagsisigawan nito ang pangalan niya?

**"Amber.."** lumapit si Ren saakin ng sobrang lapit habang hawak hawak parin niya ang kamay ko na naka place sa chest niya. Tinitigan niya ako maigi sa mata. Then from my eyes ibinaba niya ang tinigin niya papunta sa labi ko at naramdaman kong mas lalong bumilis ang tibok ng puso ni Ren.

Napalunok ako at naramdaman ko narin ang mas mabilis na pagtibok ng puso ko. Mas lalong inilapit ni Ren ang mukha niya saakin pero hindi parin niya inaalis ang pagkakatitig niya sa mata ko. 2 inches, 1 inches, habang papalapit ng papalapit mas lalong bumibilis ang tibok ng puso ko na akala mo eh gusto na nitong lumabas sa katawan ko.

At boom!

Dala ng nararamdaman ko at sobrang KATANGAHAN, bigla ko na lang hinugot ang kamay ko sa pagkakahawak niya sabay tayo.

**“hehehehhee o-oo nga no? a-ang bilis nga ng tibok ng puso mo. N-naku delikado yan m-mamaya eh m-may sakit ka na sa puso! T-try mo kaya mag paycheck up?”** sabi ko sa kanya

**“h-ha?”**

**“hehehehehe”** ipinaypay ko ang dalawang kamay ko saakin “grabe ang init no? naiinitan ako”

**“nag i-snow kaya”**

Poink! Oo nga pala nag iisnow, pero swear naiinitan ako ngayon. Lalo na sa bandang mukha? Parang ang init init ng mukha ko. =___=

**“uhmm labas muna ko ha?”** tumakbo ako palabas ng room at nagpunta sa lobby ng inn.

*Ano yun? Ano ibig sabihin ng mga bagay na yun?*

Parang ang hirap paniwalaan ng lahat ng mga nangyayari. Walang sinabi saakin si Ren kung bakit niya ginagawa yun, but yung mga actions niya hindi pa ba obvious ang gusto niyang ipahiwatig?

Umiling iling ako. Imposible, napaka imposible, si Ren? As in si Ren Salvy na napaka manhid at hindi pa maka get over hanggang ngayon kay Arcie ay biglang. . . imposible.

Pero ano yun?

AY NAKU NAPAKA SALVY TALAGA NG ISANG YAN! Gusto ko siyang iwan sa labas at ipakain sa polar bear! =__=

Bakit ba grabe ang epekto niya saakin?

Hahalikan niya ba ko kanina? Yung mga tingin niya sa mata ko pati sa labi ko.

Muntik na nga ba niya kong halikan?

*pukpok sa ulo* eh napaka bobpols mo naman kasi Amber eh! Sukat tumayo tayo ka pa kanina hindi mo tuloy nalaman lahat!

Pero talagang pinangunahan lang ako ng kaba kanina eh. Kung di ako tumayo malamang eh pumanaw na ko ngayon dahil yung puso ko lumabas na ng tuluyan sa katawan ko.

Baka naman ginugoodtime lang ako nun?! Baka mamaya trip trip lang niya yun! Baka naman gusto niya lang makita yung mukha kong pulang pula ng dahil sa kanya! Grrrrrr nakakainis talaga na Salvy yan!!

Pero ano ang ibig sabihin nung heartbeat niya? Bakit yung tibok ng puso niya kasing bilis nung tibok ng puso ko? Hindi naman pwedeng pekein ang tibok ng puso ng isang tao di ba?

Napabuntong hininga ako.

*Hay Ren Salvador, bakit ba nakakabaliw ka ha?*

**“pagibig ang tawag diyan hija”**

Napatingin ako doon sa nagsalita at nakita ko si lola na may ari ng inn

**“kung patuloy niyong itatanggi sa mga sarili niyo ang mga nararamdaman niyo eh naku pareho na kayong mga mukhang baliw na ang sarap tuktukan ang ulo ng matauhan”** may inilapag si lola na isang cup ng coffee sa harap ko **“kung mahal mo kasi, ipagtapat mo hindi yung tinatago mo. Sige ka nakakabaliw yan”** sabi ni lola sabay alis.

Si lola makabanat wagas =___=

Kinuha ko yung coffee then nag sip ako.

Pero kung iisipin mo, may point si lola eh. Sana nga lang meron akong lakas ng loob.

Lumubog na ang araw nung pumasok ako ng room. Nadatnan ko naman si Ren doon na natutulog na.

Pasaway talaga na Salvy to. Sabi ng sa sofa siya matulog eh, talagang sa kama pa natulog! Hay naku.

Pumasok ako ng CR para makapag linis ng katawan at makapag palit ng pantulog. Buti na lang at puro pajama ang dala ko at walang lingerie kung hindi baka mamanyak ako ng Salvy na to :p

Pagkalabas ko ng C.R talagang ang himbing na ng tulog niya. Nilapitan ko siya then tinitigan ko ang mukha niya.

Bakit ba kahit nakakaasar ka eh hindi ko parin maiwasan na magwapuhan sayo? Ang gwapo mo talagang lalaki ka eh! Lalo na pag tulog. Para kang anghel na sinipa este inihulog ng langit.

Hinaplos ko ang mukha niya.

Bakit ba ganito ang nararamdaman ko sayo? Bakit yung puso ko tumitibok ng mabilis ng dahil sayo? Bakit ba nakakabaliw ka ha?

*Bakit sa lahat ikaw pa?*

Nagulat ako bigla ng hawakan ni Ren ang kamay ko sabay hatak saakin pahiga sa kama.

**“R-ren!”**

Nung makahiga ako bigla naman niya ako niyakap ng mahigpit

**“g-gising ka?”**

Dumilat siya then ngumiti **“bakit mo hinahaplos ang mukha ko? Nagagwapuhan ka no?”**

Namula ako.

Shoot. Nahuli niya ako! Nakakahiya!! O///O

Itinulak ko siya kaso masaydong mahigpit ang pagkakayakap niya saakin “**doon ka nga Salvy! Sa sofa ka! Wag ka dito!!”**

**“ayoko nga! Laki laki ng kama eh! Kasya naman tayong dalawa dito”**

**“bakit tayo ba para magtabi sa kama?!”**

**“hindi. *Pero pareho naman tayo ng pintig ng puso kaya ok lang na magtabi tayo sa pagtulog”***

Mas lalong namula ang mukha ko sa sinabi niya.

**“Amber sorry and thank you sa lahat”**

**“h-ha? para saan?”**

**“alam mo na yun”**

**“Ren, bakit ka ba ganito ngayon? Para kang lasing”**

He chuckled **“oo tama ka. Ganito pala ang pakiramdam pag hinayaan mong masunod ang dikta ng damdamin mo no? Para kang lasing na nababaliw na ewan”**

**“anong ibig mo sabihin?”**

**“yung nararamdaman ko sayo, alam ko naman talaga kung ano yun eh, ang problema hindi ko malaman kung bakit ganun ang nararamdaman ko. Parang alam mo yun, imposible mangyari kahit malinaw na sa pakiramdam ko na nangyayari na. Naiintindihan mo ba ang sinasabi ko?”**

Napangiti ako **“oo, naiintindihan ko”**

Katulad din ng sinasabi niya, ganyan din ang nararamdaman ko. Alam niyo yung alam ko sa sarili ko na 'love' ang tawag doon sa nararamdaman ko kay Ren kaso nga lang hindi ko maintindihan kung bakit sa kanya ko nararamdaman ang bagay na yun? Imposibleng nahulog ako sa kanya kahit na malinaw pa sa sikat ng araw ang nararamdaman ko. Hanggang ngayon nagtatalo parin ang utak at puso ko.

**"buti naman naiintindihan mo"** mas lalo akong inilapit ni Ren sa kanya at hinigpitan ang pagkakayakap saakin to the point na halos magkadikit na ang mga noo namin **"pero ngayong gabi, hahayaan ko muna na manalo ang nararamdaman ko. Sana pagbigyan mo ko"**

I nod **"oo naman. dahil ako rin ganun ang gagawin ko"** hahayaan ko din manalo ang nararamdaman ko.

*Kahit sa sandaling panahon lang na ito*

He smile at me kaya napangiti din ako sa kanya

**"hay nakakainis!!"** sabi ni Ren

**"bakit naman?"**

**"eh kasi naman ang ganda ganda mo eh lalo na pag ngumingiti ka! Mamaya hindi ko na mapigilan ang sarili ko at may magawa ako sayo!"**

Hinampas ko siya sa braso kaso mahina lang **“subukan mo lang at idedemanda kita ng child harrasment!”**

**“hahaha bakit child ka ba?**” bigla naman niyang hinalikan ang forehead ko **“sige na kahit noo na lang muna. Kaya ko pa naman pigilan ang sarili ko”**

Napangiti ako. Ano ba! Kinikilig ako! Mamaya ako na ang matempt at mahalay ko na ang lalaking to eh! Pero kinikilig ako eh. Sobra.

Ngayon naiintindihan ko na kung bakit siya ang tinawag nilang “Romantic Prince”

*Ang sarap niyang mahalin.*

**“gusto mo kantahan kita para makatulog ka?”**

I nod **“sige nga”**

Hinawakan ni Ren ang kamay ko then mas hinigpitan pa niya ang pagkakayakap niya saakin. He started to sing

**“Simple lang pala**
**Kung pa'no ako**
**Liligaya sa mundong ito...”**

Habang kumakanta si Ren nakatingin siya sa mga mata ko at nakangiti

**“Ika'y papatawanin at**
**Papaligayahin**
**Hanggang maluha ka sa tuwa...”**

Hay naku Ren, hindi mo na kailangan mag effort para maging masaya ako. Ngayon pa lang sa ginagawa mo eh sobrang saya ko na

**“Dahil lahat ng nararamdaman mo**
**Ay nadarama ko rin...”**

Siguro nga ngayon, iisa ang sinasabi ng puso natin. Ngayong gabi hinayaan natin manalo ang mga nararamdaman natin.

At ito ang gabing hindi ko makakalimutan

**“Kaya ngiti... ngiti... ngiti aking giliw**
**Hanggat ang puso ko'y mabaliw”**

Napangiti ako sa kanya and nakita kong mas lalo din siyang napangiti.

**“Ngiti... ngiti... ang pantawag sa akin**
**Para puso ko’y**
**Sayo lamang... sayo lamang...**
**Uuwi...”**

Hinawakan ni Ren ang ulo ko then inilagay niya ito sa may chest niya then bumulong siya

**“good night Amber”**

I hugged him tight

**“good night Ren”**

After that, nakatulog na ako ng mahimbing.

**Special Chapter**

***for eternity***

**[Arcie’s POV]**

Haaaaaaaaaaaay ang ganda ganda ganda pala talaga dito. Buti na lang talaga at sumama ako though medyo nahihiya ako kay Ate Jennica, siya kasi ang sumagot ng plane ticket ko eh pati lahat ng ibang expenses. At si Yanna naman ang sumagot ng lahat ng winter clothes ko.

Naupo ako sa may veranda nung resort na tinutuluyan namin then I opened Jiro’s laptop para makapag open lang ng fb para kamustahin sina mama sa Pinas. Pag bukas ko ng laptop niya, nakita kong wallpaper niya yung picture namin dalawa. Sa may gilid ng picture namin, may nakasulat na isang phrase

*“6 roses, 6 promises. Responsibility, time, loyalty, trust, happiness and love. Arcie Morales is the only girl I want to love for eternity”*

Napangiti ako. Kahit kailan talaga lagi na lang ako pinapakilig ng lalaking to.

Today is our 10th monthsary. Biruin niyo sampung buwan na ang nakakalipas? 2 months to go mag 1 year na kaming dalawa. Parang ang sarap sa pakiramdam. Si Jiro na Ultimate Prince, na kinaiinisan ko dati, na hindi manlang ngumingiti, eh mahal na ako ngayon. Dati nung nagkagusto ako sa kanya parang ang hirap hirap niyang abutin, pero ngayon nasa tabi ko na siya. Ang hirap paniwalaan lahat. Hanggang ngayon hindi parin ako makapaniwala na kami nang dalawa.

I opened my facebook account and nakita ko na nag private message si Yanna saakin

*“Arcie! Enjoy your Christmas with Jiro, Amber and Ren! Send my love to them. By the way Happy 10th monthsary sa inyong dalawa! Wag magaaway ha? Batukan mo si Jiro pag hindi ka binati! Mwah!”*

Medyo natawa naman ako dito. May mga times kasi talaga na nag aaway kami ni Jiro sa mga simpleng bagay lang. Syempre di naman kami perfect couple eh. Pero alam niyo yung nakakatuwa? After namin mag away dalawa, mas sweet pa kami sa honey.

*“Batukan mo si Jiro pag hindi ka binati!”*

Naku imposible yun. Si Jiro Festin pa na malinaw pa sa sikat ng araw ang memory eh makakalimutan na monthsary namin? Imposible talaga.

Naramdaman kong may mga braso na pumulupot sa waist ko from behind then biglang may bumulong saakin

**“good morning my princess”**

Napalingon ako then I saw Jiro **“good morning Mr. Ultimate Prince, nag breakfast ka na?”**

**“uhmm nope. Hindi pa luto eh”** tinignan niya yung laptop niya **“aba sino yang ka message mo sa fb ha? baka mamaya yan yung guy na may crush sayo!!”** =___=

Natawa ko sa sinabi niya “**si Yanna to ano ka ba! Pero baka mamaya mag online na yung may crush saakin, maichat nga”**

Nag pout si Jiro **“crush mo rin siguro yun no?”**

Mas lalo akong natawa sa kanya **“are you jealous my prince?”**

Inalis niya yung braso niya sa pagkakayakap saakin then naupo siya sa tabi ko ng naka pout parin sabay iwas ang tingin.

It’s my turn para lambingin siya. Pinulupot ko yung braso ko sa braso niya then I lean my head on his arms **“wag ka magselos. Joke lang yun. Alam mo naman na ikaw lang ang love ko di ba?”**

Nakita ko na nag smile si Jiro. Uyyy kilig yan saakin eh. Hahahaha

**“sige na nga hindi na ko magseselos”** tinignan niya ako **“but to tell you the truth, nakakatuwa talagang isipin na ang daming humahanga sa girlfriend ko. Syempre naman kasi napakasarap mo talagang mahalin. Pero sorry na lang sila”** hinawakan ako ni Jiro sa waist ko then hinila niya ako palapit sa kanya. Inilapit niya ang face niya sa face ko then he whispered **“dahil akin ka na”** he smirked then unti unti niyang nilapit ang mukha niya sa mukha ko to the point na napapikit narin ako

1 second

2 seconds

3 seconds

4 seconds

Hinihintay ko na magdampi ang mga labi naming kaso wala. Napadilat ako then nakita ko siyang nakangiti ng nakakaloko **“Arcie, nag toothbrush ka ba?”** tanong niya saakin.

AY ANAK NG PAGONG TO!!

Hinampas ko si Jiro sa braso **“nakakainis ka eh alam mo yun?!!”** >__<

Pero di pa nga ako nag to-toothbrush. Nakakahiya =__=

**“hahahahahahhaha joke lang ano ka ba!”** inakbayan niya ko **“kahit amoy panis na laway ka maganda ka parin para sakin”**

Sumimangot ako. Hmpf maganda nga kaso ayaw naman niya ako ikiss! Hmpf kainis!

Niyakap ko na lang siya **“Jiro kamusta na kaya si Amber at Ren doon? Tingin mo eh nakapag aminan na yung dalawa?”** tanong ko sa kanya

**“oo naman no! hehe. Tayo na ang gumawa ng paraan para ma-stranded ang dalawang yun. Sila na dapat ang gumawa ng paraan para masabi na nila ang feelings nila sa isa’t isa”**

**“pero nakita kaya nila yung inn ni lola?”**

**“oo naman makikita nila yun! Don’t worry love. Ok lang sila”**

Napangiti naman ako. Hay magkaaminan na nga sana ang dalawang yan. Oras na naman para maging masaya sila pareho.

Napatingin ako kay Jiro **“I love you”** bulong ko sa kanya

**“I love you too, kahit mabaho hininga mo”** he chuckled

I pout **“sige na ako na mabaho hininga, ako na hindi nag toothbrush, ako na ang ayaw mo i-kiss! Doon ka na lang sa babaeng nakilala mo daw sa bar! Hmpf!!”** tinalikuran ko si Jiro. Nakakaasar siya eh. Inaaway na naman ako!

Bigla naman akong hinila ni Jiro paharap sa kanya and saktong saktong pagkaharap ko, nagdampi ang mga labi namin. I saw him smile then he deepened the kiss kaya napapikit ako.

**“I love you Ms. Arcie Morales, na kahit amoy bagong gising pa ang hininga mo, hindi ako magsasawang halikan ka”**

Namula ako bigla sa sinabi niya **“s-sige nga, kung hindi ka talaga nandidiri isa pang kiss”**

Medyo natawa si Jiro sa sinabi ko pero hinalikan niya ako

**“isa pa”** sabi ko sa kanya then he kissed me again

**“isa pa ulit”** pag dedemand ko then again hinalikan niya ko

**“baka naman maadik ka na masyado sa labi ko niyan?”** pangaasar niya sakin

**“matagal na akong adik no”**

Natawa siya sa sinabi ko then bibigyan niya sana ulit ako ng isa pang kiss ng bigla naman dumating si Blake

**“hey lovers, the breakfast is ready”**

Tumayo na kami ni Jiro then he held my hand. Bigla naman akong may naalala

**“uhmm Jiro..”**

**“yes?”**

**“may gusto ka ba sabihin saakin today?”**

**“ha? wala naman. bakit?”**

I smile.

**“w-wala naman”**

He just smile at me then lead me to the dining room.

Nakalimutan ba niya na monthsary namin ngayon?

Umiling-iling ako. Imposible yun. Imposible talaga. Baka naman mamaya niya ko babatiin.

Pero mali pala ako. Hapon na ngayon pero hindi parin niya ako binabati. Naguumpisa na kong mabadtrip!! Ilang beses kong sinubukan sa kanya ipaalala kaso wala! Kahit ata iumpog ko na siya sa pader eh di parin niya maalala eh!

Nung hapon, lumabas kami ni Jiro para gumawa ng snowman. Hindi parin nakakauwi sina Ren ng mga panahong to dahil malamang hating gabi pa ang dating nung mga yun sa layo ba naman ng resort na to sa pinaghintuan nila. Naiingit tuloy ako. Feeling ko nagsasaya sila doon dalawa samantalang ako, isang “happy monthsary” lang ang kailangan ko di pa maibigay saakin!! >__<

**“love, tignan mo tong ginawa ko, isang lalaki at isang babaeng snowman. Tayong dalawa to. Dali picturan mo”** kinuha ko yung pinakamamahal kong dslr camera na regalo saakin ni mama at kinuhanan ng picture yung dalawng snowman

**“Jiro”**

**“hmm?”** sabi niya ng hindi tumitingin saakin at busy sa pag gawa ng snow ball

**“wala ka ba talaga naalala ngayon?”** tanong ko sa kanya

**“wala nga. Ano ba kasi yun?”**

Hay. Wala talaga! Nakakayamot!!

Kumuha ako ng snow then binilog ko to atsaka ko ibinato sa kanya

**“h-hey!!”** napatayo siya at napatingin saakin

“nakakainis ka talaga Jiro Festin!!! Galit ako sayo!!!”

Lumapit si Jiro saakin **“love”** sabi niya then hinawakan niya kamay ko

**“bitawan mo nga ako!!”** sabi ko naman sabay takbo papasok sa room ko

Nakakaasar siya. Nakakapagtampo. Nakalimutan niya na talaga! Nakakainis!!!

Bigla na lang ako naiyak doon. Hay ano ba ang childish childish ko naman sa pinag gagagawa ko eh. Pero sino ba naman hindi madi-dissapoint? Ang tagal kong hinintay ang araw na to tapos makakalimutan lang niya?! May ibibigay pa naman ako sa kanya =___=

Kinuha ko yung scrapbook na ginawa ko before kami pumunta sa London na dapat eh ibibigay ko sa kanya. Yung laman ng scrapbook na to yung parang nagsasabi ng buong kwento naming dalawa. Meron ditong mga pictures nung mga panahong highschool pa lang kami at hindi pa magkakilala. Nakalagay sa caption

*"Si Arcie na patay na bata pa"* at "*Si Jiro na prinsipe ng bato pa"*

Then may picture then na kasama ko lahat ng S6, a few days before nung sabihin nilang ako na ang official bestfriend nila. Meron pa noong sa school fair na kasalukuyan kaming hindi magkasundo, picture namin ni Jacob, hanggang doon sa prom kung kelan naging kami, nung graduation, and up to present.

Todo effort pa ko sa paghahagilap ng mga pictures na yan. Tapos siya napunta lang sa ibang bansa nakalimutan na agad niya monthsary namin?! Nakakatampo naman yun! Naku mamatay na ang magsabing hindi sila nagtatampo pag nakalimutan ng bf nila na monthsary nila. >___<

Nahiga ako sa kama then hindi ko namalayan nakatulog na pala ako.

Nagising ako sa isang tunog ng piano. Tinignan ko yung orasan and it's already 11 in the evening. One hour to go matatapos na ang araw na to. Pero hanggang ngayon hindi parin niya ko binabati.

I opened my door and went to the kitchen. Gutomguts na at hindi pa nag di-dinner. Madilim na sa loob ng bahay. Siguro tulog na silang lahat. Si Jiro kaya?

Hay. Ni-hindi manlang ako pinuntahan sa room kahit alam niyang nagtatampo ako sa kanya.

Naglakad ako papunta sa may kitchen kaso may napansin akong parang may ilaw na nanggagaling sa sindi ng kandila sa may sala. Ano kaya yun?

Naglakad ako papunta doon sa sala para tignan ito at halos magulat ako sa nakita ko.

Maraming scented candles sa paligid. Nawala yung sofa and lahat ng appliances sa sala instead may isang table sa gitna, at sa sahig naman ay mga petals ng rose na naka heart shape.

**“happy 10th monthsary my princess”** narinig kong bulong galing sa likod ko

Tinignan ko kung sino ito at nakita ko si Jiro na may dala-dalang isang bouquet ng rose.

**“Jiro..”**

Nilapitan niya ako at inabot saakin yung rose **“akala mo nakalimutan ko na no?”** niyakap niya ako ng mahigpit **“syempre hindi. Sorry Arcie kung pinaiyak kita ha? pero part kasi yun ng surprise ko eh”**

Biglang bumagsak yung luha ko **“bwisit ka naman eh! Akala ko nakalimutan mo na!! bakit ba ang hilig hilig mo ko sinusurprise ha?! yan tuloy mas lalo ako naiinlove sayo! Nakakainis ka talaga!”**

He chuckled **“you know what? You look so cute when you’re like that”**

**“cute parang aso?!”**

**“hindi. Cute parang angel”**

Napangiti ako **“happy monthsary din Jiro. Sorry kung nainis ako sayo kanina. A-akala ko kasi talaga eh..”**

**“shh. No need to say sorry. Kung hindi ka nagalit edi sana palpak ang surprise ko?”**

**“why is it you never fail to make me feel so loved?”**

Niyakap ulit ako ni Jiro **“because you deserve to be loved like this”**

And after niya sabihin yun, bigla na lang may tumugtog na background music and naramdaman kong nag su-sway na kaming dalawa.

*Who'd have thought this is how the pieces fit*
*You and I shouldn't even try making sense of it*

**“alam mo nakakatawa talaga. Hindi ko sukat akalain na magiging tayo. Paanong ang isang prinsipe eh nainlove sa isang commoner?”** sabi ko kay Jiro

**“bakit sino bang nagsabi na bawal mainlove ang prinsipe sa isang commoner? Bakit nga si Prince William ay pinakasalan ang isang commoner na si Kate eh. Tayo pa kaya na halos iisa lang ang mundong ginagalawan?”**

**“but still, mayaman parin naman si Kate.. at ako…”**

**“mayaman ka rin naman ah? Mayaman sa pagmamahal ko”**

*I forgot how we ever came this far*
*I believe we had reasons but I don't know what they are*
*Don't blame it on my heart, oh*

**“hahaha ang kulet ng kanta. Parang pinatatamaan tayo”** – Arcie

**“kaya nga ito pinili ko eh. Kung iisipin mo, paano nga ba tayo nakaabot ng ganitong katagal samantalang akala ko talaga dati wala ng pag asa pa na maging tayo?”** - Jiro

**“kahit ako din hindi ko makita ang dahilan. Siguro sapat na dahilan eh, sobrang mahal talaga natin ang isa’t isa na kahit tadhana nilabanan natin”** - Arcie

*Love moves in mysterious ways*
*It's always so surprising*
*When love appears over the horizon*

**“ngayon ko lang narealize ang drama pala ng story natin no? ang daming iyakan. Pero kada maalala ko lahat ng to natatawa na lang ako sa mga nangyari”** – Arcie

**“Pero kahit ganun at least na test yung tatag ng love natin”** niyakap ako ng mas mahigpit ni Jir**o “10 months na tayo but still hindi ako makapaniwala na akin na ang babaeng pinaka masarap mahalin”**

Napangiti ako **"kahit ako, hindi ako makapaniwala na akin na ang lalaking pinakamasarap mahalin. . at mag alaga"**

*I'll love you for the rest of my days*

**"gusto ko ikaw lang ang mamahalin ko, habangbuhay"** bulong saakin ni Jiro

*But still it's a mystery*
*How you ever came to me*

**"kahit misteryo parin kung paanong naging tayo, wala na akong paki. Ang gusto ko lang ay makasama ka, for eternity"**

*Which only proves*
*Love moves in mysterious ways*

**"I love you Arcie"**

**"I love you too Jiro"**

He leaned on me and gave me the sweetest kiss ever.

At doon ko naramdaman

Kung gaano ako kasaya mahalin si Jiro.

**Chapter 12**

***unexpected incident***

**[Amber's POV]**

**"Oh my gosh Ren my baby I miss you very much!!"** tumakbo si Autumn papunta kay Ren atsaka niyakap ito "**I really though something bad happened to you! I'm glad your fine now! I am really worried!"**

**"psh worried your face eh busy ka nga sa paglalandi kay Blake at kay Jiro ko!"** bulong saakin ni Arcie

Napatawa na lang ako sa sinabi niya. Sus expected ko na manlalandi yang taglagas na yan. Kaso kahit ano pa ang ginawa niya nung wala kami, di niya masisira ang mood ko. Kilig vibes parin ako hanggang ngayon eh. XD

Lumapit saakin si Blake **“Amber, I’m really glad you’re safe, though I know Ren would take good care of you”**

**“t-thanks Blake”**

**“ayan talaga ang tunay na concern. Maya’t maya nanghihingi ng update saamin kung kamusta na kayo. Tinalo niya pa ang demanding readers ng author”**

Napatawa ako bigla sa sinabi ni Arcie. Sabi ko na eh hindi ako nagkamali, si Blake na ata ang pinaka sweet and thoughtful na lalaking nakilala ko. Kung mas nauna lang ito ng dating kay Ren aba’y malamang inlababo na ko sa lalaking to ngayon. Pero wala eh, si Ren talaga ang nag o-occupy ng puso ko. Walangya talaga yun, halos atakihin ako sa puso sa sobrang kilig pag naalala ko lahat ng ginawa niya at sinabi niya saakin.

*“bakit tayo ba para magtabi sa kama?!”*

*“hindi. Pero pareho naman tayo ng pintig ng puso kaya ok lang na magtabi tayo”*

*“hay nakakainis!!”*

*“bakit naman?”*

*“eh kasi naman ang ganda ganda mo eh lalo na pag ngumingiti ka! Mamaya hindi ko na mapigilan ang sarili ko at may magawa ako sayo!”*

Namula ako bigla nung maalala ko yung mga sinabi niya saakin last night. Feeling ko lahat ng dugo sa katawan ko ay umakyat na sa mukha ko. Oo na, siya na! siya na ang romantic prince! Siya na ang magaling magpakilig ng babae! Siya na talaga!

*Siya na ang lalaking mahal ko.*

Napangiti ako bigla.

Ay shet kinikilig ako ehhhh!

**“h-hey Amber are you alright?”** tanong saakin ni Blake then he placed his hand on my forehead **“are you sick? Do you feelin anything? Your face is red”**

**“h-huh? Ahmm i-its nothing!”**

Nakakahiya naman! nakita pa niya ang pamumula ng pisngi ko.

**“ok then, just tell me if you don’t fell well ok?”**

**“yes. Thank you Blake”** I smiled at him then he smiled back

Nagulat naman ako ng biglang sumulpot si Ren sa gitna namin ni Blake at nakasimangot siya.

**“ano ba naman mestizang hilaw! Mamaya ka na kaya makipagkamustahan! Yung mga gamit mo ang bibigat. Kung tumulong ka ho kaya sa pagbubuhat no?!”**

Aba’y ang taray ng lolo mo! Kahapon lang sobrang sweet eh tapos ngayo tinamaan na naman ng kasungitan! Bipolar. Tss.

Pumunta na ko doon sa kotse ni Ren para buhatin yung mga gamit ko. Nakita ko naman na palapit si Blake saakin para tulungan ako sa pagbibitbit kaso agad na inagaw ni Ren lahat ng mga bagahe ko at siya nagdala nito sa loob.

Tignan mo nga naman talaga ang moody na matakaw na yun oh. Walanjo lang eh. Kanina galit na galit kasi ayaw ko buhatin mga gamit ko but in the end siya din ang magbubuhat! Astig no? unpredictable ng ugali =__=

**“selos ang tawag doon”** napalingon ako sa tabi ko and nakita ko si Jiro **“so kamusta naman yung two days and one night alone with Ren? Ayos ba yung wish ko? Nagkatotoo?”**

Hinampas ko sa braso si Jiro **“grabe ka kasi makahiling eh no! may magical powers ka ba ha?”**

He laughed **“hay naku Amber parang di mo ko kilala! Alam mo naman na pag sinabi ko kailangan magkatotoo di ba? but anyways enjoy ka naman?”**

Nginitian ko lang si Jiro. Bahala na siya i-interpret ang meaning ng ngiting yun. Sa ngayon ayoko muna magsalita.

Mga bandang hapon, nagkayayaan kami na mag punta doon sa may ice skating rink sa gilid nung resort tutal pare-pareho naman kaming mga walang ginagawa sa loob kundi kumain ng kumain. Might as well mag start na kami sa page enjoy ng vacation namin dito.

Pagkadating namin doon, nagkanya-kanya kaming kuha ng ice skating blades then sinuot namin. Si Autumn naman naupo lang doon at manunuod na lang daw siya kasi baka mapagod lang siya pag sumali siya saamin. Dami talagang kaartehan ng isang yan. Pero much better para walang panggulo di ba?!

**“hala hindi ako marunong nito!!”** sabi ni Arcie nung papunta na kami sa loob ng rink

**“don’t worry love, I’ll teach you”** hinawakan ni Jiro yung kamay ni Arcie then pumasok na sila sa loob and nag start mag ice skating.  Napatingin naman ako kay Ren and saw him smiling at them.

Bigla akong napaisip, affected pa kaya siya hanggang ngayon? Matapos nung lahat ng sinabi niya saakin last night, may natitira parin kaya siyang pagmamahal kay Arcie?

Magulo lahat. Komplikado din ang sitwasyon namin ni Ren sa ngayon. Pero masaya naman ako sa nangyayari saamin. Sa ngayon, kuntento ako sa kung ano man ang meron kami.

*Sana lang wag masira ito.*

**“Amber do you know how skate?”** tanong saakin ni Blake

**“h-ha? uhmm yeah, I love skating eversince I was a kid”**

**“ohh that’s nice”** Blake held my hand then hinila narin niya ako sa loob ng rink **“let’s go jolie”** *[jolie - beautiful]*

Nakita ko naman sumimangot si Ren. Mwahahahaha selos si Salvy oh. Nagseselos siya kay Blake! Mwahahahahaha ayieeee ako na ang kinikilig dito!

**“Ms. Beautiful, do you want to eat cheesecake and drink coffee after this?”**

**“sure thing Blake!”**

**“hmm but you need to teach me how to speak Filipino first. Remember our deal?”**

Ay oo nga pala, ako nga pala ang tutor ng gwapong pranses na itey.

**“alright then! Let’s start our first lesson here. What sentence do you want to know?”**

**“hmmm ok please translate this in Filipino. *You are handsome”***

Napangiti naman ako **“ang gwapo mo”**

**“how about ‘you are so sweet and thoughtful’?”**

**“napaka sweet mo na, maalalahanin pa!”**

**“I love you”**

**“mahal kita”**

**“ARAY!!”**

Napalingon kaming dalawa sa likuran namin and nakita namin si Ren na nakaluhod. Mukha atang natumba yung isang yun.

Nakita ko naman si Arcie na nilapitan si Ren. Infairness marunong na agad siya mag ice skating.

**“wahahahahaha si labanos oh di marunong mag ice skating! Wahahaha ako marunong na! XD “** inikot ikutan ni Arcie si Ren **“wahahaha di marunong! Wahahaha”**

**“naku binbo ang yabang yabang mo alam mo yun!!”**

**“mag paturo ka na kasi. Ayun si Amber oh marunong mag ice skating. Mag paturo ka na sa kanya!”**

Tumingin si Ren sa way namin pero agad din niyan iniwas yung tingin niya in a way na parang inirapan niya ko **“hmpf, ayoko! Busy makipag I love you-han yan kay French toast! Mamaya maistorbo ko pa sila!”**

Narinig niya yun?! Naku naman itong isang to eh. Nag conclude agad =__=

**“love wag mo na asarin si Ren, kita mo nang nagseselos yung tao eh. Mamaya matunaw lahat ng snow dito sa sobrang init ng ulo niya”** sabi naman ni Jiro kay Arcie

Tumawa pareho si Arcie at Jiro then iniwan na naman doon si Ren. Tinry ulit ni Ren na mag ice skating kaso lagi siya na a-out of balance

**“I think he needs your help”** bulong ni Blake saakin

“**but we’re having our lesson”**

**“it’s alright. We can resume it some other time”** tinapik ni Blake yug braso ko **“I’ll just buy some snack”**

**“ok”** I smiled at him then umalis na rin siya doon sa skating rink. Nilapitan ko naman si Salvy na currently hirap na hirap i-balance ang sarili **“need help?”**

Napatingin siya saakin pero agad din niya ito iniwas **“no thanks”** tinalikuran naman niya ko kaya lang bigla ulit siyang na out balance at napaupo **“aruy ko! Ang pwet ko!” T__T**

I giggled kaya napatingin ulit siya saakin ng masama **“tinatawa-tawa mo diyan ha?!”**

**“eh bat ba ang sungit sungit mong Salvy ka ha!”** hinawakan ko siya sa braso then inalalayan ko siya tumayo **“dali na kasi tuturuan na kita”**

**“sige na sige na!”** hinawakan niya ang magkabila kong kamay **“turuan mo na ko ng makabawi ka manlang sa pananakit mo saakin”**

**“pananakit? At kelan kita sinaktan aber?”**

**“ewan ko sayo. Manhid mo”**

**“huh?”** problema nito?

**“wala! Hmpf sumosobra na ang paglalandian niyo ng Blake na yan ha!” =__=**

Bigla akong napangiti sa sinabi niya. So nagseselos talaga siya? Wahahahahaha

**“ngiti-ngiti mo diyan?”** tanong niya saakin

**“wala lang. Bakit ka ba affected kay Blake ha? may gusto ka saakin no?”** pangaasar ko sa kanya

**“heh! Manhid neto” =__=**

**“sus umamin na kasi! Wahahahaha”**

Iniwas niya yung tingin niya saakin **“umamin na kaya ako, mukhang di ka lang nakikinig nun kaya di mo maalala”**

Spell awkward?

Natameme ako doon ah! Nagbibiro lang naman ako eh, tapos ganun. Pero I can’t deny, kinikilig talaga ako sa mga nangyayari.

Para mawala yung awkwardness saaming dalawa, tinuruan ko na lang siya mag ice skating. Inalalayan ko siya para di siya ma out balance

**“ano ba yan mestizang hilaw! Ayoko na nga nito nakaka abnoy eh!”**

**“sus ang arte mo naman! pag natutunan mo to mag e-enjoy ka rin! Umayos ka kaya ng tayo no?!”** nakahukot kasi siya and parang hila-hila ko siya

He tried to straighten his self then maya-maya lang nakaka skate narin siya ng maayos

**“oh ayan nakakatayo ka na. ngayon naman bibitawan na kita para ma-try mo mag isa”**

I was about to let his hand go ng bigla naman siyang sumigaw

**“NO!”** bigla niya ako hinila papalapit sa kanya ***“don’t let me go”***

Napatulala ulit ako ng dahil sa sinabi ni Ren. Ewan, parang double meaning yung sinabi niya?

Jusko Ren Salvy iba na ang epekto mo saakin! >__<

**“uhm o-ok”**

Nag skating kami ngayon ng magkahawak ang magkabilang kamay namin and sobrang lapit namin sa isa’t isa. Kung titignan mo kami para kaming nagsasayaw dalawa.

**“gusto mo kantahan kita ulit?”**

**“hahaha pansin ko lagi mo na ko kinakantahan”**

**“bakit ayaw mo? Sige punta na lang ako kay Autumn siya na kakantahan ko”** =__=

**“to naman!”** hinampas ko siya sa braso **“subukan mong kantahan yung taglagas na yun at sinisigurado ko na pati ang buhok mo malalagas”**

**“hahaha bat ba ang laki ng galit mo kay Autumn ha?”** tinignan ako ni Ren sa mata **“don’t worry, I promise ikaw lang ang babaeng kakantahan ko”**

Bumilis na naman ang tibok ng puso ko. Sino nga ba ulit tong lalaking kaharap ko? Oo nga pala, siya yung tinatawag nilang ‘Romantic Prince’ sa Prince Academy. Dati di ko

sukat maisip kung bakit yun ang bansag sa kanya samantalang napaka sungit niya naman saakin, napaka un-gentleman tapos lagi pa nagpapagawa ng assignment. Isa pa ang takaw niya talaga to the point na siya na umubos ng stock na chichirya sa unit ko. Saang banda sa kanya ang pagiging 'romantic'?!

Dati he's just an annoying eating monster for me. Pero ngayon, alam ko na kung bakit siya naging Romantic Prince.

Just merely hearing him sing, di na mapigilan ng puso ko na lumundag sa sobrang kilig.

**"I-I want you to sing. . . .for me"**

Nginitian niya ko then tinignan niya ako sa mata atsaka nag simulang kumanta habang magkahawak ang magkabila naming mga kamay at nag i-ice skating na akala mo eh nag i-slow dance kami

**"Di ko man maamin**
**Ikaw ay mahalaga sa akin"**

Napangiti din ako kay Ren. Naalala ko yung song na to eh, medyo luma na pero favorite ko talaga to dati pa nung nasa Pinas pa ko.

**"Di ko man maisip**
**Sa pagtulog ikaw ang panaginip**
**Malabo man ang aking pag-iisip**
**Sana'y pakinggan mo ang sigaw nitong damdamin"**

Mas lumapit si Ren saakin then ibinulong niya saakin yung mga sumunod na lyrics ng kanta.

**“Ako'y alipin mo kahit hindi batid**
**Aaminin ko minsan ako'y manhid”**

Minsan? Hindi lang ata minsan, madalas kaya! Napaka manhid ng lalaking to eh. Ang sarap batukan kung minsan. Pero kung sa bagay, kahit ako rin naman ganun eh.

**“Sana ay iyong nariring**
**Sayong yakap ako'y nasasabik...”**

Kahit ako din Ren. Kung alam mo lang na gustong gusto kitang yakapin lalo na nung mga panahong nasasaktan ka ng dahil kay Arcie.

**“Ayoko sa iba”**

Kahit ilang lalaki pa ang ibalandra saakin ayoko din dahil ngayon alam ko na kung sino ang lalaking gusto kong makasama, ikaw yun.

**“Sayo ako ay hindi magsasawa”**

Kahit ilang beses mo akong awayin o kahit ubusin mo man ang chichirya sa unit ko, never akong magsasawa sayo

**“Ano man ang iyong sabihin**
**Umasa ka ito ay diringgin”**

Pinapangako ko din yan sayo. Kahit na ang hilingin mo pa ay pakawalan kita, basta masaya ka, masaya narin ako.

**“Madalas man na parang aso at pusa giliw**

**Sa piling mo ako ay masaya”**

Mas lalo akong napangiti dahil sa line ng kantang ito. Nakakatuwa nga isipin no? kahit mala aso’t pusa na kami sa dalas ng bangayan namin, by the end of the day yung company parin ng isa’t isa ang hinahanap namin.

*Masaya ako na kasama ko si Ren.*

Kinuha ni Ren yung right hand ko then he placed it on his chest atsaka ako tinignan sa mata then ngumiti siya habang kumakanta

**“Ako'y alipin mo kahit hindi batid**
**Aaminin ko minsan ako'y manhid”**

Hindi ko napigilan kaya napangiti rin ako

**“Sana ay iyong nariring**
**Sayong yakap ako'y nasasabik...”**

Confirmed.

Mahal ko na talaga ang lalaking to.

#####

*sigh* kinikilig parin talaga ko. Paulit ulit kong pinapakinggan yung Alipin by Shamrock sa ipod ko. Buti na lang at dala ko yung laptop ko kaya na-download ko agad yung kanta.

Grabe na talaga yung epekto saakin nung Salvy na yun eh. Masyado na kong naadik sa boses niya. *Masyado na kong naadik sa kanya.*

Nag pagulong gulong ako sa kama ko habang pinapakinggan parin yung Alipin. Siomai, mukhang di ako makakatulog ngayon ah? Ayaw parin mawala ng ngiti sa mukha ko! Ako na talaga ang kinikilig. >///<

Nakarinig ako ng knock sa door ko kaya naman napatayo agad ako at binuksan ito.

**“amber!”**

**“oh Arcie”**

**“may surprise ako sayo bago ka matulog”**

**“ha? ano yun?”**

May inilabas siya na isang picture galing sa likod niya and nung makita ko kung sino yung nasa picture na yun halos manlaki ang mga mata ko.

**“p-paano mo nakuhanan yan?!”**

Alam niyo yung nasa picture? Yung scene namin kanina ni Ren. Yung inilagay niya yung right hand ko sa may chest niya then pareho kami nakatingin sa mata ng isa’t isa at nakangiti

**“what can you say? Pwede na ba kong maging professional photo journalist?”** ngiting ngiti na tanong saakin ni Arcie

**“pwede ka na maging paparazzi”** natatawa tawa ko naman sagot sa kanya

**“aba’y ako na ang number one paparazzi niyo ni labanos! Wahahhaa”** bigla naman hinawakan ni Arcie yung kamay ko **“Amber, alam mo masaya ako sa nangyayari. Gusto ko talaga kayo para sa isa’t isa. Ako na ang number one fan niyo kaya sana maging kayo na ha! good night!”** before pa ko makapag react, kumaripas na ng takbo si Arcie sa room niya.

Napangiti na lang ako. Kahit ako rin naman gusto ko na maging kami na ni Ren, pero ewan, parang may pakiramdam ako na hindi pa ito ang tamang oras.

Bumalik na ko sa loob ng room ko then tinitigan ko yung picture. Maya-maya nakatulog narin ako.

Dugdug. Dugdug.

Bigla akong nagising at napabangon ako sa kama. Hinawakan ko yung dibdib ko and ramdam na ramdam ko ang bilis ng tibok ng puso ko. Ewan ko ba para akong kinabahan bigla?

Tinignan ko yung oras. It's already 12:48 in the midnight. Lumabas ako ng kwarto ko and dumiretso sa kitchen para uminom ng tubig and pakalmahin ang sarili ko. Hindi narin ako nag abala na buksan yung mga ilaw.

Para talaga akong biglang kinabahan. Hindi ko alam kung bakit pero pakiramdam ko parang may hindi magandang mangyayari.

Hay jusko baka naman nasobrahan lang ako ng kilig kanina kaya nagiging abnormal ang puso ko? Makabalik na nga lang sa kwarto.

Papunta na sana ako sa may hagdan ng may narinig akong sigawan kaso di ko masyadong ma-identify kung kanino nanggagaling yung mga boses na yun kasi nakapatay ang ilaw.

**“YOU’RE A B1TCH! I LOATHED YOU!”**

**“Autumn I don’t know what you’re talking about! Please let me go! Let me—“**

Nakarinig ako ng isang malakas na tili at parang may bumagsak na kung ano malapit sa may paanan ko.

Hindi ako halos makagalaw sa possibility ng nasa isip ko kung ano ang nangyari. Napalunok ako before i muttered a word

**“A-arcie?”**

Biglang may nagbukas ng ilaw and nakita ko si Arcie sa may paanan ko na walang malay at duguan ang ulo

**“no.. no.. Arcie.. no”**

Napaupo ako bigla at hinawakan siya. Hindi ko mapaniwalaan ang nakikita ng mata ko.

Hindi pwede.. hindi to totoo. Hindi..hindi

**“NO! ARCIE WAKE UP! NO!!! ARCIE!!”**

**“what happened?!”**

Nakita ko si Jiro, Ren and Blake na patakbo papunta saakin

**“Arcie!!”** sigaw ni Jiro then kinuha niya saakin **“anong nangyari sa kanya?! Sino gumawa nito sa kanya?!”**

Napailing ako and bigla na lang lumabas ang luha sa mga mata ko

**“Amber! Who did this to her?! Tell me!”** sigaw naman ni Ren saakin

**“I—I—“**

**“she’s the one who did this to Arcie!”** napalingon kaming lahat kay Autumn and nakita kong tinuturo niya ko **“I saw everything! She’s the one who pushed Arcie!”**

**“h-hindi totoo yan!!”** napatingin ako kay Ren **“don’t believe her!”**

Tinignan lang ako ni Ren at walang sinabi. Kaso sa mga tingin pa lang niya saakin, alam na alam ko ng pinaniniwalaan niya ang sinabi ni Autumn sa kanya.

## Chapter 13

***pain***

**[Amber's POV]**

**"Arcie, love please open your eyes. Please please don't leave me. Arcie, please"**

**"sorry sir, but you can't come inside"** hinarang kami nung nurse doon sa ospital kung saan namin sinugod si Arcie, then ipinasok na nila ito sa emergency room.

Napansandal si Jiro sa wall then napatakip ito sa mukha niya. I can feel how scared he is.

Napapikit din ako.

God please save Arcie. Sana walang mangyari sa kanya.

**“look what you’ve done! How could you do this to that poor girl?!”** sigaw saakin ni Autumn

Napahinga ako ng malalim. Kabadong kabado ako sa kalagayan ni Arcie to the point na hindi ko magawang i-defend ang sarili ko sa mga accusations ni Autumn. Kanina masyadong occupied ang isip ko para pansinin lahat ng mga pinagsasasabi niya pero sobra na eh! Alam na alam ko kung sino ang gumawa nito kay Arcie!

**“hoy babaeng ipakta tantanan mo na nga ang kakasinungaling ha!”** binigyan niya ako ng puzzeled expression kasi malamang di niya naiintindihan ang sinabi ko **“we both know that you are the one who pushed Arcie!! Stop passing the blame on me!”**

**“no! I didn’t pushed her!!”** lumapit si Autumn kay Jiro **“Jiro believe me, I didn’t pushed Arcie! She’s the one who pushed Arcie because she’s jealous! She likes Ren and she knew that Ren still like Arcie!”**

**“what the hell are you talking about?!”** anak ng pagong! Makapag imbento ang babaeng to wagas!!

She smirks **“you even warn me to stay away with Ren right? Because you like him! You’re desperate to get him!”**

Sa sobrang inis ko sa pinagsasabi niya di ko na napigilan pa ang sarili ko at sinugod siya

**"ALAM MO BAGAY SAYO ANG PANGALAN MO EH! AUTUMN! TAGLAGAS! ANG SARAP SARAP LAGASIN NG BUHOK MO!!"** hinila ko siya at pinagsasabunutan ko yung buhok niya

**"hey let go of me you freak! Let go of me!!"**

**"hey stop it! Amber, Autumn, stop it!!"**

Hinila ako ni Blake palayo kay Autumn kaso tuloy parin ako sa pagsabunot ko kay Autumn.

Para to sa panlalandi niya kay Ren, sa pangaakit niya kay Jiro, pananakit niya kay Arcie at pambibintang niya sakin. Walangyang babaeng to, di niya ko kilala! I may be nice but once na tinapakan ako, you'll see the bitchy side of me!

**"Amber stop it!!"** nagulat ako ng pumagitna si Ren saamin ni Autumn then tinignan niya ako ng masama **"sinaktan mo na si Arcie, wag mo ng saktan si Autumn"**

Napatigil ako sa sinabi ni Ren at di ko namalayan, kusa na alng pumatak ang luha sa mga mata ko.

**"s-so naniniwala ka sa kanya?"**

**“I cannot see any reason for her to make up stories. *I know you”***

Natigilan ako sa sinabi ni Ren. What did he mean by that? He knows me? Ibig sabihin expected niya na makakagawa ako ng ganitong bagay, ganun ba yun?

**“hey men watch your word!”** tinulak ni Blake si Ren

**“mind your own business!”** laking gulat ko naman ng biglang sinuntok ni Ren si Blake

Blake was about to punch him pero pinigilan ko siya agad **“no! please, don’t”**

He looked at me then tinignan niya si Ren “**be thankful that Amber loves you”**

**“Blake”**

Tinignan kami ni Ren ng masama then he grabbed my hand at hinila ako.

**“R-ren”**

Bigla naman hinawakan ni Blake yung kabila kong kamay **“let her go!”**

**“ugh! For pete’s sake! Mind you own business!!”** sigaw ni Ren sa kanya

**“sorry but it happened that Amber is my business”**

I gave a sad smile to Blake **“it’s ok Blake, I’m just going to talk to him for a while. Don’t worry, I’ll be fine”**

Blake let go of my hand pero bago pa kami makaalis ni Ren, biglang nagsalita si Jiro.

**“Ren, naniniwala ako kay Amber”**

**“J-jiro”**

Hindi pinansin ni Ren ang sinabi ni Jiro at tuluyan na akong kinaladkad palabas ng ospital.

Nung makarating kami sa labas ng ospital, agad kong napansin na umuulan na naman ng Snow. Ang ganda ng tanawin dito, kaya lang hindi ko siya masaydong maappreciate.

**“Amber, bakit mo nagawa kay Arcie yun? Bakit? Hindi pa ba sapat lahat ng sinabi ko sayo? Bakit kailangan mong pagselosan si Arcie!”**

**“bakit ka ba naniniwala kay Autumn ha?! bakit ayaw mo akong paniwalaan Ren?! Hindi ko magagawa kay Arcie yun! Mahalagang kaibigan si Arcie para saakin and never kong magagawa na saktan siya!”**

**“Amber naman eh! Ang dami ng bagay na nagsasabing ikaw ang gumawa nun! Please naman oh, sabihin mo na sakin ang totoo!!”**

Tumulo na naman ang luha ko **“bakit ayaw mo ba maniwala saakin ha? hindi ko ginawa yun! Si Autumn ang gumawa kay Arcie nun!”** nilapitan ko si Ren at hinawakan ko ang mga braso niya habang nagmamakaawa ako **“Ren please maniwala ka saakin. Narinig ko yung mga sinabi ni Autumn kay Arcie. Alam ko galit siya saamin ni Arcie kasi—“**

**“SHUT UP!”** tinulak ako ni Ren na ikinasanhi ng pagkabagsak ko sa sahig “**hindi ko alam na ganyan ka pala kalala! Pati si Autumn sinisiraan mo! Mabuting tao si Autumn at di niya magagawa yun!”**

Iniangat ko ang ulo ko **“at ako magagawa ko yun?”**

**“nagawa mo na”**

Napahinga ako ng malalim habang tuloy tuloy ang pag bagsak ng luha ko **“bakit ayaw mo maniwala saakin?”**

**“dahil alam ko na mahal mo ko Amber. Di ba nagawa mo ng saktan si Arcie noon para lang mabawi si Jiro?! Nagawa mo silang lokohin dati?! Pwes di mo ko maloloko Amber!”**

Parang gumuho ang mundo ko sa narinig ko kay Ren. Oo nga naman, hindi na nakakapagtaka kung bakit mas pinaniwalaan niya si Autumn kesa saakin.

Dahil minsan ko narin nasaktan si Arcie dahil sa sobrang pagmamahal ko kay Jiro.

*Karma strikes me.*

Tumayo ako sa pagkakasalampak ko sa sahig then pinagpag ko ang damit ko atsaka pinunasan ang mga luha ko. I looked at him **“Oo mahal kita Ren, sobra. Pero kuntento ako sa kung ano mang meron tayo ngayon. Kaya lang sa isang iglap nawala na naman ang lahat eh”** nilapitan ko siya then I touched his face **“now I know. No matter how hard I try to stretched my hand, you will always be beyond my reach”** tumulo na naman ang luha ko **“kung yung sinabi ni Autumn ang gusto mong paniwalaan, wala na ko magagawa”**

Tinalikuran ko si Ren at nagsimula na ko maglakad papalayo habang patuloy ang pagbagsak ng luha ko.

Siguro nga nakarma na ko sa ginawa ko noon kay Arcie at kay Jiro. Oo nga naman, yun naman talaga ang unang pagkakakilala nila kay Amber eh. Isang babaeng gagawin ang

lahat makuha lang ang gusto niya, kahit makapanakit pa siya ng ibang tao. I play dirty, maldita ako, masama ugali at kayang kaya ko ihulog sa hagdan ang kahit na sinong hadlang saakin. Oo nga naman, bakit nga ba hindi paniniwalaan ni Ren si Autumn kung lahat ng bagay na nakapaligid saakin ay pinagsisigawan na kayang kaya ko gawin kay Arcie yun.

Pakshet lang ang sakit ng karmang to. Parang unti-unting nadudurog ang puso ko.

Lesson learned: *Do not love too much.*

Mas gugustuhin ko pa na masaktan dahil may ibang mahal si Ren kesa masaktan dahil ayaw akong paniwalaan ng taong mahal ko.

Napaupo ako doon sa isang bench na nakita ko then tinakpan ko ng mga kamay ko ang mga mukha ko. Halos manhid na ang mga kamay ko dahil sa sobrang lamig dito.

*Sana pati ang puso ko malamigan para maging manhid narin. This pain is killing me.*

Napahagulgol na ako ng iyak. Parang nung isang araw lang sobrang saya ko. Hindi ko expected na ganito kasakit ang pambawi doon sa kasiyahan na naramdaman ko. Sobrang sakit.

Akala ko nabawi ko na lahat ng mga ginawa ko kay Arcie at kay Jiro nung pinalaya ko na si Jiro. Akala ko ok na ang lahat. Akala ko naparusahan na ko... mukhang hindi pa pala tapos ang karma ko.

Ang sakit isipin na mas pinaniwalaan ni Ren si Autumn kesa saakin pero kahit anong gawin ko, ayaw magalit ng puso ko sa kanya. Kahit saang anggulo ko tignan, lumalabas at lumalabas parin na kasalanan ko kung bakit ako ang nasisisi ngayon. Yung ginawa ko dati, mukhang habang buhay ko ng dadalhin. Para bang itinatak na sa noo ko na kayang kaya ko gawin lahat ng bagay na yon.

Masakit. Sobra

Napatigil ako sa paghagulgol ng maramdaman kong may naglagay ng jacket sa balikat ko. Inangat ko ang ulo ko.

**“B-blake?”**

He didn’t utter a word but instead, he sit beside me, then he put his arms around me and pulled me closer to him. Mas lalo akong napaiyak dahil sa ginawa niya.

**“Blake ang sakit. Ang sakit sakit sakit”** iyak ko sa kanya. Alam kong hindi niya naiintindihan ang mga sinasabi ko but still pinagpatuloy ko yung paglalabas ng sama ng loob ko “**alam mo bang mahal ko yung bwisit na lalaking yun?! Sobrang mahal ko siya eh! Pero bakit kailangan ko na naman masaktan ng ganito?! Masama ba kong tao para parusahan ng ganito? Gusto ko lang naman is makahanap ng taong mamahalin ako, yung hindi ako ipagpapalit sa iba, yung saakin lang siya titingin. Pero parang imposible na mangyari eh. Mukhang ang malas malas ko talaga. S-sana ikaw na lang yung minahal ko. Sana ikaw na lang siya Blake. Sana ikaw na lang”**

**“sana nga, ako na lang”**

Napatigil ako sa pag hagulgol ng iyak and napaangat ang ulo ko.

t-teka nag salita ba nang tagalog si Blake?

Blake touches my face then tinignan niya ako sa mata.

**“please Amber, ako na lang mahalin mo”**

**Chapter 14**

***Mr. Superman***

**[Amber’s POV]**

***“please Amber, ako na lang mahalin mo”***

Napatitig ako maigi kay Blake na akala mo eh tinubuan siya ng tentacles sa katawan. Nag lo-loading ang utak ko, not to mention napatigil din ako sa pag hagulgol. Alam mo yung parang mas kagulat gulat pa na malaman mong nagtatagalog si Blake kesa sa malaman mong impakta si Autumn?

Tofu paki rewind nga ang scene na yun? Di ako makapaniwala!

**“n-nagtatagalog ka?”** tanong ko sa kanya

Nagulat naman siya bigla sa tanong ko the humagalpak na siya ng tawa bigla

**“hahahahahahahhahahahahhahahahahhahahahahhaha you’re so funny Amber! hahahahahahahahahahahhahahahahhahahaha”** napahawak na siya sa tyan niya habang halos gumulong sa kinauupuan niya sa sobrang kakatawa. Ako naman pinapanuod lang siya habang takang taka sa kung bakit mamatay matay na sa pagtawa itong gwapong nilalang na to.

O-kay? Ano nakakatawa sa sinabi ko? May mali ba sa sinabi ko? O baka naman hindi niya naintindihan dahil tagalong? O baka naman may katunog na French word yung “nagtatagalog ka’ na nakakatawa kaya tawa siya ng tawa?

Huminga hinga siya ng malalim habang hawak hawak ang tyan niya at pinupunasan ang luha sa gilid ng mata niya gawa ng sobrang pagtawa. Nung huminahon na siya, ako naman ang nagsalita

**“are you done laughing? May I ask now what’s funny?”**

Bigla na naman ulit siya tumawa doon. Ay asar eh, gusto ko na to batukan! Eh kung halikan ko na lang kaya para manahimik siya?! =__=

**“hahahahhahahahaa you are really funny! Instead of being shocked that I like you, what shocks you is that I can speak Filipino! Hahahahahahahhahaha!”**

**“nakakagulat naman kasi no!”**

**“actually I’m not that fluent but I always keep on practicing”**

**“b-but how? Who taught you?!”**

**“you”** sabi niya saakin sabay hawak ng kamay

Tinabing ko naman yung kamay niya

**“urghh!! I’m not joking Blake!”** =__=

**“You know why I’ve studied you language? Because I love you”** he told me seriously

Natameme na naman ako dahil sa kanya. Oh ano nasan na ba yung karugtong na "it's a joke" sabay sabing "some jokes are half meant?" ano nasan na?! bat di pa niya sinasabing joke lang yung sinabi niya!

**“B-blake”**

**“this time, I’m not joking. I really like you Amber. I've learned everything I need to learn just to know you more, to understand you more. I maybe just a good friend to you, but please believe me, starting the day you've entered my life, my heart never stops shouting your name"**

Natameme ako bigla sa sinabi ni Blake. Manhid na kung manhid, but I didn’t expect na gusto niya ko. Parang paanong nangyari na ang isang kamukha ni Prince Caspian-slash-Ben Barnes eh maiinlove sa isang simpleng kikay na tulad ko? Impossible eh, napakalabong mangyari.

*Pero masaya sana at nakakakilig kung hindi si Ren ang gusto ko.*

**“B-blake I-I’m sorry—“**

**“—no need to continue what you’re going to say, beautiful. I’m not asking anything in return. I just want to tell you how I feel”** he smiled at me **“actually I also want to say sorry for all those weird messages you’ve been receiving from Barney”**

Nanlaki ulit ang mata ko sa sinabi niya then bigla akong napaturo sa kanya **"y-you m-mean you are BARNEY?!"**

**"well.."** napakamot siya sa ulo niya na parang nahihiya at kitang kita ko yung pamumula nung tenga niya **"y-yes I'm Barney"**

Di ko alam kung matatawa ako o maiinis pero tokwa si Blake si Barney?! Ang gwapo naman pala ng baklang dinosaur na tinutukoy ni Ren?! O//?O

**"you may laugh you know. No need to control your self"** sabi ni Blake saakin

Napangiti naman ako bigla then ngumiti rin si Blake **"I'm glad that I made you smile"**

**"thanks Blake"**

Nagulat ako ng bigla niya akong hinila at yakapin **"Amber remember that I'm always here for you"**

Hindi ako sumagot, instead I hugged him back.

Nakalimutan ko bigla na nasasaktan nga pala ako ng dahil kay Ren. Nakalimutan ko na may sugat pala ang puso ko ngayon. Masyado akong na-distract ni Blake kaya nakalimutan kong miserable ang pakiramdam ko ngayon

Siguro kung wala ang gwapong half-british half-French na kahawig ni Prince Caspian at marunong magtagalog na lalaking to ay matagal na kong tumalon sa tulay para lang mawala ang sakit na nararamdaman ko. Iba man si Ren sa kanya, ang mahalaga, kahit papaano inalis niya ang sakit na nararamdaman ko. *He's my Superman.*

Kahit nagkanda malas malas na ko, kahit tinamaan pa ko ng karma, hindi parin pala ako totally pinabayaan.  Binigay ni God saakin si Blake.

*Pero sa ngayon, kailangan ko muna pagalingin itong sugat sa puso ko.*

Tinawagan ko sina dad na kasalukuyang nagbabakasyon sa Hawaii. Sabi ko sa kanila susunod na ako doon at sasama makicelebrate ng Christmas and New Year. Ayoko muna harapin si Ren at si Autumn. Baka kasi mamaya yung binibintang saakin ni Autumn eh magawa ko na ng tunay. Baka ihulog ko na siya sa bangain pag di ko napigilan ang sarili ko. =___=

After ko ma-settle yung plane ticket ko papuntang Hawaii, pumunta ako sa room ni Arcie. Good thing wala si Ren. Halos kakatapos lang din ng operation niya. Nakita ko naman si Jiro na nasa may gilid ng bed niya at natutulog habang hawak ang kamay nito. Nilapitan ko si Arcie then I held her other hand

**“Arcie, sorry dahil nangyari pa sayo to. Please wake up. Mangako ka saakin na magpapagaling ka ha? wala akong paki kung malinis man ang pangalan ko o hindi. Ang gusto ko lang gumising ka na para masabi ko sayo kung gaano ako nagsisisi sa nagawa ko dati. Sorry Arcie, sorry…”** napayuko ulit ako dahil lumabas na naman ang luha sa mata ko. Patuloy ang pagiyak ko habang sinasabi ko ang word na ‘sorry’

**“no need to say sorry, she already forgave you”** napaangat ang ulo ko and nakita kong nakatingin na saakin si Jiro habang naka smile. Inabutan niya ako ng hanky **“kung yung nangyari man a few months ago, matagal ng limot ni Arcie yun, so don’t be bothered ok?”**

**“J-jiro. S-sorry ha? sorry kasi nangyari kay Arcie to ngayon. Sorry”**

**“bakit ka ba nag-sosorry kung in the first place wala ka naman ginawang masama?”**

Pinunasan ko yung luha sa pisngi ko then nginitian ko si Jiro “**thanks for believing me Jiro”**

**“syempre alam ko naman na hindi mo kayang gawin yun eh”**

**“buti ka pa pinaniwalaan ako”**

Lumipat si Jiro sa side ko then tinabihan niya ko **“Amber wag mo na lang muna pansinin yung sinabi ni Ren sayo. Kilala ko siya, I know he didn’t mean what he said to you. Masyado lang din siya nagaalala kay Arcie kaya ganun, pero halata**

**naman kanina nung bumalik siya dito, pinagsisisihan niya yung mga sinabi niya. Maybe you should talk to him again"**

Iniwas ko yung tingin ko **"pero Jiro lahat ng sinabi niya sobrang sakit. Ayoko muna siyang makita. Siguro susunod na muna ko kila dad sa Hawaii. Hihintayin ko lang na magising si Arcie"**

**"siguro nga mas ok narin muna yung desisyon mo. Maybe kailangan mo muna ng ilang araw para makapagisip"** he tap my shoulder "**you can go now Amber. Arcie will be alright. Sabi naman ng doctor successful yung operation and wala naman na-damage sa kanya. Hihintayin na lang na magising siya"**

**"p-pero—"**

**"don't worry, the moment na magising si Arcie, I'll immediately contact you"**

**"Jiro salamat talaga ha?"**

**"ano ka ba! Don't mention it. Tsaka hayaan muna natin na ma-miss ka ng Salvy mo"** he winked at me

After ng pakikipagusap ko kay Jiro, inihatid naman na ako ni Blake sa resort to get my things then nag volunteer na din siya na ihatid ako sa bahay namin para doon muna mag stay before ng flight ko sa Hawaii. But instead na ideretso niya ako sa house namin, dinala niya ako sa isang park. Sa park meron doon na parang isang terrace kung saan tanaw na tanaw mo yung mga cliff. Lahat color white dahil covered na sila ng snow.

**“wow, this place is so nice! But why did you brought me here?”**

**“this is the place where I usually go when I want to shout to the world all my pains and happiness”**

**“huh?”**

**“hmm like this one”** nilagay niya yung magkabilang kamay niya sa gilid ng bibig niya and nagulat naman ako dahil bigla siyang sumigaw **“JE T’AIME AMBER LOPEZ!”**

**“h-hey!!”** tinakpan ko yung bibig niya **“someone might hear you!”**

He just laugh **“oh don’t worry, no one goes here. They said this place is hunted”**

**“WHAT?!”**

**“but that’s not true. I always go here”** bigla naman niya ako hinawakan sa magkabilang balikat ko then iniharap ako doon sa may cliff **“now try shouting. It’ll make you feel better”**

**“b-but”**

**“believe me, it works”**

Wala naman sigurong masama kung gagawin ko diba? Tsaka sabi naman niya walang pumupunta sa lugar na to.

Nilagay ko rin sa gilid ng bibig ko yung mga kamay ko atsaka ko isinigaw sa buong mundo lahat ng sakit na nararamdaman ko

**“MAHAL KITA REN! MAHAL NA MAHAL NA MAHAL KITA! PERO BWISIT LANG BAKIT SI AUTUMN ANG PINANIWALAAN MO KESA SAAKIN?! ANG MAS NAKAKAYAMOT PA, KAHIT SOBRANG SAKIT NG MGA SINABI MO HINDI KO MAGAWANG MAGALIT SAYO! BWISIT! BAKIT SAYO PA TUMIBOK ANG PUSO KO?! PWEDE BANG SA IBA NA LANG? PWEDE BANG IBA NA LANG?”** napaupo ako sa gilid ng terrace habang patuloy ang pagbagsak ng luha ko **“BAKIT KAHIT ANONG GAWIN KO HINDI KO PARIN MAABOT ANG PUSO MO? PAGOD NA KO! *Ayoko ng abutin ka…”***

Nilapitan ako ni Blake at niyakap pero hindi siya nagsalita. Hinayaan niya lang naumiyak ako ng umiyak.

Nung araw na yun, inilabas ko lahat ng sakit na nararamdaman ko, pati narin yung pagmamahal ko kay Ren.

But the moment na tumayo na ko at umalis sa lugar na yun, iiwan ko na dito lahat lahat…

*…pati narin yung pagmamahal ko sa kanya.*

Chapter 15

*Airport*

**[Ren's POV]**

**"let's go Amber"** I saw Blake put his arms around her shoulder then naglakad na sila palabas ng hospital.

I breath deeply para mawala yung sakit na nararamdaman ko sa dibdib ko.

*Crap.* Bakit ba kailangan ko pang bitawan ang mga salitang yun sa kanya? Kung hindi sana ako nagpadalos-dalos nasa tabi ko siya ngayon.

Guilt is killing me.

Pumasok ako sa room ni Arcie and nakita kong nandun si Jiro na kumakain ng dinner niya. I sat beside Arcie's bed

**"how is she?"**

**"she's fine now. She's not in danger anymore so no need to worry. Hintayin na lang natin siya magising"**

Napatingin ako kay Jiro habang patuloy siyang kumakain. Mukha ngang nakahinga na siya ng maluwag. Kanina habang nasa emergency room si Arcie tahimik lang siya at hindi nagsasalita. Hindi ko maintindihan kung nagaalala ba siya kay Arcie, parang balewala lang sakanya ang nangyari. Nagagawa na nga niyang makakain ngayon na parang walang masamang nangyari.

For a second, I want to punch him on his face.

**"buti ka pa nakakakain na"** sabi ko sa kanya kaya napatigil naman siya bigla

**“bakit naman?”**

**“wala lang, it’s just weird. Walang malay yang girlfriend mo pero nakukuha mo pang kumain”**

**“does starving myself can wake her up?”**

**“but still--!!”**

**“still what? Are you questioning my love for her?”**

I didn’t answer his question.

**“higit sa inyong lahat, ako ang pinaka nagalala kay Arcie. Nung makita ko siyang walang malay at duguan, parang tumigil ang pagikot ng mundo ko. Grabe akong natakot na baka mawala saakin ang babaeng dahilan kung bakit ako nabubuhay ngayon”** lumapit si Jiro sa may bed ni Arcie then he hold her hand **“but still naniniwala ako na magigising siya at hindi niya ako iiwan ng ganito na lang. Alam kong babalik siya”** he smiled then he tapped Arcie’s head **“right my princess? Kailangan pa natin i-celebrate ang Christmas and New Year so please wake up. I love you”** bulong niya dito

Parang nahiya ako bigla sa sinabi ni Jiro. Siguro nga dinadamay ko lang siya ngayon dahil miserable ang pakiramdam ko

**“bakit hindi mo pinaniwalaan si Amber?”** tanong niya saakin

Iniwas ko naman ang tingin ko sa kanya “ayoko pag-usapan”

**“kung sabagay, hindi ko na kailangan tanungin kasi alam ko naman ang dahilan eh. Kilalang kilala kita”**

Hindi ko na sinagot si Jiro. Siguro nga alam ni Jiro na kaya ko nagawa kay Amber yun ay dahil gulong gulo narin ako nun. Pareho ng naramdaman ni Jiro, natakot ako nung makita kong walang malay si Arcie. Hindi na straight ang pagiisip ko nung mga panahon na yun kaya ko nasabi lahat ng bagay na yun. And the mere fact na si Amber ang nakita kong kasama ni Arcie nung wala siyang malay makes me believe that what Autumn said is true.

Pero alam kong mali yung ginawa ko. Hindi ko dapat siya pinagbitiwan ng masasamang bagay dahil lang wala na akong masisi nung panahon na yun. Gusto kong mag sorry sa kanya pero nahihiya akong ipakita ang mukha ko sa kanya after all the things that I’ve said. Ang duwag ko.

**“mahal mo ba siya?”** tanong ni Jiro saakin

Mahal? Mahal ko nga ba si Amber?

Pumikit ako at pinakiramdaman ang puso ko pero hindi ko parin alam kung ano nga ba talaga.

She’s special for me, maybe mahal ko na nga siya. But still may gumugulo parin talaga sa isipan ko.

**“ang tanga ko no?”** yun lang ang nasagot ko kay Jiro at nakita ko naman na napangiti siya bigla

**“oo nga, ang tanga mo nga”** at talagang sumangayon siya! =__=

**“oo alam ko yun!”**

**“alam mo Ren kung ako sayo gumagawa na ko ng paraan para mag sorry kay Amber. Mamaya niyan ipagpalit ka na nun kay Blake. Lalo pa ngayon pupunta na siya ng Hawaii”**

Halos mahulog ako sa kinauupuan ko dahil sa sinabi ni Jiro “t-teka pupunta na siya ng Hawaii?! Teka bakit? Ano gagawin niya doon?!”

**“I dunno. Ang pagkakaalam ko sinundan niya na parents niya. Siguro doon na siya magaaral”**

**“NO!”**

Pagkarinig na pagkarinig ko ng sinabi ni Jiro agad akong napatakbo sa labas ng ospital.

Anak ng mestizang hilaw yan oh!!! Bat naman niya sineryoso lahat ng sinabi ko?! Sana inisip niya na joke lang yun, na nang go-goodtime lang ako! Ampupu naman eh!

Bat kasi ang tanga tanga ko?!

Tsaka bat kasi ang landi landi ng french toast na yun?! >__<

**“ohh Ren!”** napatigil ako sa pagtakbo when someone cling on my arm. It’s Autumn **“where are you going?”**

**“sa planet nemik! Sama ka?!”** I told her sarcastically

**“eh? I don’t understand what you said! And what’s with that tone?!”**

Kinalag ko yung pagkakahawak niya saakin “**Autumn listen carefully, I see no reason why you have to hurt Arcie but once I’ve proved that you did this to her, I swear I might kill you”** and once na hindi ko maabutan si Amber, ipapakatay ko siya!

**“b-but Amber did it!”**

**“she can’t do that to Arcie!”**

**“but why suddenly you believe her?! She’s fooling you!”** di ko na siya pinansin at dumiretso na ko sa kotse ko on the way to airport

*Sana maabutan ko siya.*

Oo na sige na! mahal ko na si Amber! Hindi ko kayang mawala siya o mapunta siya sa ibang lalaki! Kung kailangan kong lumuhod sa harapan niya gagawin ko. Kung kailangan kong magpaalipin sa kanya at bilhan siya araw araw ng cheesecake at kape gagawin ko.

Mestizang hilaw naman eh, wag mo naman akong iwan. Please hayaan mong itama ko ang mali ko :(

Mabilis kong pinatakbo ang sasakyan ko kahit alam kong delikado dahil madulas ang daan gawa ng snow pero wala akong paki. Gusto ko lang talagang makarating agad ng airport para habulin si Amber.

Kaso kahit pala gaano pa kabilis ang pagpapatakbo ko, hindi ko siya nagawang habulin. Pagkadating na pagkadating ko, I heard the speaker announced na nakaalis na yung plane going to Hawaii.

Hindi narin ako makapasok ng airport sa higpit ng security nila. Naupo na lang ako sa isang bench sa labas. Ramdam na ramdam ko yung bilis ng tibok ng puso ko, yung pagkamanhid ng katawan ko gawa ng lamig…pati yung sakit na nararamdaman ko sa puso ko. Napapikit ako.

*Wala na siya.*

Bakit naman ganitong kabilis ang pangyayari? Parang kahapon lang nag i-ice skating lang kaming dalawa habang magkahawak ang kamay namin at kinakantahan ko siya. Parang kailan lang nung nasiraan kami ng kotse at magkatabi kami natulog. Parang kailan lang na sabay kami pumapasok ng school habang nagaasaran.

Sa isang pagkakamali ko, sa salitang masakit na nabitawan ko, nawala ng isang iglap ang babaeng mahal ko.

Siguro nga ako na ang pinaka tangang lalaking nabuhay sa mundong ibabaw. Yung babaeng nagmamahal saakin ipinagtulakan ko palayo. Ngayon anong nangyari? Nasasktan ako ngayon.

Napahinga ako ng malalim atsaka ko inilagay ang dalawang kamay ko sa mukha ko. Ang bigat sa dibdib, gusto kong umiyak pero ayaw tumulo ng luha sa mga mata ko.

Kinuha ko yung iPod ko at sinaksak sa tenga ko yung headset ko atsaka ako nagpatugtog. At kung mangaasar nga naman ang tadhana, sa dinami-dami ng kanta ko dito, bakit eto pa ang tumugtog?

*~ Heto na naman*
*Sulyap ng 'yong mata*
*Na nagsasabing, ika'y nag-iisa ~*

Naalala ko tuloy yung araw na na-stranded kami ni Amber eto yung kinanta ko sa kanya. Eto rin yung kantang pinahiwatig ko sa kanya kung ano ang nararamdaman ko.

*~ Pinilit kong sabihin*
*Ngunit di ko magawa*
*Na magsabing gusto kita ~*

Eto na nga eh! Sasabihin ko na sayo, mahal na mahal kita Amber Lopez! Pero sana naman hindi ka umalis. Sana hindi mo ko iniwan

*~ Tuwing makikita ka*
*Ang damdamin ay hindi mapigilan ~*

Alam mo ba yung pakiramdam na gusto kitang yakapin palagi? Ganung ganun ang nararamdaman ko kada makikita kita.

*~ May nagmamahal naba sayo?*
*Kung wala'y ako nalang ~*

Kung hindi pa huli lahat, pwede bang akin ka na lang?

*~ Lahat ibibigay sayo*
*Na walang alinlangan ~*

Lahat gagawin ko mapasaya ka lang ulit. Makita ko lang yang ngiti mo matutuwa na ako. Kaya please, bumalik ka Amber, wag mo kong iwan.

*~ Sana'y bigyan naman ng pansin*
*Ang puso kong ito ~*

Please give my heart another chance :(

*~ Kaya tanong ko lang*
*Kung may nagmamahal naba?*
*Sana'y ako nalang ~*

Di ko makakaya pag nawala ka sakin Amber. *Ikamamatay ko.*

After that, hindi ko namalayan nakatulog na pala ako sa kinauupuan ko.

Umaga na ulit nung makarating ako sa hospital. Hanggang ngayon hindi parin lumalabas ang luha sa mga mata ko pero nakapag decide na ko, right after magising ni Arcie susundan ko na si Amber sa Hawaii and I'll make sure na ibabalik ko siya dito. At sisiguraduhin ko rin na bago kami bumalik dito, kami nang dalawa.

Pagkapasok ko ng hospital, nadatnan ko naman si Jiro na kumakain na ng almusal. Ano ba naman tong lalaking to, nung iniwan ko kumakain, pagkadating ko kumakain parin! Balak ako agawan ng pagiging matakaw King?!

**“oh andyan ka na pala. San si Amber?**” tanong niya saakin sabay kagat doon sa sandwich na may jam ata na palaman

**“h-hindi ko na siya naabutan”** sagot ko sa kanya sabay iwas ng tingin

**“ganun ba? Wawa ka naman. Gusto mo ng sandwich?”** inabot ni Jiro saakin yung sandwich pero tinignan ko lang siya ng masama “**err bat ganyan ka makatingin saakin?”**

**“you’ve got to be kidding me! Nakuha mo pa kong alukin ng sandwich samantalang nalaman mo na iniwan na ko ni Amber ha?! narinig mo ba sinabi ko?! Iniwan na ko ni Amber! iniwan na ko ng babaeng mahal ko!!! Palibahasa wala ka sa sitwasyon ko kaya hindi mo naiintindihan eh!!!! Wala na siya! Huli na ang lahat para saamin! Wala na ang babaeng mahal ko!!”**

Nagulat naman ako ng biglang ngumiti si Jiro. Nangaasar ba talaga siya?! Pwes sinasabi ko sa inyo, sobrang effective!!!

**“edi umamin ka rin na mahal mo si Amber!”**

**“h-ha?”**

Nilapitan niya ko sabay inakbaya**n “don’t worry joke lang yung doon na siya mag-aaral. Magbabakasyon lang yun doon hanggang New Year, pero babalik din naman siya”**

Parang lahat ng dugo sa katawan ko eh nawala nung marinig ko yung sinabi saakin ni Jiro. Ibig sabihin mukha lang akong ewan kahapon na nagdadrama sa labas ng airport?! Doon pa mandin ako nakatulog! Tapos yung bilis pa ng pag da-drive ko muntikan na kong mapunta sa heaven! Yung pala GINO-GOODTIME lang ako ng Jirong to! At kelan pa siya natutong mag joke ha!! PAKI BALIK NGA YUNG MASUNGIT NA JIRO!!!! >____<

**“bro”** sabi ko sa kanya sabay pulupot ng braso ko sa leeg niya “**walangya ka! Muntikan na ko mamatay kagabi sa bilis ng pagmamaneho ko tapos joke lang pala yun!!!”**

**“ahrrkk! Di ako makahinga! Ano ba lemme go! Ahhggrr! At least nalaman mong mahal mo di ba?!”**

**“mahal your face!!!”** sabi ko sa kanya tapos nagtatatalon ako habang hawak hawak ko ang leeg niya

**“ano ba bro! bitawan mo ko! I did that for your own good! Ano ba! Ayoko pa mamatay! Ahhhrrgg!”**

**“bahala ka diyan! Eto bagay sayo!!!”** nagiikot kami ng nagiikot ni Jiro doon habang pareho kami nagsisisgaw.

Walangyang lalaki, sobra mag power-trip! =__=

**“ang ingay niyo”**

Napatigil kami doon sa paggugulpihan ng marinig namin ang boses na yun. Napatingin kami pareho sa sa bed ni Arcie.

Pareho kaming napatulala ni Jiro ng makita namin si Arcie na gising na habang nakangiti saamin dalawa.

**Chapter 16**

***waiting***

**[Ren's POV]**

**“b-binbo..”**

**“good morning labanos, Jiro”**

**“Arcie..”** lumapit si Jiro sa bed ni binbo then he kneeled beside her. Hinawakan niya ang kamay nito then tsaka niya hinalikan **“I’m glad you’re awake. I’m really glad. Sobrang miss na miss kita alam mo ba?”**

She smiled at him **“kailangan ko na daw gumising dahil hinihintay ako ng mahal ko”**

Napangiti ako sa dalawang to. Tignan niyo yang ka-sweetan na yan oh, nakakainggit. Sana ako din merong ganyan ngayon T__T

Lumabas ako ng room to give them some privacy and para tawagin narin yung doctor ni Arcie. Pero bago kami makabalik ng room, nakita ko si Autumn na nagmamadaling maglakad.

Pinauna ko muna yung doctor then hinabol ko si Autumn. I grab her arm then hinarap ko siya saakin

**“where are you going *darling*?”**

**“R-ren. Uhmm I—I’m j-just..”**

**“running away?”** I smirk **“Arcie’s now awake. Should I call the police now?”**

**“h-huh? Uhm R-ren..”** nagulat ako ng bigla siyang ngumiti ng nakakaloko then she kicked me…

…where it hurts the most T___T

**“OW! OUCH OUCH OUCH!!”** nagtatatalon ako doon while clutching my family jewels habang si Autumn naman tumatakbo palayo.

Walangyang babae yun pag talaga naabutan ko yun ipapakulong ko siya!! Ang sakit ha!! pag ako nawalan ng kakayanang mabigyan ng magandang anak si Amber ipapatapon ko talaga ang babaeng yun sa planetang Nemik!! T__T

Nung makarecover na ko sa panlalambot na natamo ko dahil sa pag-sipa niya saakin, I tried chasing her pero mukhang nakatakas na nga ang isang yun. Bwisit talaga!! Nakakaasar!!

Bumalik ako sa room ni Arcie ng may nakabusangot na mukha.

**“Autumn es---“**

*POINK!*

[A/N: sound effect yan, wag na kayo kumontra XD]

Bigla bigla na lang may lumipad na pagkalapad-lapad na unan sa mukha ko. Nakita ko si Arcie na galit na galit ang mukha at ibinato pa saakin yung isa pang unan but good thing nailagan ko

**“h-hey binbo anong problema!”**

**“ANONG PROBLEMA?! IKAW!!”** kinuha niya pa yung isang unan at ready ng ibato saakin **“BWISIT KANG LABANOS KA! ANG BOBO MO TALAGA!! PALIBHASA PURO KWEK KWEK LANG NASA UTAK MO!!”**

**“h-ha? t-teka anong nagawa ko? O___O”** tinignan ko si Jiro at iniwas niya lang yung tingin niya sakin. Mukhang wala din siyang balak pigilan si binbo sa pagbato saakin. >___<

**“Bakit si Amber ang sinisi mo ha?! yung taglagas mo kaya ang tumulak saakin sa hagdan kasi naiinis siya saakin dahil may gusto siya kay Jiro, tapos plano pa niyang saktan din si Amber dahil may gusto din siya sayo!! Ang malanding babaeng yun!! Tapos ngayon sinaktan mo si Amber sa isang kasalanang hindi niya ginawa! Ay naku nakakainis ka talaga labanos!!”**

**“a-alam ko naman yun binbo eh. Hinabol ko nga si Autumn kaso sinipa naman niya ko below the belt kaya di ko siya naabutan. Sorry na binbo. Hinabol ko naman si Amber kaso di ko na siya naabutan.”**

**“hmpf!”** tumalikod siya saakin **“asar parin ako sayo!”**

Nilapitan naman ni Jiro si Arcie **“princess, don’t be mad at him anymore. Maganda narin muna na magkalayo for a while yung dalawa para naman mas maintindihan nila ang mga nararamdaman nila”**

Nilapitan ko silang dalawa **“oo nga naman binbo, wag ka ng magalit. Tsaka..”** **n**apakamot ako sa ulo ko at yumuko then bumulong ako ***“l-liligawan ko na siya paguwi niya”***

Napalingon naman saakin si binbo **“anong sabi mo?”**

**“wala! Wala akong sinabi.”**

**“eh meron eh! Narinig ko yun! Sabi mo liligawan mo na si Amber!”**

**“m-may sinabi ba ko?”**

**“oo narinig ko yun! Uyy si labanos inlove na sa meztisang hilaw niya! Uyyy!”**

**“heh! Tumigil ka nga!”** sabi na eh dapat di ko na sinabi, aasarin lang ako ng babaeng to =__=

**“kinikilig akoo!”**

**“tumigil ka nga binbo!!”**

Buong araw walang ginawa si binbo kundi asarin ako kay Amber. Nakisali pa tong si Jiro. Grabe talaga tong dalawang to, kawawa ako. T__T

Mga bandang tanghali, naisipan naman nilang alilain ako. Ako ang pinabili nila ng lunch. Nakakabaliw nga si binbo kasi naghahanap ng lugaw na may tokwa’t baboy dito sa England. Saang lupalop naman ako makakakita nun dito di ba?! In the end, napunta ako sa isang burger house at binilhan ko ng pagkalaki-laking burger with chips yung dalawa. Dumaan din ako sa isang bake shop para bumili ng cake. Nagtingin-tingin ako kung anong masarap na flavor.

Alam ko mahilig si binbo sa chocolate flavor. Siguro yun na lang ang bibilhin ko.

**“one chocolate cake please”** sabi ko doon sa cashier. Napatingin naman ako doon sa side na mga display ng cake and nakakita ako ng cheesecake.

Naalala ko na naman yung meztisang hilaw na yun. Sana ok lang siya ngayon. Ano kaya ginagawa nun? Naku for sure nagbababad yun sa beach sa Hawaii. Or baka kumakain din siya ng cheesecake at umiinom ng kape.

Bigla naman ako napangiti then humarap ako sa cashier **“I also like to order one slice of cheesecake and coffee, for dine in”**

She punched my order then naupo na ako sa seat near the window. Dumating naman agad yung cheesecake at coffee na inorder ko.

Siguro nga nag kakape at kumakain ngayon ng cheesecake si Amber. Ngayon pa lang miss na miss ko na yung babaeng yun eh. Sumubo ako ng cheesecake then napapikit ako. Iisipin ko na lang siguro na kasama ko siya ngayon at sabay kaming kumakain ng cheesecake at coffee.

After kong kumain saglit sa bakeshop, naglakad na ko pabalik ng hospital. Walking distance lang kasi yung layo ng binilhan ko doon sa hospital. Bigla naman akong napahinto sa isang gift shop nung makita ko yung keychain na naka display doon sa may window ng shop.

Tinitigan ko to and medyo napangiti. Couple’s keychain siya pero kakaiba yung design. Para siyang isang girl and boy na nagbabangayan. Parang kaming dalawa lang ni Amber (view picture on the side). Natuwa naman ako doon sa keychain kaya binili ko. Siguro ibibigay ko na lang to sa kanya pagbalik niya.

*Sana nga bumalik na siya. Miss na miss ko na siya.*

**[Amber’s POV]**

**“hi babe”** he put his arms around my waist and started kissing my neck “w**anna go to the bar with me?”**

I faced him then smile **“sure handsome”**

He leaned on me and was about to kiss me ng biglang may isa pang lalaking lumapit saamin then punched him hard on his face **“get your hands off my girl!”** sigaw nung lalaking kadarating lang.

**“you’re girl?! What the hell?! She’s my girl!”** then gumanti siya ng suntok

Oh for pete's sake! i'm nobody's girl! I own myself!!

Before pa nila ako mapansin, naglakad na ako palayo. Bahala silang magsuntukan diyan. Sana lang marealize nila na pareho ko silang boyfriend.

It’s been two weeks eversince na dumating ako sa Hawaii. Sa loob ng two weeks nagkaroon ako ng dalawang boyfriend.

Playgirl? Not really.

Sila unang lumandi, sinakyan ko lang ang trip nila.

So what? Di rin naman sila seryoso eh. Let’s say, ginagamit lang namin ang isa’t isa. They need a trophy for display, I gave them what they want. I need a past time, they gave me what I need.

Bakit ko ginagawa ang bagay na to? Because I’m in too much pain.

Let me tell you something. Too much pain can changed a person. And I changed a lot.

Ang dating Amber? Yung hopless romantic.

Yung ngayong Amber? Doesn't give a damn shit on that thing called love.

After that incident, I swear to myself na hinding hindi na ko masasaktan.

At paninindigan ko ang desisyon ko na yun

**Chapter 17**

***Changed***

*“Numbing tha pain for a while will make it worse when you finally feel it”*

*- Albus Dumbledore*

**[Amber’s POV]**

2 months.

It’s been 2 months eversince umalis ako sa England. Napakaikling panahon, pero sa maikling panahon na yun, naturuan ko ang sarili kong magbago. Maybe because I’ve learned the hard way.

*Masama na sa panahon na to ang magmahal ng sobra.*

Sana pala umpisa pa lang ganito na ginawa ko. Dapat dati palang nung mga panahong nasasaktan ako ng dahil kay Jiro, tinuruan ko na ang sarili kong magbago.

Tanga ko lang kasi. Kailangang dalawang beses ko pa ipa-torture ang puso ko para magtino eh.

**“oy ganda I miss you!”** tinignan ko sina Arcie at Jiro na nasa harapan ko at sinalubong ang pag dating ko.

Oo nga pala, nandito na ko sa London. Saktong dating ko dito, alis naman nina Jiro going back to Manila.

I hugged Arcie **“na-miss din kita Arcie! I’m glad you’re ok!”**

**“syempre ako pa! di ko hahayaang magpatalo ako sa mangkukulam na yun! Mamaya landiin pa niya ang Jiro ko no!”**

Inakbayan naman ni Jiro si Arcie **“no need to worry love. Ikaw lang may karapatan na lumandi saakin”**

I smiled at them. Sana kasing swerte din ako ng dalawang to pagdating sa lovelife. But anyways, I don’t care about that damn thing called love anymore. Masaya na akong ganito, naglalaro. In that way hindi na ko masasaktan.

**“Anyways Amber, I’m glad bumalik ka na. May isang taong naka miss sayo ng sobra”** sabi ni Jiro

**“yeah I know. I miss him too”**

**“really?!”** tanong naman ni Arcie at mukhang tuwang tuwa sa sinabi ko

I smile **“yep. I miss him very much, si Blake. Actually halos araw araw niya akong tinatawagan nung nasa Hawaii ako eh, but still na mi-miss ko parin siya”**

Nakita ko naman na medyo na-disappoint si Arcie sa sinabi ko **“wala ka pa bang ibang namiss?”**

**“hmm let’s see. Na miss ko kayo ni Jiro syempre! Pati narin si Autumn! Miss na miss ko ang kademonyohan niya! Hahahahahaha”**

**“hay naku Amber! magtino ka nga!”** saway naman saakin ni Jiro

I grinned **“matino na ko Jiro, hindi na ko tulad ng dati”**

Nakipag kwentuhan lang ako sa kanila sa airport habang hinihintay nila yung flight nila. Nung malapit na silang umalis, doon lang ako nagpaalam.

I hugged Arcie **“ma-mimiss kita, sobra!”**

**“you too Amber! nakakalungkot naman at maghihiwalay na ulit tayo”**

**“basta Amber umattend kayo ni Ren sa wedding nina Ms. Krissa at Sir Nike ha!”** sabi ni Jiro

**“of course I’ll come. Palalagpasin ko ba naman yun?”**

**“sabi mo yan ha?”** tanong ni Arcie

**“yep, I promise**” lumapit naman ako kay Jiro then I hugged him **“ingat kayo ha? and take good care of Arcie”**

**“of course I will. You too Amber”** mas lumapit si Jiro saakin then he whispered something **“open your eyes. . . . *.and your heart.* Sometimes the reason why we**

**are hurt is because something good will happen”** after that humiwalay na siya sa pagkakayakap saakin.

I gave him a puzzled look

**“what do you—“**

Pero din a niya ako pinatapos, he tapped my head then nag wave na siya **“take care. A bientot mademoiselle!”** sabi niya then naglakad na sila palayo.

O-K? what does he mean by that?

**[Ren’s POV]**

Haaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaay

Nahiga ako doon sa damuhan sa may field ng university namin. 2 weeks na nung mag start ang pasukan pero di parin umuuwi si mestizang hilaw. Sobrang miss ko na siya to the point na minsan tumatambay ako ng ilang oras sa labas ng unit niya. Nandun lang

ako sa gilid ng pinto at nakaupo ng ilang oras. Nakatulog pa nga ako dati doon eh kaya kinabukasan nun sinipon ako. Tapos madalas din akong pumunta sa coffee shop para mag kape at kumain ng cheesecake. Lagi ko rin kinakanta yung “Sana’y ako na lang” habang iniimagine ko na nasa harap ko si Amber. Nag paprint pa ko ng picture niya na ninakaw ko sa facebook at pinaframe ko yun. Gabi-gabi bago ako matulog tititigan ko siya at hahalikan then itatabi ko siya sa pagtulog.

OO NAKAKAKILABOT MGA PINAGGAGAGAWA KO.

Eh ano ngayon?! Miss na miss ko na yung mestizang hilaw na yun eh. Kasi naman bat ang tagal tagal umuwi =__=

Tapos nakakapraning pa yung mga sinabi saakin dati nina Jiro

*[flashback]*

***“kelan kaya uuwi si Amber?”*** *tanong ko sa kanila*

***“hmm malay. Di ko pa nako-contact”*** *sabi naman ni Jiro*

***“hala baka di na siya umuwi!!”*** *– Arcie*

*“**tse! Magtigil ka nga binbo! Babalik yun no!!”*** *- ako*

***“hmm pero may possibility na mangyari yung sinasabi ni Arcie. Syempre ang daming gwapo sa Hawaii eh”*** *- Jiro*

***“tama! At macho pa!” -*** *Arcie*

***“at matangkad!”*** *- Jiro*

***“Moreno!”*** *– Arcie*

***“hindi patay gutom”*** *– Jiro*

***“hindi nangaaway”*** *– Arcie*

***“hindi manhid”*** *– Jiro*

***“at pwedeng pwedeng bigyan ng magandang anak si Amber!”*** *– Arcie*

*Tinapik ako ni Jiro sa balikat* ***“kaya kung ako sayo, sumuko ka na. May iba na yun”***

***“GRABE HA! SALAMAT SA PAG COMFORT AT PAGPAPALAKAS NG LOOB KO! GRABE NAKATULONG KAYONG DALAWA!”*** *sigaw ko naman sa kanila*

*Then they burst in laughter*

*[end of flashback]*

Di ba?! Napaka supportive nilang kaibigan no?! kaya nga nabigyan ko ng tig-isang batok yung dalawang yun bago bumalik ng Pinas. Pabaon ko na sa kanila yun =__=

Hay. Pero aaminin ko bothered parin ako. Kasi naman eh miss ko na si Amber T__T

**“so are you coming?”**

**“of course sweetie I will”**

Napabangon ako nung marinig ko yung boses na yun. Ang napaka pamilyar na boses sa pandinig ko.

Hinanap ko kung saan nanggagaling and ayun, sa di kalayuan saakin nakita ko siya. Hindi nga ako nagkakamali.

*Si Autumn yun.*

I smirk. Humanda ka ngayong babae ka! Patay ka saakin!!

Nilapitan ko si Autumn then I grab her arms **"hey darling, long time no see"**

Nakita kong nanlaki ang mata niya nung makita niya ako "R-r-ren?"

Bago pa niya masipa ulit ang pinaka iingatan kong pagkalalaki, hinila ko na agad siya palabas ng University

**"hey! Let me go!! Where are you bringing me!!!!!"**

**"to the police station where else?"**

**“no please. Ok, ok I’m sorry for what had happened to Arcie. It’s just an accident! I put the blame on Amber because I’m scared you might get mad at me! I’m sorry Ren! Please don’t do this to me”**

**“www.palusot.com”** =__=

**“huh? What’s that?”**

**“ewan ko sayo. Tanungin mo si Majinbu. Bwiset bat kasi naging British ka! Ayokong makipagpaliwanagan sayo ng English. Nosebleed much you know”**

**“bloody hell! Stop speaking to me in alien language!!”** after that, muli na naman siyang naging instant kabayo at sinipa ako…pero di na sa pagkalalaki ko, sa hita ko na lang

**“OUCH!!!! ANAK NG---!!”** patakbo na ulit siya pero nahawakan ko yung braso niya **“not so fast!!”**

**“ugghhhhh let go of me!!!”**

**“oh sure I will but before that”** lumuhod ako sa harap niya at tinanggal yung magkabilang pares ng sapatos niya atsaka ko ito binato sa lake

**“WHY THE BLOODY HELL DID YOU DO THAT FOR?!”**

**“ganithan lang tsong!”** I tapped her shoulder then tumakbo na ko palayo

Umuwi siya ng naka paa ngayon! Pasalamat siya at kahit sobra ang galit ko sa kanya eh di ko siya ipapa-kulong! Pero once na manggulo pa ulit siya, di na ko magdadalawang isip na ipahuli siya!

Pero good luck na lang ang paglalakad niya ng naka paa. Mwahahahahha

Naglakad ako pabalik ng university to get my things then nag paalam narin ako sa mga kaklase ko na uuna na ko ng uwi.

Hindi na naman pumasok si Amber ngayong araw. Hay.

Binuksan ko yung bag ko then kinuha ko yung maliit na box kung saan nakalagay yung keychain na binili ko dati malapit sa may hospital sa may ski resort.

Dadating pa kaya siya? Maibigay ko pa kaya to sa kanya?

O baka nakahanap na talaga siya ng iba doon sa Hawaii? :(

Kasi sila Jiro eh! Ayan tuloy napa-paranoid na ko!!

Hay naku naman, di ko alam na mas may mamimiss pa ko ng sobra kesa sa mga quack quack. Kahit di na ko makakain nun for the rest of my life, basta bumalik na siya masaya na ko. T__T

Hay makapunta na nga lang muna sa coffee shop.

Itinago ko na yung box sa bag ko then naglakad na ako on the way sa coffee shop ng bigla akong mapatigil sa nakita ko. I was rooted to the ground when I saw that very familiar face.

*Yung babaeng matagal ko ng inaantay.*

Nakita kong lumabas siya sa coffee shop habang dala-dala niya yung mga bagahe niya. Mukhang kababalik lang niya.

*Nandito na siya…*

Tatakbo na sana ako papalapit sa kanya kaya lang napatigil ako ng biglang may humarang na lalaki sa kanya. Hinawakan siya nito sa bewang atsaka binulungan si Amber sa tenga. Nakita ko naman na tinulak niya yung lalaking to pero di siya binitawan.

Bigla na lang nag init ang ulo ko sa nakita ko. %$&%^# lalaki yan!! Wag na wag niyang babastusin si Amber!!!!

Tumakbo ako papalapit sa kanila atsaka ko itinulak yung lalaki palayo sa kanya.

**“R-ren!”**

**“leave her alone man!!**” I told him on gritted teeth

Pero kesa matakot, the guy just smirk **“Why would i?!”** hinila niya papalayo saakin si Amber atsaka niya ito inakbayan **“she’s my girl!”**

Girl mo mukha mo!! Imposibleng mangyari na pumatol si Amber sa isang manyakis no! =__=

**“don’t fool me man. She’s my fiancée”** sabi ko sa kanya. Oy pero di ko lang basta sinabi yun ha! plano ko kaya yan totohanin

Biglang tumawa yung lalaki “**she’s everyone’s fiancée you know”**

**“what is she?! a toy?! Get your hands off her or else I’ll kick you’re a**!!”** masaydo na tong lalaking to eh! Nakakakulo ng dugo! Ano akala niya kay Amber prostitute?! Sapakin ko siya eh!!

**“stop it Ren!”** napatingin din ako kay Amber then nagulat ako ng hawakan niya ang kamay nung lalaki “**he’s telling the truth. Let’s just say, natutunan ko na ngayon kung paano maging masaya”** sabi niya saakin habang nakatingin ng diretso.

Ngayon ko lang napansin, parang may nagbago sa kanya. Hindi ko alam kung sa itsura, sa tindig, sa pananamit o sa expression ng mukha niya.

*Parang ibang babae ang kaharap ko ngayon.*

**“let’s go darling. I need to have some fun today”** sabi niya doon sa lalaki then inakbayan naman siya ng lalaki na para bang pagmamay-ari niya si Amber.

Kanina lang pinagtutulakan niya to pero bat din a siya umaangal ngayon? Bakit hinahayaan niyang akbayan siya ng manyak na yan?! Bat siya sumasama doon?

Bat niya naging boyfriend yun?

*Anong nangyari sa kanya?*

Hinabol ko silang dalawa then hinatak ko si Amber

**“ano ba!!**” hinatak niya pabalik yung braso niya

**“hindi ka sasama sa kanya”** I told her

**“at bakit hindi?! Sino ka para diktahan mo ko?!”**

**“leave us alone man!”** sabat naman nung lalaki

**“I told you she’s my fiancée so shut your mouth!”** tinignan ko si Amber sa mata then hinawakan ko siya sa braso **“your coming with me!”** kinuha ko yung mga bagahe niya at hinatak ko siya palayo doon sa lalaki. Nakita ko naman na hinabol kami nung lalaki pero dahil sa bilis ng paglalakad ko, hindi na niya kami nasundan.

**“Ano ba let me go!!”** nahatak ni Amber yung braso niya pero hinawakan ko ito ulit atsaka ko hinila **“ano ba Ren!!! Ano bang problema mo?!”** hindi ko siya sinagot hanggang sa makarating kami sa condo.

Nung mabuksan ko na ang pinto ng unit ko, hinila ko siya papasok doon.

**“what’s wrong with you?!”** sigaw niya saakin

**“ako ang dapat na nagtatanong sayo niyan! Anong pumasok sa kukote mo at sasama ka doon sa lalaking yun?! Ano naisipan mo at nakipag relasyon ka doon! Amber anong nangyari sayo?!”**

Tinignan niya ako sa mata **“ask yourself”**

Tinitigan ko rin siya at doon ko lang napansin kung ano ang nagiba sa kanya. *Yung mga mata niya.* Ibang iba na to, hindi na gaya ng dati. Noon parang ang saya-saya palagi nung mga mata niya, full of expression, napaka sincere, napaka inosente. Pero ngayon, ang nakikita ko na lang is plain coldness. Napaka expressionless na nito, parang wala na siyang pakielam sa kung anong pwedeng mangyari.

**“Amber..”** nilapitan ko siya and hinawakan ko yung kamay niya kaso lumayo agad siya saakin

**“please wag kang lalapit”**

**“Amber, s-sorry sa nasabi ko sayo. Hindi ko sinasadya yun. Sana patawarin mo ko. Hinintay ko na makabalik ka. Amber..”** I step one close to her **“I love you”**

Kitang kita ko ang gulat sa mga mata niya nung sabihin ko ang salitang yun. Huminga siya ng malalim then nag bitiw siya ng salitang nagpasabog ng mundo ko

**“hindi na kita mahal”**

**Chapter 18**

***because of you***

*(part 1)*

**[Ren’s POV]**

**“hindi na kita mahal”**

Parang hinagisan ni Amber ng bomba ang puso ko at pinasabog ito dahil sa sinabi niya. Kulang na lang na buong pagkatao ko sumabog. Gusto kong magwala ngayon, gusto ko siyang sigawan at the same time gusto kong lumuhod sa harapan niya at mag makaawang bawiin niya yung sinabi niya saakin. Pero di ko to magawa. I was rooted to the ground. Para akong na-petrified dito sa kinatatayuan ko. Hindi ako makakilos at walang boses na lumabas sa bibig ko.

Siguro dahil narin kitang kita ko sa mukha ni Amber ang sakit nung binitawan niya ang salitang yun. Hindi siya makatingin saakin ng maayos.

Huminga ako ng malalim and tried my best to smile

**“o-ok lang yun”** napatingin bigla saakin si Amber nung magsalita siya **“ayos lang kung di mo ko mahal, basta ako mahal kita”** hinawakan ko ang dibdib ko atsaka ako pumikit **“ramdam na ramdam ko dito kung gaano kita kamahal Amber. At sising sisi din ako sa lahat ng ginawa ko sayo”** I took one step closer to her **“alam ko di mo ko mapapatawad but still I want you to know how sorry I am. Amber kahit hindi mo ko mahal ngayon, gagawa at gagawa ako ng paraan para mahalin mo ulit ako”**

Iniwas ulit ni Amber ang tingin niya **“wala akong paki! Ayoko na sayo. Please wag mo na ko guluhin”**

**“wala nga akong paki kahit ayaw mo na saakin. Nagsisi na ako dati nung palagpasin ko ang pagkakataon ko para makasama ang babaeng mahal ko. I will not going to make the same mistake twice”** I held her chin up at tinignan ko siya sa

mata **“this time I swear gagawin ko ang lahat para mahalin ako ng babaeng mahal ko. Ayoko ng maging best friend o kontrabida o supporting character. Gusto ko ng maging bida, at ikaw ang gusto kong maging ka-love team sa storyang to”**

**[Amber’s POV]**

***“Ayoko ng maging best friend o kontrabida o supporting character. Gusto ko ng maging bida, at ikaw ang gusto kong maging ka-love team sa storyang to”***

Napaiwas ako ng tingin dahil sa sinabi ni Ren. Nakakainis, bakit kung kelan binago ko na ang sarili ko? Bakit kung kelang sapilitan kong pinilit na mag move on tsaka niya sasabihin to?

*Bakit ngayon pa, kung kelang takot na takot na kong masaktan?*

I’ve been hurt because of love a lot of times already. Dati naniniwala ako doon sa quote na nabasa ko na *“when someone leaves, it’s because someone else is about to arrive. I’ll find love again”*

Ayoko na. Ilang tao pa ba ang mangiiwan saakin? Ilang tao pa ba ang mananakit saakin bago ako sumaya?

Pagod na kong masaktan. Sumuko na ako, ayoko na.

**“Amber…”**

Ren puts his arms around my waist then hinila niya ako papalapit sa kanya. Muli niyang inangat ang ulo ko at tinignan ako sa mata.

**“Amber..”**

**“let me go please”** I told him

**“no Amber, *I will never let you go”***

Mula sa pagkakatitig niya sa mata ko, bumaba ang mga tingin nito sa labi ko. Naramdaman ko ang bilis ng pagtibok ng puso ko.

Bakit? Bakit ganito parin ang nararamdaman ko? Bakit bumibilis parin ang tibok ng puso ko pag nakikita ko siya? Dapat wala na to eh. Ginawa ko ng bato ang puso ko pero bakit ganito parin mag react to kay Ren?

Unti-unting nilapit ni Ren ang mukha niya sa mukha ko hanggang sa maramdaman ko ang pag hinga niya. Mas lalong bumilis ang tibok ng puso ko at automatic na pumikit ang mga mata ko. Unti-unti, unti-unti, nararamdaman ko ang papalapit na papalapit na mukha ni Ren.

*Mali to Amber, hindi ka na pwedeng mag mahal. Hindi ka na pwedeng umiyak. Pigilan mo na ang sarili mo.*

Napadilat ang mata ko atsaka ko itinulak si Ren palayo saakin. Tinalikuran ko siya at agad agad akong umalis kaya lang bigla niya hinawakan ang kamay ko.

**“Amber”**

**“please Ren, bitawan mo na ko, please…”** *ayoko na mahulog ulit sayo*.

Nagulat ako ng bigla siyang may inilagay sa kamay ko, isang box na maliit.

Tinignan ko siya at nakita kong nakangiti siya saakin **“ibibigay ko sana sayo nung Christmas. Merry Christmas, mestizang hilaw”**

Pagkatapos niyang sabihin yun, binitiwan na niya ang kamay ko. Agad agad ko naman kinuha ang mga bagahe ko at tumakbo palabas ng unit niya at pumasok sa unit ko. Pagkasaradong pagkasarado ko ng pinto, napaupo ako sa sahig at napahawak sa dibdib ko. Ramdam na ramdam ko parin ang mabilis na pagtibok nito. Napapikit ako para pakalmahin ang sarili ko kaso nakita ko naman si Ren sa isipan ko.

Ay lechugas na Salvy na yan! Napaka salbahe! Ayaw niya patahimikin ang buhay ko!!

Tinignan ko yung box na binigay saakin ni Ren atsaka ko ito binuksan. Sa loob nito ay isang keychain na may kasamang letter sa loob. Kinuha ko yung letter at binasa.

*~*~*~*~*~*~*~*~*~ *~*~*~*~*~*~*~*~*~

Dear Mestizang Hilaw.

Merry Christmas! Sorry eto lang ang nabili ko sayo. Pero cute naman di ba? Merong ka-pair yang keychain na yan, syempre nasaakin yun. Actually may kasama pa yang isang box ng cheesecake at isang basong kape kaso ang tagal mong umuwi galing Hawaii kaya kinain ko na lang. Di bale pag balik mo bibilhan na lang kita ng bago.

Anyways, sana naman umuwi ka na agad. Miss na miss na kasi kita eh. Wala ng nangiistorbo saakin para makigamit ng computer, wala na kong nakakainan ng chichirya, wala na kong naasar, wala na kong inaaway, wala na kong nakakantahan at mas lalong wala ng nagpapatibok ng puso ko ng sobrang bilis. I miss you meztisang hilaw ko na napaka ganda. Sorry talaga sa sinabi ko ha. Hindi ko sinasadya lahat ng yun :( Sana patawarin mo na ko at bumalik ka na saakin. Malapit na ko mabaliw dito.

- Salvy

P.S. Mahal na mahal kita

*~*~*~*~*~*~*~*~*~ *~*~*~*~*~*~*~*~*~

After kong mabasa ang letter ni Ren, napatakip na lang ako sa bibig ko habang unconsciously tumutulo ang mga luha sa mata ko.

*Badtrip.*

Kaya ako nagbakasyon para patigasin ang puso ko eh. Pero bakit gumagawa siya ng mga bagay na makakapagpalambot ulit dito?

***

**(part 2)**

**[Ren's POV]**

**“labanoooooossss! Hello! Nakauwi na kami. Di pa nga ako nakakapag unpack ng gamit eh at may jetlag pa! hahahahaha”** sabi ni Arcie habang kumakaway kaway doon sa monitor screen ko.

**“pasaway kang binbo ka. Kung mag ayos ka na muna ng gamit bago ka makipag webcam saakin no?”** =__=

**“eh kasi naeexcite na ko makibalita eh. Nagkita na kayo ng mestizang hilaw mo? Ano sinabi mo? Nag sorry ka na ba? Napatawad ka na ba niya? Nag tapat ka na ba? Kayo na ba? Ha? kayo na ba?”**

**“grabe ang daming tanong, isa-isa lang. Nagkita na kami ni Amber. Sabi ko sorry sa nagawa ko at mahal ko siya. Di niya ko pinatawad. Yes nagtapat ako sa kanya. Pero di parin kami kasi sabi niya di na niya ko mahal”** :(

Nakita ko naman na nag buntong hininga si Arcie **“tss bat ba kasi ako nagkaroon ng best friend na padalos dalos magsalita. Yan tuloy”** =__=

**“ay sorry naman! =__= Pero sabi ko sa kanya, kahit na di niya ko mahal, wala akong paki dahil wala na kong balak na pakawalan siya.”**

Nakita kong nagliwanag ang mukha ni Arcie dahil sa sinabi ko.

**“that’s my labanos! Ikaw labanos ka, hindi ka tinawag na Romantic Prince ng wala wala lang. Panindigan mo yun ha! Make Amber fall in love with you again”**

I smile **“yes I will. Promise ko sayo, pag bumalik kami diyan para sa kasal nina Ma’am Krissa at Sir Nike, girl friend ko na si Amber”**

**“sabi mo yan ha! don’t you dare break your promise or else I’ll break your neck!”**

Natawa naman ako sa sinabi ni Arcie **“ikaw binbo ka pansin ko nagiging sadista ka na ha! naku naiimpluwensyahan ka na ata ni Yanna!”**

**“Yanna? Speaking of Yanna, magkikita nga pala kami ngayon! Oh my gosh sige labanos bbye na!”** at bigla bigla na lang siyang nawala sa computer screen

Kung magpahinga kaya muna siya no? =___=

Nahiga ako sa kama at tumngin sa ceiling. Masaya ako na bumalik na si Amber dito. Alam kong galit parin siya saakin pero nakikita kong nagsisinungaling siya nung sabihin niyang hindi niya ako mahal.

Alam kong masyado akong nag a-assume pero nararamdaman kong meron at meron parin siyang pag mamahal saakin.

*Sana.*

Ang tanga ko kasi eh. Sinaktan ko ang babaeng nagmamahal saakin ayan tuloy lumalayo na siya. Pero ayokong isuko agad yung nararamdaman ko kay Amber.

Tumayo ako sa kama ko then sumilip sa labas ng pintuan ko. Kamusta na kaya yung mestizang hilaw na yun? Tapos na kaya mag unpacked yun? Kumain na kaya yun?

Pumasok ulit ako sa loob ng unit ko at binuksan ang fridge ko kung ano pwedeng makain kaso out of stock na ang food supplies ko. Sorry naman, nung mga panahong nalulungkot ako nung wala si Amber, pagkain lang ang tangi kong kadamay =___=

Binuksan ko yung cabinet sa kitchen ko and may natagpuan naman akong dalawang cup noodles doon. Hmmm masarap naman siguro kumain ng noodles pag malamig ang panahon kasama ang mahal mo di ba?

Agad agad kong kinuha yung cup noodles then nag punta ako sa unit ni Amber. Nag door bell ako and agad naman niya binuksan yung pinto.

**“hi mestizang hilaw”** bati ko sa kanya

Nung makita niyang ako yung nag door bell, agad naman niya isinara yung pinto.

**“w-wait!”** iniharang ko yung braso ko para di niya tuluyang maisara yung pinto.

**“a-ano ba! Pagod ako, please gusto ko na magpahinga”**

I smile **“then tamang tama pala. May dala akong cup noodles, kain tayo?”**

**“h-ha?”**

Bago pa siya makaangal, pumasok na ko sa condo niya at nag dire-diretso sa kitchen para mag init ng tubig

**“W-wait, hindi ako nagugutom, I just want to sleep. Please leave”**

**“hindi pwedeng hindi ka kakain”**

Nung mainit na yung tubig, nilagay ko na to sa mga cup noodles namin then naupo na ko doon sa dining room niya.

**“sit. Masamang tinatanggihan ang pagkain”**

Wala naman nagawa si Amber kundi pumunta sa harap ko at kumain.

**“ang sarap no?”** tanong ko sa kanya **“actually binigay to nina Jiro saakin before sila umalis. Alam mo naman, miss na miss ko na kumain ng pinoy product”**

Nagulat ako ng biglang ihampas ni Amber yung kamay niya sa table at napatayo siya

**“bakit ka ganyan? bakit kung makaasta ka parang wala lang yung nangyari?!**” sigaw niya

**“A-amber”**

**“kung kausapin mo ko parang ok lang ang lahat sa ating dalawa! Parang wala lang yung mga sinabi mo saakin dati sa ski resort! Pero sh1t lang Ren! Masakit parin hanggang ngayon! Please lang, wag mo na ko guluhin. Ayoko na masaktan! Binago ko na ang sarili ko and I wanted to stay like that! Hayaan mo na ko Ren!”** after she said that pumunta siya sa room niya at nahiga.

*I sigh.*

Iniligpit ko yung mga cup noodles then lumabas narin ako sa unit niya.

Kung alam mo lang Amber, hindi ito wala lang saakin. Nasasaktan din ako kasi alam kong napakalaki ng kasalanan na nagawa ko.

*Pero ayokong maging bato ang puso mo. Hindi kita pwedeng pabayaan.*

The next day, hindi ko nakasabay si Amber sa pagpasok sa school. Mukhang iniiwasan niya ako. Pero sana naman nag almusal siya. :(

Naglakad na ako papasok ng university. Di-diretso na sana ako sa classroom nung may napasin akong poster sa may bulletin board

**“A mini ball for all the Filipino students of Phineslight University?”** hmmm sound interesting. International university kasi tong pinapasukan namin ni Amber. Iba ibang nationalities ang nandito pero mostly puro European.

**“so Amber are you coming? Pretty please?”**

**“oh alright Ann, just make sure may adobo na handa doon ha?”**

**“100% sure! Puro Filipino foods ang handa!”**

Napatingin ako sa may likod ng bulletin board and nakita ko si Amber na kinakausap ata yung Ann ba yun? Sigurado akong Pilipino siya and mukha atang isa siya sa mga organizers.

Pero sasama si mestizang hilaw?

Nakita kong nagpaalam na si Amber doon sa babae. Nung dumaan sa way ko yung girl, hinawakan ko yung balikat niya.

**“uhmm miss, excuse me”**

**“yes?”**

**“uhmm about this”** tinuro ko yung poster doon sa may bulletin board.

**“oh you’re a Filipino?”**

**“yes. Can I come?”**

**“of course! Welcome lahat ng Filipinos dito. All you need to do is to pay a contribution for the place and the location. Here’s my contact number” i**nabot niya saakin yung calling card niya then nag paalam na siya.

Biglang may pumasok na idea sa isip ko. Time to make a move at doon sa mini ball ko sisimulan.

Dumating yung araw nung ball. Well not necessarily ball talaga siya. Parang little gathering lang siya ng mga Filipino students. Siguro mga nasa 50 yung umattend dito. Oonti lang naman kasi talaga ang Filipino sa school. And tulad nga nung sinabi ni Ann, puro Filipino Foods ang handa. May mechado, adobo, kare-kare, giniling at kung anu-ano pa. Ang dessert maja at buko pandan. Naparami naman ang kuha ko doon. Aba ang tagal ko ng di natitikman ang mga to no! sobrang takam na takam na ko dito =__=

Tinignan tignan ko yung paligid habang hinahanap si Amber but no signs of mestizang hilaw. Nasan na kaya yun? Akala ko pa naman pupunta siya. Hay

Halos tapos na lahat magkainan pero wala parin si Amber. Mukha atang di na talaga pupunta yun. Dapat siguro umalis narin ako. Pero sayang naman yung hinanda ko para sa kanya.

Patayo na sana ako ng bigla kong marinig ang pamilyar na boses na yun

**“sorry Ann I'm late”**

**“it’s alright Amber, pero ubos na yung food. Paano ba yun?”**

**“hehe ok lang yun. Kasalanan ko rin naman eh”**

Nilapitan ko naman si Amber at binigay ko sa kanya yung buko pandan na hindi ko pa nagagalaw

**“sayo na lang, sayang naman kung di mo matitikman”**

Nagulat siya nung makita niya ako pero bigla din naman niyang iniwas ang tingin niya

**“nandito ka pala”**

**“syempre Filipino ako eh”**

Kinuha ko yung kamay niya then inabot ko sa kanya yung baso na pinaglalagyan nung pandan.

Hay akala ko di ko na matutuloy ang plano ko. Buti na lang dumating siya.

Iniwan ko si Amber doon atsaka kinuha ko yung guitar ko and pumunta ako sa middle aisle. Nakuha ko naman agad yung attention ng mga tao

**“My dear Filipino students, sobrang saya naman na nagkaroon ng chance na magkasama sama tayo ngayon, all thanks to Ann”** we all gave her a round of applaus **“and syempre bihira lang yung mga ganitong occasion that’s why I would like to offer you a song. And syempre para din to doon sa babaeng pinakamamahal ko. You see nandito siya ngayon, looking so stunning while holding that glass of buko pandan”**

Nakita ko naman yung iba na naghanap ng magandang babaeng may hawak na buko pandan. Yung iba naman mukhang kinilig.

I started strumming my guitar

“**Para kang asukal**
**Sintamis mong magmahal**
**Para kang pintura**
**Buhay ko ikaw ang nagpinta**
**Para kang ulam**
**Pinapainit mo ang aking tiyan**
**Para kang kumot na yumayakap**
**Sa tuwing ako'y nalulungkot”**

Habang kumakanta ako, sa isang tao lang ako nakatingin. Hindi ko maintindihan ang expression sa mukha ni Amber pero sana sa simpleng effort ko na to, magawa kong palambutin ang puso niya

**“Kaya't wag magtataka**
**Kung bakit ayaw kitang maawala”**

At kahit ilang beses mo ko ipagtulakan palayo, hinding hindi kita bibitawan Amber. Tandaan mo yan. Wala akong paki kahit hindi na ko makakain ng quack quack for the rest of my life. Ang mahalaga lang saakin ay ang hindi ka mawala sa buhay ko.

**“Kung hindi man tayo hanggang dulo**
**Wag mong kalimutan**
**Nandito lang ako**
**Laging umaalalay”**

Kung sakaling di ko man magawang pabalikin ang nararamdaman mo saakin, mananatili at mananatili parin ako sa tabi mo

**“Di ako lalayo”**

Kahit may ibang lalaki na na nagpapasaya ngayon

**“Dahil ang tanging panalangin ko ay ikaw”**

Sa buong kanta, hindi ko inalis ang tingin ko kay Amber kahit na kita kong naiilang na siya. Nagpalipat lipat din siya ng pwesto pero lagi ko siyang sinusundan. Ayokong mwala siya sa paningin ko habang kinakanta ko to.

*Wala na kong gugustuhing kantahan kundi siya lang.*

Nung matapos ko yung kanta, nagpalakpakan naman sila.

**“t’was a nice song Ren! So what can you say guys? Sino pa ang gustong mag intermission number?”** sabi ni Ann

**“Si Amber! kakanta din daw si Amber!”** pangangatyaw nung isang babae doon na mukhang kaibigan ni Amber

**“h-ha? hindi ako marunong kumanta!”**

**“naku Amber kanta ka na dali!”** pagpupumilit naman nila

**“tamang tama may magic sing ako dito. Pinadala ng tito ko galing Pinas!” s**abi ni Ann

**“yun naman pala eh!”**

**“eh p-pero..”**

**“go Amber, go Amber!!”**

Wala naman ng nagawa si Amber kundi pumunta sa harapan at kumanta. Pumili siya ng song doon sa song book.

Napangiti ako. Ito yung first time na maririnig kong kumanta si Amber. Pero kahit ano pa yung tunog ng boses niya, para saakin parang anghel parin yung kumanta.

Nag start na yung music at hinawakan na ni Amber yung mic.

Mas mapapangiti na sana ko, pero nung nag start siyang kumanta, parang bigla akong tinamaan nung kinakanta niya.

**“I will not make**
**The same mistakes that you did**
**I will not let myself**
**'Cause my heart so much misery”**

Nakayuko lang si Amber habang kumakanta siya. Tinignan ko yung mga tao, mga nakangiti sila habang pinapanuod si Amber. Hindi ko alam kung imagination ko lang to or ako lang talaga ang nakapansin pero

*...ramdam na ramdam ko ang lungkot sa boses niya.*

**“I will not break**
**The way you did, you fell so hard**
**I've learned the hard way**
**To never let it get that far”**

Inangat ni Amber yung ulo niya and saktong pagkaangat nito, nagkatinginan kami sa mata. Ipinagpatuloy niya ang pagkanta ng hindi inaalis ang mga mata nito saakin.

Na para bang lahat ng sinasabi ng kanta yung bagay na gusto niyang sabihin saakin.

**“Because of you**
**I never stray too far from the sidewalk**
**Because of you**
**I learned to play on the safe side**
**So I don't get hurt**
**Because of you**
**I find it hard to trust**
**Not only me, but everyone around me”**

Doon sa huling lyrics ng chorus, humina ang boses ni Amber na halos pabulong na pero para parin itong bomba sa pandinig ko. Parang sa lahat ng sinabi nung kanta dito ako pinaka tinamaan. Parang sinampal saakin kung gaano ko nasktan si Amber.

**“Because of you, I am afraid”**

**“hehehe nahihiya na ko, ayoko na tapusin”** inabot niya yung mic kay Ann atsaka biglang tumakbo palabas. Nung napadaan siya sa gilid ko, I got a glimpse of her face and nakita kong may luha sa mga mata niya. Agad ko siyang sinundan palabas.

**“Amber!”** hinawakan ko yung braso niya **“o-ok ka lang ba?”**

Stupid question Ren. Paano magiging ok si Amber kung sinaktan mo siya? :(

Tinabing ni Amber yung kamay ko **“oo Ren, ok lang ako. Magiging ok ako. Malalagpasan ko to. Maiaalis na kita sa buhay ko, pangako yun”**

**“Amber, patawarin mo ko doon sa nagawa ko. Please maniwala ka, mahal kita Amber”**

**“mahal?”** nilingon ako ni Amber then I saw her smirk **“sorry Ren ayoko na. It’s better kung mag move on ka na”**

After she said those words, tuluyan na siyang umalis habang ako naiwan na nakatayo doon.

Move on?

Amber, paano ako mag mo-move on sa panahong mahal na mahal na kita?

## Chapter 19

***Mr. Kidnapper***

**[Amber's POV]**

*As soon as my heart stops breaking*

*And tears are fading*

*As soon as forever is through*

*I'll be over you…*

Pinatay ko yung ipod ko at gumulong sa kama. Ipinikit ko ang mata ko at nag flashback na naman sa utak ko lahat ng nangyari kanina.

*“I’m sorry Ren pero ayoko na. It’s better kung mag move on ka na”*

*sigh*

Sige ako na ang tanga, ako na engot, baliw at hibang. Sasabihan kong mag move on ang isang tao samantalang ako sa sarili ko eh di ko magawang mag move on?

Ampupu.

Di pala kaya ng tao mag move on sa loob ng isang buwan lang kahit anong pilit nito no?

*Eh tae ka pala Amber eh, kung yung mahigit isang taon nga hirap na hirap ka nun kalimutan si Jiro, ang isang buwan pa kaya?*

Hay nakakabaliw.

Ipinikit ko ang mga mata ko at sinubukang matulog.

Kinabukasan, maaga naman akong umalis ng bahay namin para pumasok. Ayoko kasing makasabay si Ren na maglakad papuntang school. Kaya lang kung mamalasin ka nga naman, mali na naman ang timing ko.

Pagkalabas ko ng unit, saktong lumabas din si Ren

**“good morning mestizang hilaw!!”** he greeted me like nothing happened.

Naasar na ko ah. Bakit parang ako lang ang affected?! Bakit ako lang ang nahihirapan dito?! Bakit parang wala lang sa kanya?

Siguro di niya talaga ako mahal. Baka nga hanggang ngayon, si Arcie parin ang mahal niya.

Hindi ko siya pinansin at tuloy tuloy ako maglakad.

**“mestizang hilaw wait!”** humabol siya saakin **“may surprise ako sayo!”**

Hindi ko parin siya pinapansin at tuloy tuloy lang ako maglakad habang patuloy ang pagsasalita niya

**“may bagong bukas na coffee shop sa may school and sabi nila ang sarap daw ng cheesecake doon! Gusto mo try natin?”**

Halos mapahinto ako sa paglalakad dahil sinabi ni Ren ang magic word.

Antofu naman oh. Amber wag na wag na wag na wag ka magpapaapekto sa cheesecake. Galit ka kay Ren, nasaktan ka sa ginawa niya, bitter ka. Wag mong hayaang dahil sa cheesecake lang eh bumigay ka na.

Bakit ba kasi alam na alam nito ang weakness ko? T___T

I heared Ren chuckled. Siguro nabasa niya nasa isip ko based on my expression

**“so what can you say? Punta tayo doon mestizang hilaw”**

**“busy ako”** I said trying to gave him a blank expression pero deep inside gusto ko na maglaway =__=

**“nye sige na mestizang hilaw! Kain na tayo doon!”**

**“busy nga sabi ako”**

Tokwa wag ka makulit baka makalimutan kong yamot ako sayo at mapa-oo ako.

Pumunta si Ren sa harapan ko at hinawakan ang magkabilang braso ko para mapatigil ako sa paglalakad

**“dali na mestizang hilaw, pumunta na tayo. Ililibre kita! Naku kung ako sayo wag mo na palampasin to. Minsan lang sumagi sa utak ko ang manlibre”** he told me while smiling brightly.

Bigla akong natulala hindi dahil sinabi saakin ni Ren na manlilibre siya which is, once in a blue moon ko lang marinig, kundi dahil, *para na namang lumundag ang puso ko ng hawakan niya ako at ngumiti siya.*

Anak ng cheesecake, bakit ganito? Bakit ganito parin ako mag respond sa mga gestures na ganyan ni Ren? Sinaktan niya ako oo, pero bakit hindi parin nabawasan yung nararamdaman ko para sa kanya kahit katiting. Worst is mukhang nadagdagan pa nga ata eh.

Natatakot ako. Ayoko na magtiwala. Baka mamaya niyan hindi totoo yung sinasabi niyang pagmamahal saakin. Baka mamaya infatuation lang yun dahil ako ang kasama niya. Baka mamaya, si Arcie parin talaga ang laman ng puso niya.

Yung naaksidente si Arcie, nakita ko kung gaano siya natakot. Kitang kita ko sa mata niya ang takot na baka iwan siya ni Arcie*, takot na baka iwan siya ng babaeng mahal niya.*

Nagawa niya nga akong pag bintangan nun eh. :(

Siguro nga di niya sinasadya yung mga sinabi niya saakin. Natakot lang talaga siya. Pero sapat na yun para mapatunayan ko kung ano ang lugar ko sa puso ni Ren.

*Di nga ako nagawang pagkatiwalaan eh, mahalin pa kaya?*

**“mestizang hilaw? Ok ka lang ba? Bat ka nakatulala diyan?”**

Natauhan naman ako ng magsalita si Ren. Tinabing ko ang mga kamay niya sa braso ko

**“sorry, di talaga ako pwede”**

**“eh basta pupunta tayo kahit ayaw mo”**

**“Amber?”**

Pareho kaming napalingon ni Ren doon sa tumawag saakin then we saw Blake walking towards us.

**“Blake!”** tumakbo ako papalapit sa kanya at iniwan si Ren doon.

Kahit kelan talaga napaka good timing ng lalaking to. Alam na alam kung kelan dapat pumasok sa eksena.

**“hey Amber how are you? It’s nice to see you again!”**

“I’m great! You too Blake! long time no see!”

Tinignan ko si Blake at doon ko lang napansin na nagpagupit siya ng buhok. Bagay nga sa kanya ang short hair. Mas bumata ang itsura niya at mas umaliwalas ang mukha niya. Mas bonggang gwapo na siya ngayon. (see picture at the side)

Sinabayan niya ako maglakad papunta sa classroom habang kinukwentuhan niya ako. Kababalik lang din pala niya galing sa vacation. After ko palang umalis papuntang Hawaii, nag decide siya na umuwi muna sa France para makasama ang family niya mag Christmas and nung isang araw lang siya nakabalik ulit.

Grabe namiss ko ang lalaking to kahit papaano. Tsaka buti na lang talaga dumating siya kanina kung hindi, ewan ko na kung anong mangyari saakin sa harap ni Ren. Mamaya niyan eh mapahagulgol na lang ako ng iyak.

**“By the way Amber, do you want to eat after class?”**

**“sure Blake! I—“**

**“I know a good Italian restaurant near our university. Want to try there?”**

**“oh s-sure”**

Gusto ko sana yung sinasabing coffee shop ni Ren eh. Yung cheesecake ko T___T

**“kita tayo mamaya, magandang binibini”** he told me with a funny tagalong accent nung makarating na kami sa classroom ko

I giggled **“see you later Blake”**

He waved at me then pumasok narin ako sa loob ng classroom.

The whole day wala akong ginawa kundi iwasan si Ren. Di ko pinasukan yung mga classes na kaklase ko siya. Maaga din ako naglunch para lang di ko siya masabayan. Sa ngayon parang ayoko pa siyang makita o makausap.

Natatakot ako sa nararamdaman ko eh.

Pero isa lang talaga ang pinagpapasalamat ko ngayon, buti nandito si Blake sa tabi ko. Kung ako lang mag isa, malamang eh nabaliw na ako.

Right after class, dumiretso agad ako doon sa gate ng university and saw Blake waiting for me.

**“let’s go jolie?”** (jolie = beautiful)

**“sorry for waiting”**

**“it’s alright as long as I am waiting for this beautiful lady”**

Hinampas ko naman ng mahina si Blake **“bolero ka talaga no?”**

**“bolero? What’s that?”**

**“I thought you already learned to speak tagalong? Know it yourself”** I told him teasingly

**“that’s not fair”** we both laugh.

Naglakad na kami palabas ng campus ng bigla naman sumulpot si Ren

**“mestizang hilaw!”** tumakbo siya papalapit saamin “**di ba pupunta tayo ngayon sa coffee shop? Tara na”** He held my hand

**“Ren di ba sabi ko di ako sasama sayo?**” hinila ko pabalik ang kamay ko pero hinawakan niya ulit to

**“Di ba sabi ko sayo sasama ka sakin kahit ayaw mo?”**

**“Ren naman eh!!”**

**“mate”** nagulat ako ng bigla akong hilahin ni Blake papalapit sa kanya **“can’t you see she’s with me? Please leave her alone”** he told Ren coldly.

**“wala akong pake. Sipain kita papuntang Bermuda triangle eh. Wag ka ngang epalogs. Di naman ikaw kinakausap ko singit ng singit. Kaya nagmumukha at nag aamoy singit ka eh. Baho mo pre. Advice lang, maligo ka na.”** =__=

**“eh?”** takang taka naman na tanong ni Blake

Buti na lang di siya masyado pang nakakaintindi ng tagalong kundi naku, masasapak nito si Ren =__=

**“I asked Amber first!”** hinila ako ni Ren papalapit sa kanya

**“but she wants to come with me!”** at hinila ulit ako papalapit ni Blake

Ampupu ano ko stufftoy na pinagaagawan ng dalawang bakla?! >:(

**“ENOUGH!!”** hinigit ko ang mga braso ko sa kanila at hinarap ko si Ren “**sorry Ren pero si Blake ang sasamahan ko. Please lang kung pwede layuan mo na ko? Wag mo na kong kausapin na parang walang nangyari! Iwasan mo na lang akon pwede!!”** I told Ren seriously habang may namumuong luha sa gilid ng mata ko.

Eto na nga ba ang kinakatakot ko. Ayokong umiyak sa harap niya. Ayokong magpakita ng kahit anong kahinaan sa kanya.

**“paano kung ayoko?”** sabi ni Ren sabay ngiti ng nakakaloko saakin.

PArang biglang umurong ang pabagsak na luha sa mata ko.

AY ANAK NG---- HINDI ATA AKO SINESERYOSO NG ISANG TO EH!!

Nakita kong huminga ng malalim si Ren **“sabi nila kung di kayang daanin sa santong dasalan, edi daanin sa santong paspasan”**

**“h-huh?”**

**“sorry Amber but…”** nagulat ako ng biglang hawakan ni Ren ang kamay ko at nilagyan ito ng hand-cuff. Yung kabilang hand cuff naman ay nilock niya sa kamay niya “**you are under arrest”**

**“Hey what are you doing?!”** galit na galit na sabi ni Blake

**“Ren no ba! Alisin mo nga to!**

He grin evilly then ipinakita niya saamin yung susi nung hand cuff

**“give me that key!”** sigaw ni Blake

At biglang inihagis ni Ren ang susi sa lake!!

**“HEY WHY DID YOU DO THAT?!”** sigaw k okay Ren

“YOU BASTARD--!!”

Bago pa matuloy ni Blake ang sasabihin niya, hinila na ko ni Ren papalapit sa kanya

**“sorry mate, she’s coming with me after all”**

After that tuluyan na niya akong hinila papalayo kay Blake.

**Chapter 20**

***just the two of us***

**[Amber’s POV]**

**“hoy ano ba Ren Salvador!! Tigil tigilan mo na to pakiusap ha! Alisin mo na tong handcuff sa mga kamay natin kung ayaw mong sipain kita diyan papuntang Pluto!!”** galit na galit kong sabi habang naglalakad—correction—kinakaladkad niya ako papunta sa hindi ko alam na lugar

**“paano ko aalisin tong handcuff? Hindi mo ba nakita na tinapon ko yung susi sa lake?”** he told me while grinning widely

**“alam kong may duplicate key ka kaya pwede ba tanggalin mo na to! Di na ko natutuwa ha!!”**

**“sorry wala kang duplicate key na makikita saakin kahit hubaran mo pa ko dito”**

**“di ako naniniwala!!”**

Tumigil siya sa pagkaladkad saakin and took a step closer to me then he grin evilly “**then hubaran mo na ko para maniwala ka”**

**“pervert, pedophile, manyak, mapanirang puri, agogoo!!”** =__=

**“hahahahahha grabe ka naman mestizang hilaw! Ang dami mo description saakin! Pwede bang gwapo na lang?”**

**“hindi ka gwapo!!! Panget ka! Panget!!”** sigaw ko sa kanya.

Antofu talaga ng lalaking to eh! Inuubos ang pasensya ko! Ayaw niya talaga akong seryosohin! Pikon na pikon na ko as in!! grrrrr!!

**“panget? ako? Sus talaga lang ha?”** mas lalo pang lumapit saakin si Ren at nginitian ako

Tokwa naman, ang gwapo niya =__=

**“o-oo p-panget ka! Panget!”**

**“sus. E bat nauutal ka?”** mas dinikit pa ni Ren ang mukha niya saakin habang naka ngisi ng nakakaloko.

Ay anak ng--!!! Lumayo layo siya saakin kung ayaw niyang magkasala ako! Mamaya nito eh makulong ako sa salang rape =__=

Biglang lumayo si Ren saakin at tumawa ng malakas

**“HAHAHAHAHAHAHAHAHA grabe mestizang hilaw oh kulay kamatis ka! HAHAHAHAHAHAHAHAHHAHAHA”**

I glared at him

**“che bahala ka diyan!”**

Tinalikuran ko siya at naglakad palayo ng bigla naman may humatak sa kamay ko. Pagtingin ko yung handcuff..

Grrrr stupid handcuff! Di ako makapag walkout T_T

**“hay halika na nga Amber”** hinawakan ni Ren ang kamay ko **“punta na tayo sa coffee shop before pa mag sara yun. Maaga ang closing time nila eh, 7pm. 6:10 na ngayon kaya dapat bilis bilisan na natin”**

Naglakad na kami ni Ren papuntang coffee shop na sinasabi niya. Tahimik na lang ako na sumama sa kanya dahil alam kong mauubos lang ang energy ko sa kaka sigaw dito sa lalaking to. Wala rin naman akong magagawa kasi nakaposas ang kamay ko sa kamay niya di ba?

At isa pa. . . . . . . .

OO NA SIGE NA INAAMIN KO NA, GUSTO KO MAKATIKIM NUNG CHEESECAKE. PAGBIGYAN NIYO NA KO >__<

Nung makarating kami doon sa coffee shop, isang ‘love seat’ ang kinuhang table ni Ren sa kadahilanang naka posas daw kaming dalawa at di pwede maghiwalay. Dapat magkatabi kami ng upuan. Oo na lang ako dahil gusto ko ng kumain ng cheesecake at makauwi.

Ren ordered one oreo cheesecake and one cup of coffee

**“t-teka, bakit isa lang? dalawa tayo ah?”** despite ng pagiging pakipot ko sa pagsama sa kanya dito, nagawa ko parin tanungin yan sa kanya. Ako na makapal ang mukha.

**“share tayo, para sweet”**

Sweet?! Anong ka sweet sweet sa pag sshare ng isang cup ng coffee at isang cheesecake?! Nakakabitin lang yun eh >__<

Inilapit ni Ren yung cup ng coffee saakin tapos siya naman doon sa cheesecake

“**susubuan kita ng cheesecake, painumin mo ko ng coffee”**

**“teka! Kaya kong kumain mag isa no! bat kailangan mo pa ko subuan?!”**

**“siguro nga oo kaya mo kumain mag isa. Pero yung tipong naka posas ang left wrist mo sa right wrist ko, tingin mo makaka kain ka ng maayos?”** he told me while grinning

At talaga nga naman! Mukhang nag eenjoy ng husto ang mokong! Ang sarap niyang tadyakan eh!

Kumuha siya ng cheesecake then inilapit niya ito saakin

**“nganga!”**

**“ayoko!!”**

**“Dali na wag ng maarte kung ayaw mong di kita bigyan nito”**

Wala na kong nagawa kundi kainin yung cheesecake na sinusubo niya saakin.

**“o di ba ang sweet natin?”** sabi niya habang ngiting ngiti

**“anong sweet diyan?! Bat natin kailangan maging sweet? Tayo ba ha? Tayo ba?”**

**“hindi pero malapit na”**

**“lakas ng self confidence mo tsong! Asaness ka!”**

**“talaga!”**

**“di kita mahal”** I told him sabay iwas ng tingin sa kanya.

Di siya nagsalita nun and nakaramdam ako ng awkwardness. I distracted myself by sipping the coffee

I heard him sigh

**“Amber, close you eyes”**

**“h-ha?”**

**“basta pumikit ka”** sabi niya ng seryosong seryoso

Wala na kong ibang nagawa kundi ang sumunod sa kanya. I close my eyes

**“kita mo yan?”** he told me **“ganyan ang mundo ko pag wala ka. Madilim”**

Napadilat naman ako bigla at nakita kong ngiting ngiti na naman siya. Ay antofu eh no! asar lang eh!!!

Sinuntok ko nga ang braso niya **“di na ko nakikipag biruan sayo ha! Bakit ka ba ganyan?! Bakit di mo sineseryoso ang mga sinasabi ko?! Bat di ka naapektuhan ha?! Bakit ayaw mo pang tumigil?! Ilang beses ko bang—umppffff”**

Naptigil naman ako sa pagdadakdak ng bigla na lang niya ako sinubuan ng pagkalaki laking cheesecake! Nabulunan pa ako kaya diniretso ko ng inom yung kape!

Nung medyo nahimasmasan na ko tinignan ko siya ng masama **“nakakaasar ka talaga!!!!”**

**“I love you too”** he told me while smiling

Tignan niyo yang lalaking yan! Nakakaasar na talaga siya =___=

Kahit nakaposas ako sa kanya, pinilit kong agawin yung tinidor sa kamay niya atsaka ko isinubo lahat ng natitirang cheesecake at ininom ang natitirang kape

**“grabe ka mestizang hilaw! Hindi mo man lang ako tiniran ni katiting!”** T__T

**“hmpf”** I told him sabay irap. Asar eh.

Dahil nga sa nabitin pa si Salvy doon sa cheesecake, umorder pa ulit siya ng isa pa. Pero syempre nakikikain din ako. Walang sense kung makikipag away ako sa kanya

ngayon. Mukhang nakahithit ang isang to ng muriatic acid kaya naapektuhan ang pagiisip. Basta kakalimutan ko muna ang ginawa niya saakin kahit ngayong gabi lang. aba syempre nilibre niya ko ng cheesecake eh.

*Tsaka isa pa…*

Hay sige na magpapakatotoo na ko sa sarili ko, namiss ko talaga ang lalaking to. Kahit sobrang sakit ng mga binitiwan niyang salita bago kami magkahiwalay noon, di maalis na mahal ko parin siya hanggang ngayon.

At ayoko ng ganito.

Pero ngayong gabi gusto ko muna pagbigyan ang puso ko. Last na to, after nito tama na. Kailangan ko ng mag move on…

**“hay busog!”** sabi ni Ren right after niyang umorder ng pangatlong serving ng cheesecake **“ikaw mestizang hilaw nabusog ka ba?”**

**“sino bang hindi?! Dami dami mong inorder eh”**

Bigla namang may lumapit na server saamin **“excuse me ma’am, sir, our store is about to close”**

**“oh I see. Can I have our bill?”**

**“sure thing. Wait for a while sir”**

Umalis na yung server then maya-maya lang dinala na niya yung bill namin at binayaran ito ni Ren.

Patayo na sana kami ng makaramdam ako ng kung ano kaya napaupo ako bigla

**“oh bakit mestizang hilaw?”**

**“h-ha? Ah-w-wala”**

**“ano nga yon? Bat ayaw mo tumayo? Tara na at pagabi na”**

**“h-ha? Ah k-kasi eh..”**

Naku po naman bat feeling ko ngayon pa dumating ang araw kung saan dumalaw si ‘pula’ saakin? Red alert, red alert >___<

Buti na lang may pads akong dala ngayon. Mukhang di pa naman ako tinatagusan eh ang problema lang kailangan kong makapag CR kaso paano kung nakaposas ang kamay ko kay Ren >___<

“**Salvy, paalis naman yung posas sige na. Kailangan ko lang mag CR”**

**“wala nga akong susi”**

“**Alam kong meron ka! Di naman ako tatakas eh promise. Mag CR lang talaga ako”**

**“seryoso ako mestizang hilaw. Wala nga akong susi. Di mo ba kayang tiisin hanggang makarating saamin? Nandun yung duplicate key eh”**

Naku po naman >___<

**“eeeeeh hindi na eh! Kasi naman may paposas posas pang nalalaman eh!!”**

**“eh kung sumama ka na lang kasi saakin ng maayos kanina edi sana walang posas?”**

**“sinisi mo pa ko! Paano ngayon yan?! Kailangan ko na mag C.R!”** >___<

**“talaga bang di mo na kaya tiisin hanggang makauwi tayo?”**

Naku naman kung titiisin ko to for sure matatagusan ako ng tuluyan. Idagdag mo pang white ang skirt na suot suot ko ngayon. Ang saya lang eh =__=

**“may itak ka ba diyan or something na pwedeng pamputol dito?”**

**“di mapuputol to ng basta basta no. Hay wala na tayong choice eh”** tinignan niya ako maigi **“do you trust me?”** sabi niya saakin ng seryosong seryoso

Mukhang alam ko na ibig niyang sabihin =__=

**“no”** sagot ko sa kanya ng seryosong seryoso

Ni revise naman niya yung sinabi niya **"can you trust me?"**

umiling ako **"absolutely not"**

**“ok then tiisin mo yan hanggang makauwi tayo”**

Lumapit ulit saamin yung server

**“excuse me ma’am, sir. I’m very sorry but the we are closing the store”**

**“oh we’re about leave”** tumayo ulit si Ren “**let’s go?”**

**“Salvy!”** T___T hinatak ko ang kamay niya **“sige na payag na ko basta wag kang gagawa ng kalokohan kundi lalagyan kita ng posas sa leeg!”** >___<

**“copy ma’am!”** sabi niya sabay kindat

Ngayon pa lang kinikilabutan na ko =__=

Sinamantala namin na busy mag pull out yung mga servers kaya naman dumiretso kami pareho ni Ren sa girl’s restroom. Nung makapasok na kami sa loob, he locked the door.

**“ano na?”** tanong niya

**“wag na wag mo kong sisilipan ha?!”**

Pumasok ako sa isang cubicle habang yung isang kamay ko eh nakalabas doon sa cubicle na yun dahil nga nakaposas ito. Jusko, mas mahirap pa pala ito kesa sa iniimagine ko >__<

Paano ako maglalagay ng pad nito sa underwear ko ng isang kamay lang ang gamit? Adventure ito T___T

**“nakahubad ka na ba?”** tanong ni Ren

Bigla naman akong namula sa sinabi niya. Anak ng tokwa talaga ang Salvy na to eh!! Gusto ko na siya ipadala sa planet kwek kwek >:(

**“Ang pervert mo talaga!!! Manyakis!!!**” sabi ko sabay sipa nung pintuan

“**aray ko naman! Eto naman nagtatanong lang eh. Masama na ba magtanong?”**

Mga tanong naman kasi ibang klase!!!!

Pahirapan ang paglalagay ko ng pad sa underwear ko. As in, pinagpawisan talaga ako. To think na hindi ko pa maalis ang tingin ko doon sa pinto dahil baka biglang buksan ng lalaking ito T__T

Ngayon pa lang sinusumpa ko na ang taong nakaimbento sa handcuff. Masyado siyang madaming alam. Di niya naisip ng dahil sa inbensyon niya, nahihirapan ako ngayon.

**“ang tagal naman niyan mestizang hilaw. Mamaya tumatae ka na diyan ah!”**

**“ang kapal mo! Hindi ako tumatae! Wait lang matatapos na to!!”**

**“nangangawit na ko eh”**

**“mag antay ka lang diyan aber! Hindi lang ikaw ang ngawit!!”** asar na asar na sabi ko sa kanya. Ang reklamador! Kung siya kaya ang maging babae at maranasan niya ang magka period no?! =__=

After ng napaka hirap na paglalagay ng pad sa underwear eh atlast nagawa ko narin matapos. Lumabas ako ng pulang pula ang mukha dahil sa inis at kahihiyan

**“tapos ka na tumae? Mag hugas ka ng kamay.. eeew”**

Hindi ko siya sinagot but instead I glared at him. Nakakaasar na talaga ang lalaking to >___<

Pumunta ako sa may sink at naghugas ng kamay ng may marinig naman kaming malakas na ‘click’

**“ano yun?” t**anong ko

**“ewan? Baka—“**

**“Hey Emma let’s go home! I’m really tired”** rinig namin na boses mula sa labas

**“I’m coming! I just locked the doors of the restrooms”**

Nakarinig kami ng mga tumatakbong yabag at bigla kaming nagkatinginan ni Ren

**“oh no” I** whispered then napatakbo ako sa may pintuan ng CR habang kaladkad ko si Ren. I tried opening it pero naka lock na nga

Kinatok ko ito

**“hello! There’s still people inside!! Excuse me!! Open the door please!!!”** kinalampag ko ng kinalampag yung pinto pero mukhang nakaalis na ang mga tao dito.

Naku naman T___T

**“Ren paano na tayo? Mukhang trap tayo sa loob!!”**

Tinignan ko si Ren at nagulat naman ako na ngiting ngiti siya

**“hala mestizang hilaw grabe mukha ngang trap tayo sa loob ng CR ng girls. Nakaalis na ata talaga yung mga tao dito. Wala tayong choice kundi magstay dito hanggang umaga. Naka posas pa naman ang mga kamay natin sa isa’t isa. Ang malas naman natin!”** sabi niya saakin ng may masayang boses at ngiting ngiti pa siya.

Grabe oo nga, mukha ngang badtrip na badtrip siya sa mga nangyayari.

Grabe lang talaga =___=

**Chapter 21**

***14***

**“haaay grabe trap tayo dito. Ang malas naman natin!”** sabi ni Salvy ng masiglang masigla habang kulang na lang eh mapunit na ang bibig niya sa lawak ng ngiti niya

**“oo nga grabe! Mukhang yamot na yamot ka! Grabe talaga!”** I told him sarcastically

**“oo naman yamot na yamot ako! Na trap tayong dalawa dito sa *CR* ng girls. Malamig, madilim, nakaposas tayo sa isa’t isa at *tayong dalawa lang”*** tinignan ako ni Ren ng nakakaloko **“paano ba yan trap tayo”** sabi niya with matching pataas taas pa ng kilay.

Feeling ko nagtindigan lahat ng balahibo sa katawan ko.

**“Meztisang hilaw”** Ren step forward, kaya naman umatras ako

**“w-wag kang lalapit! Or else--!!!”**

He smirk **“or else what? Kala mo makakatakbo ka? Kala mo makakalayo ka saakin? Bukod sa nakakulong tayo dito, nakaposas ka pa saakin”** he put his arms around my waist then hinatak niya ko papalapit sa kanya then bumulong siya saakin **“wala ka ng kawala”**

**“HUWAAAAAAAAAAAAAAAAAA RAPE! RAPE!! HELP ME I’M BEING RAPE! HUWAAAAAAAAAAAAAAAA! WAG PO BATA PA KO!”** T___T

Napabitiw naman bigla saakin si Ren nung magsisisigaw ako

**“huh? Anong rape! Grabe namang accusation yan! What I mean is, makakapagusap na tayo ng matino!”** nginitian ulit ako ni Ren ng nakakaloko “**ikaw ha, nag su-suggest ka ata eh. Kung sabagay pwede rin”** tinignan niya ako mula ulo hanggang paa na akala mo eh tumitingin siya sa isang pagkain **“sumampa ka na sa may sink, dali!”**

Sinipa ko nga ang paa niya =__=

**“aray! Ouch ouch!!”** sabi niya habang nagtatatalon **“why did you do that for?!**” T__T

**“manyak ka eh! Subukan mo pa ulit akong ganyanin at sisipain na kita below the belt! Para sabihin ko sayo taekwondo player ako ng highschool!”**

**“wag naman ganun, paano na lang tayo magkakaanak niyan pag nadisgrasya mo ang family jewels ko?”** T__T

**“sino naman nagsabi na magkakaanak tayo? Sino nagsabi na pakakasalan kita ha? Sino nagsabi na magiging tayo?”**

**“Ako. Kahit pagbali-baliktarin mo ang mundo, di mo maiaalis na mahal mo ko”**

Bigla akong natahimik sa sinabi ni Ren. Alam niyo yung sapul? Yung tinamaan? Yung nabato? Ako yun eh.

Sapul na sapul, as in.

Naupo ako doon sa may sink and tinabihan naman ako ni Ren. Huminga ako ng malalim

**“oo nga, tama ka. Kahit pagbali-baliktarin ko nga ang mundo mahal kita, and I hate this feeling”**

**“bakit kailangan mong magalit sa nararamdaman mo sakin? Bakit hindi pwedeng tanggapin mo na lang yun?”**

Hindi ako umimik. Napaka dali para sa kanya na sabihin ang mga bagay na yun kasi hindi siya ang sinaktan, hindi siya ang pinagmukhang tanga, ang binitiwan ng mga masasakit na salita at ang umasa.

Nakakatakot ng magmahal ngayon. Hangga't maari gusto ko ng bitawan lahat ng nararamdaman ko kay Ren at ibaling na lang to kay Blake. In the first place nararamdaman ko kung gaano ako kamahal ni Blake, and I think mas deserving siya para mahalin ko kesa sa isang lalaking wala akong kasiguraduhan kung mahal ba talaga ako o hindi. :(

Naramdaman kong hinawakan ni Ren ang kamay ko

**"nagaalangan ka siguro sa sinasabi ko. Pero Amber mahal kita maniwala ka"** I heared him sigh **"You know what? I'm really regretting all those awful things that I've said to you. Ang tanga tanga ko para magpadala sa galit ko. Dahil sa mga salitang yun, naging malayo ka saakin. I'm holding your hand right now but why is it that I feel you're so far away? I keep on reaching you but you keep on running away from me"**

Hinatak ko ang kamay ko palayo kay Ren **"please stop"** …ayoko na makarinig ng kahit ano dahil pakiramdam ko iiyak na ko. Nakakatawa lang isipin eh, lahat ng sinasabi niya saakin ngayon, ganyang ganyan ang naranasan ko noon. Ngayon naman na naabot ko na siya, tumatakbo naman ako palayo.

It’s pathetic, I know.

Pero alam kong mas ok na to.

**“Amber kelan ka ba maniniwala saakin?”** napatingin ako bigla kay Ren dahil yung tono ng pananalita niya, parang paiyak na siya and I’m right. Nakita kong may namumuo ng luha sa gilid ng mata ni Ren.

Feeling ko parang madudurog ang puso ko.

Tumingin si Ren sa itaas at pasimple niyang pinunasan ang luha sa gilid ng mata niya

**“n-natatakot ako”** bago ko pa mapigilan ang sarili ko, kusa ng lumabas ang mga salitang ito sa bibig ko **“natatakot ako na baka akala mo lang na mahal mo ko pero ang totoo si Arcie talaga ang mahal mo. Natatakot ako na baka bigla mo ulit akong iwan, na baka bigla mo ulit ako itaboy palayo”** this time yung luha ko naman ang biglang tumulo “**Natatakot akong masaktan ulit Ren. Please, wag mo na kong saktan… a-ayoko na”**

Humarap saakin si Ren then pinunasan niya ang luha sa mata ko

**“Amber, just let me prove to you that I love you please? Hindi na kita itataboy, hindi kita sasaktan, hindi na kita iiwan pangako. Ikaw na ang mahal ko Amber. I love Arcie but not the way I love her before. Parang kapatid ko na lang si Arcie ngayon and dahil ikaw na ang mahal ko. And damn it, hindi ko akalain na meron pang babaeng kaya kong mahalin na mas higit pa sa pagmamahal ko kay Arcie. Ikaw yun Amber maniwala ka saakin, mahal kita”**

I don’t know if my brain has stopped working or sadyang na-take over na ng puso ko lahat ng galaw ko, but before I could stop my self, I threw my arms around Ren’s neck and hugged him tight. Naipit pa ang mga braso namin dahil napataas din ang isang braso ni Ren na naka posas saakin nung yakapin ko siya.

**“m-mestizang hilaw?”**

**“pwede bang ganito muna tayo? Please Ren..**”

Ren hugged me back using his free arm na hindi nakaposas pero nagulat ako ng bigla siyang kumanta

**“Inaayos ko ang iyong isipan**
**Ngunit di ka naman nakikinig**
**Lahat na ng bagay ay aking ginawa ngunit**
**Wala parin”**

“R-ren..”

Humiwalay si Ren sa pagkakayakap saakin at tinitigan niya ako sa mata

**“Ilang beses ko bang sasabihin na**
**Wala nang kwenta ang nakaraan**
**Pero iyong pinipilit”**

Gusto kong kumawala sa tingin niya pero sa hindi ko malamang kadahilanan napako na lang din ang mata ko sa mga mata niya habang tagus-tagusan na tinatamaan ang puso ko sa kinakanta niya

**“Ikaw lang ang nais kong makasama**
**Wala na kong gusto pang balikan**
**Kahit ako'y papiliin ikaw ay umasa**
**Gusto kong makapiling”**

Bigla na naman tumulo ang luha ko habang nakatitig parin sa kanya. Nakakainis, bakit ba ganito si Ren? Bakit dahil sa isang simpleng kanta lang nagagawa niya akong patamaan at paiyakin ng ganito? Bakit sa simpleng kantang to parang unti-unti na namang nagbabago ang isip ko?

**“Lagi na lang tayong nag-aaway**
**Kahit di dapat pag-awayan**
**Tuwing ika'y lumuluha ako'y nasasaktan**
**Pag nakikita kang ganyan”**

Yumuko ako dahil tuloy tuloy na naman na tumutulo ang luha ko.

**“Sige na, tahan na, dahil mahal na mahal kita”**

Inangat ni Ren ang mukha ko atsaka niya pinunasan ang luha sa pisngi ko.

**“Ikaw lang kasi, maniwala ka”**

Inakbayan ako ni Ren atsaka niya ako hinila papalapit sa kanya. Ipinwesto niya ang ulo ko sa may dibdib niya habang ibinubulog saakin ang lyrics ng kanta

**“Ikaw lang ang nais kong makasama**
**Wala na kong gusto pang balikan**
**Kahit ako'y papiliin ikaw ay umasa**
**Gusto kong makapiling”**

Napapikit ako bigla habang pinapakinggan ko yung pintig ng puso ni Ren. Mabilis ito tulad ng saakin.

Habang  yakap yakap ako ni Ren at kinakantahan ako, isa lang ang bagay na nasa isip ko.

Isusugal ko ulit ang puso ko.

Pero sana this time, hindi na ko masaktan ulit.

**Chapter 22**

***Our happiness, his tears***

**[Ren's POV]**

**"grabe ka mestizang hilaw, ang bigat mo"** =__=

**"hmpffff"**

**“ayaw mo ba talaga maglakad pauwi?”**

**“whagkamahingayhinahantsokphakoh”**

Ano daw?

I sigh and napangiti na lang.

Nakalabas na kami ni Amber doon sa restroom. Good thing maaga nagbubukas ang coffee shop. Napagkamalan pa nga kami na magnanakaw eh but good thing naalala kami nung isang server doon kaya ayun, di na sila nag hinala. Pero eto namang si mestizang hilaw, masyadong mahimbing ang tulog, ayaw magpagising kaya pinasan ko na lang siya. Buti dala ko ang spare key ng posas namin. Oo, nagsinungaling ako nung sinabi kong wala akong spare key na dala, pero maganda naman ang naging result di ba?

Nung makarating kami sa condo, grabe parin ang himbing ng tulog ng babaeng to.

**“mestizang hilaw nasan na key card ng unit mo?”**

**“afkjdgkldksj”**

**“ano?”**

***poink***

**“Arayku!!”**

Bigla ba naman akong sinapok sa ulo! Grabe ng parusa ng babaeng to saakin ah. Pasalamat siya mahal ko siya =__=

Dahil di ko naman mabuksan ang unit ni Amber, dinala ko na muna siya sa unit ko at ibinaba sa kama dahil ang sakit sakit na ng likod ko. Feeling ko kailangan ko magpa checkup sa doctor dahil mukhang may nabali ng buto sa likod =__=

Tinignan ko si Amber na tulog na tulog. Napangiti ako ng di oras. Sumampa ako sa kama at tinabihan siya para mas lalo kong mapagmasdan ang mukha niya.

Di ko alam na ganito pala ako kaswerte. Minahal ako ng babaeng to na sobrang ganda. Yun nga lang, ilang beses ko siyang sinaktan. Alam kong hindi ako deserving para sa isa pang chance pero masaya ako dahil binigyan niya ulit ako ng pagkakataon.

*This time, hindi ko na yun sasayangin pa.*

We both experience a great pain because of our past. It's about time para kami naman ang magkaroon ng happy ending.

**"thank you, Amber"** I whispered gently

Nagulat naman ako ng bigla siyang dumilat at nginitian ako

**“It’s impolite to stare”**

**“I can’t help it, you’re so beautiful”**

Bigla naman siyang nag blush kaya napatawa ako ng mahina. I hug her tight **“I love you”** bulong ko sa kanya

**“I love you too, Ren”**

**“di mo ba alam kung gaano kasarap marinig na manggaling sayo ang salita na yan Amber?”**

**“di mo rin ba alam kung gaano kasarap sa pakiramdam na malaman na mahal mo ko?”**

I chuckled tapos humiwalay ako sa pagkakayakap sa kany**a “then from now on, di ako magsasawang iparamdam sayo kung gaano kita kamahal”**

**“talaga?”**

**“oo naman. Gusto mo umpisahan ko na ngayon”**

**“sige nga, ano gagawin mo?”** paghahamon niya saakin

I smile then unti unti kong inilapit ang mukha ko sa kanya hanggang sa magdampi ang labi namin.

Agad ko namang inalis ang labi ko to see her reaction. I almost laughed when I saw her blushing so hard

**“I love you Amber**”

After that, I kissed her again, but this time *she kissed me back.*

**[Amber's POV]**

Napahawak ako sa labi ko at hindi ko mapigilan ngumiti. Anak ng tinapang Salvy yan oh! Biruin niya isang araw na ang nakakalipas simula ng halikan niya ako pero hanggang ngayon eh mamatay matay parin ako sa kilig?

Kami na ni Salvy. Obvious naman eh, may kissing scene na. Bwahahaha. At hanggang ngayon kinikilig talaga ko. Pero bago ako magpakasaya ng husto, may tao akong dapat kausapin.

**"hey Amber, sorry if I keep you waiting"**

Nginitian ko si Blake na-kararating pa lang. Umupo siya sa tapat ko.

**“so why did you want to see me?”**

I just smiled at him and gave him the menu **“what do you want to eat? My treat”**

Inabot niya naman yung menu at nag simulang magtingin-tingin doon **“you know what? There are two reasons why a girl wants to treat a guy. It’s either she wants to ask a favor, or she’s bringing some bad news”** tinignan niya ako then ngumiti siya **“so which of the two is your reason why you're treating me?”**

Huminga ako ng malalim then I avoided his gaze **“the latter”**

Ipinatong niya yung menu sa table **“spill it then”**

Ramdam na ramdam ko ang kabog ng dibdib ko. Kinakabahan ako sa mga sasabihin ko kay Blake hindi dahil sa natatakot ako na baka sumbatan niya ko na pinaasa ko siya but instead, natatakot akong makita ang painful expression sa mukha niya.

Blake has been there for me during the times when I am in my worst state. He bared with me. Ilang beses ko din siyang iniyakan pero hindi siya nagsawang i-comfort ako. He’s been so nice to me at nahihirapan akong isipin na masasaktan ko siya. But still I have to tell him this. I have to..

Huminga ulit ako ng malalim atsaka ko tinignan si Blake

**“me and Ren. . . . .are together now”**

Nawala bigla ang ngiti sa mukha ni Blake. Hindi siya nagsalita instead nakatingin lang siya saakin. It is as if he’s struggling to find the right words to say.

Nakita ko siyang huminga ng malalim **“are you happy?”**

**“y-yes, I am”** please Blake, stop asking me. Ayokong mas masaktan kita :(

**“then it’s not a bad news afterall”**

**“Blake—“**

Hindi niya ako pinatapos magsalita **"Amber"** hinawakan ni Blake yung kamay ko **"you know that I love you right? And I think loving you means I have to support you to the things that can make you happy. Ren is the only one who can make you happy so please don't mind my feelings. As long as your happy, I'll be fine"**

Bigla na lang akong naiyak **"Blake, I'm sorry. I'm really really sorry. I-I didn't mean to—"**

**"Amber!"** bigla naman niyang pinunasan yung luha ko **"don't be sorry because you chose your happiness. Believe me, I'm fine"**

**"thank you Blake… thank you"**

I stood up and give Blake a hug.

Sa lahat ng nangyaring masasakit na bagay saakin, masasabi kong itong lalaking to ang isa sa mga blessings ko.

*Sana maging masaya narin siya.*

**[Blake's POV]**

I look at them from afar. He took her hand and held it tight. She looked at him then she smile. *A smile that is so real, it could take my heart away*

Am I really fine?

Not really.

I admit that I got hurt, *too much*. I want to shout at her, to tell her not to love that guy again. He is always hurting her and she don't deserve that. She's such a wonderful lady who deserves to have all the love she needs. I know I can give that to her.

But I cannot make her happy*, but Ren can.*

*What's the use of loving a girl if you cannot make her happy?*

I look at Ren and Amber again as they are walking away from me.

**"be happy, Amber"**

After that, a tear fell from my eye.

*This is the first time I ever cried for a girl.*

**[Amber’s POV]**

**“ang tagal naman niyan Salvy! Gutom na koooo!” T___T**

**“wait lang matatapos na to”**

Pinuntahan ko si Salvy sa kitchen niya at pinanuod siyang magluto ng chicken adobo. Na-miss ko kasi ang pagkain nun. Good thing, marunong itong si Salvy na magluto nun at good thing nakahanap kami ng mga ingredients dito. Bwahahahaha

**“ay walang soy sauce!”**

**“sige bibili na lang ako sa labas”**

Patayo navsana ko ng pinigilan ako ni Ren **“ako na lang. gabi na baka mapano ka pa”**

**“ano ka ba! Diyan lang sa tabi ang convenience store oh! Ako na bahala”**

**“hay magiingat ka ah?”**

**“of course”**

He gave me a quick kiss **“I love you”**

**“I love you too”**

Tumalikod na ko at tumakbo palabas habang hawak hawak ko ang dibdib ko. Bwiset gusto kong tumili!! Hanggang ngayon kasi eh di parin ako makapaniwalang kami na ni Ren. Parang nung isang araw lang grabe ko siya itulak palayo. Samantalang ngayon di na kami mapag hiwalay.

Bumaba na ako sa unit at dumiretso sa may convenience store pero bago pa ako makapunta doon, may biglang nagtakip ng panyo sa bibig ko.

Sinubukan kong makakawala doon sa taong yun pero nahawakan niya na ako ng mahigpit to the point na halos masakal ako. After that

*Everything went black*

**Chapter 23**

***Out of my league ***

**[Amber's POV]**

**"hey miss wake up! What are you doing here?"** naramdaman kong may tumatapik sa braso ko kaya napadilat ako at nakita ko ang isang matandang lalaki na nakatingin saakin "**are you alright?"**

**"h-ha?"** tumayo ako at doon ko lang napansin na nasa isang park ako at mukhang nakatulog ako sa isa sa mga bench doon.

Anong nangyari?

**"y-yes, I'm fine. Thanks"**

**“do you have a home?”**

**“uh yes”**

**“then why are you sleeping here?”**

Napahawak ako sa ulo ko at naramdaman ko ang sakit. Wala akong maalala sa mga nangyari. Ang alam ko lang lumabas ako sa unit para may bilhin then after that, wala na kong maalala.

Umalis na ako doon sa park at naglakad pauwi. Ang weird, ano bang nangyari? Paano akong napunta sa park? Wala akong maalala.

Pagkadating na pagkadating ko sa unit, nagulat ako ng biglang may humila saakin at yumakap saakin ng napakahigpit

**“where have you been?! Alam mo bang mabaliw baliw ako sa kakahanap sayo?!”**

**“R-ren”**

**“saan ka ba nagpunta ha?! Bumili ka lang hindi ka na bumalik! Ano bang nangyari sayo?!”**

**“h-hindi ko alam”** bigla akong naiyak **“h-hindi ko alam ang nangyari. Ren naguguluhan ako. Nagising na lang ako na nasa park na ko. Hindi ko alam kung ano nangyari saakin at paano ako napunta doon. Baka mamaya kung ano na ang nangyari sakin. Ren natatakot ako”**

Humiwalay si Ren sa pagkakayakap niya saakin **“I’m sorry Amber, hindi ko sinasadya na sigawan ka. Natakot lang talaga ko na baka mawala ka sakin. Sorry, I’m really really sorry”** pinunasan ni Ren ang luha sa mata ko **“may nararamdaman ka bang kakaiba? May masakit ba sayo?”**

**“y-yung ulo ko. Masakit ang ulo ko”**

**“ok then”** binuhat ako ni Ren sa unit niya at inihiga niya ko sa kama niya **“just lay down Amber, ipagluluto kita”** I just nod at tumingin ako sa ceiling habang nagluluto si Ren.

Sana, sana hindi nangyari ang iniisip ko. Siguro naman hindi kasi wala namang ibang masakit saakin kundi ang ulo ko. Yun lang.

Pero ano ba talaga ang nangyari. I tried to remember anything kaso wala talaga. Arrgghhh ang sakit talaga ng ulo ko.

Maya-maya, dumating na si Ren na may dalang cup noodles **“Amber eat this, para gumanda pakiramdam mo”**

**“t-thanks”** inayos ko ang upo ko at kinuha yung cup noodles.

**“oopps, ako na”** binawi saakin ni Ren yung cup noodles then sinubuan niya ako **“say ahh”**

Medyo natawa naman ako “**do I look like a kid na dapat subuan?”**

**“hindi, but’ you’ll always be my baby”**

Hinampas ko siya **“nakakaasar ka naman eh!”**

**“why? Eto naman oh syempre gusto kong alagaan ka eh. Dali subo na”**

I smile then sumubo narin ako. Doon ko lang napansin na puro galos yung braso ni Ren tapos ang dumi ng paa niya.

**“Ren, ano nangyari diyan? Bat ang dami mong galos at bat ang dumi mo?”**

**“oh this?”** bigla naman niyang ibinaba yung sleeves ng shirt niya para itago saakin yung sugat **“nadapa lang ako nung hinahanap kita pero hindi naman masakit eh. Wag mo na intindihin”**

Hinawakan ko yung braso niya **“aray ku!”** tinignan niya ko **“hehe joke lang”**

**“masakit eh! alam ko masakit yan!”**

**“hindi nga promise!”**

Para siguro akong abnormal dito pero bigla na lang akong humagulgol ng iyak

**“o-oy mestizang hilaw bat ka umiiyak? May masakit ba sayo?”** inilapag ni Ren yung cup noodles sa side table atsaka sumampa sa tabi ko at inakbayan ako **“mestizang hilaw anong problema?”**

**“i-ikaw *sniff* kasi eh!!! *sniff sniff* nakakaasar *sniff* kang Salvy *sniff* ka!!!”**

**“a-anong ginawa ko? Uy mestizang hilaw! Sorry na kung may nagawa ako sayo! Wag ka na umiyak please!”**

**“mukha mo! Bat ka mag-so-sorry kung yung ginawa mo eh mahalin ako ha?! Huwaaaaaaa”** T___T

Narinig ko naman na napatawa si Ren. Niyakap niya ako ng mahigpit atsaka ako binulungan **“I love you”**

**“I love you too Ren. Sorry ha? Pinag-alala kita”**

**“wala yun. Ang mahalaga you’re safe at nandito ka ngayon sa tabi ko”** he kissed my forehead **“wag na wag mo kong iiwan ha? I’ll die pag nawala ka ulit. Kanina lang halos mabaliw ako. Akala ko di na kita mayayakap ulit eh”**

Niyakap ko din si Ren habang nakasandal ang ulo ko sa chest niya **“sorry pinagalala kita. Promise, di ko na gagawin yun.”**

Habang yakap yakap ako ni Ren, parang yung confusion ko kanina, yung sakit ng ulo ko at yung takot, nawala. Yung pakiramdam ko ngayon? Ang saya saya ko.

It’s been a long time na may nag-alala saakin ng ganito. Nakalimutan ko na yung sarap ng mahal ka ng taong mahal mo. Almost two long years of pain and misery

Salamat dahil masaya na ulit kami.

[University]

**“There are three forms of business organization, the sole proprietorship, partnership and the corporation. In certain cases, the accounting procedures depend to some degree on the form of organization. It is, therefore, timely and useful to differentiate a sole proproietorship from a partnership and from a corporation”** blah blah blah yobab yobab yobab oink oink oink

BOORRRRRRIINNGGGG

Nag pangalumbaba ako habag nakatitig sa prof kong dada ng dada sa harap at nagpapanggap na nakikinig sa kanya but the truth is ang utak ko lumilipad na.

Ang tagal naman matapos ang klaseng to. 1 hour lang bat feeling ko lifetime na ko nakaupo? Gusto ko na makita si Salvy T____T

Nung mag ring na ang bell, parang nabuhay lahat ng dugo sa katawan ko at agad agad kong inayos ang gamit ko. At last makakalabas narin sa classroom na to! Pabagsak na kanina ang mata ko sa sobrang antok eh >__<

Kinuha ko na yung bag ko at naglakad sa may pinto kaya lang di ako makalabs dahil nag kukumpulan yung mga tao doon. Ano bang pinagkakaguluhan nila? At talaga nga naman, naisipan pa mag kumpulan sa may pinto. Male-late na ko sa next class ko eh!!

**“uh excuse me”** nakisingit ako doon sa mga taong nag kukumpulan **“please excuse me**” may mga naapakan pa ako at nasagi. Gusto ko na nga sumigaw ng “OUT OF MY WAY!!!” ano ba naman tong mga taong to =__=

Nung nakalabas na ko doon sa mga nagkukumpulang nilalang, nilabas ko yung panyo ko at pinunasan yung pawis sa noo ko. Whew, napagod ako doon ah =__=

**“oh she’s already here”**

Natigilan naman ako ng marinig ko ang pamilyar na boses kaya napatingin ako doon sa nagsalita.

At ayun, ang aking Ren Salvy, nasamay harap ng classroom namin habang may hawak na gitara at pinalilibutan ng mga tao. Siya ba yung pinagkakaguluhan?

**"guys, do you see the girl over there?"** tinuro niya ako **"she's the girl who captured my heart. I want to show her how much I love her so I'm going to do something 'traditional' that Filipino men usually do for the girl they love. I will serenade her"**

Napa "awww" "wooow" "ayieee" ang mga students. Yung iba inaasar kami, yung iba mukhang kinikilig, yung iba mukhang nakokornihan.

Pero ako?

I was rooted to the ground with my mouth hanging open.

**“The song that I am going to sing is a very special one. Actually I already sang this one for my best friend and his boyfriend. But today, I am going to sing this for the girl I love”** he smile again at narinig ko ang mga cheers ng mga nanunuod.

Nag strum na siya ng guitar

**“It's her hair and her eyes today**
**That just simply take me away**
**And the feeling that I'm falling further in love**
**Makes me shiver but in a good way”**

Napapa-sway yung mga tao habang kumakanta si Ren. Ako naman nakatayo parin dito, speechless sa mga nangyayari. Bakit ba ang ganda ng boses nito? Ilang beses na ba niya ko kinantahan?

Pero kada kinakantahan niya ko, pakiramdam ko parang first time akong hinaharana.

Hindi ako magsasawang pakinggang siya

**“All the times I have sat and stared**
**As she thoughtfully thumbs through her hair**
**And she purses her lips, bats her eyes and she plays,**
**With me sitting there slack-jawed and nothing to say”**

Ren smiled at me then lumapit siya saakin at tinitigan ako sa mata

**“'Cause I love her with all that I am**
**And my voice shakes along with my hands”**

Narinig ko ang mga hiyawan ng mga nanunuod habang ako naman, halos matunaw na dito dahil sa titig ni Ren, sa ginagawa niya ngayon, at sa message ng kanta niya.

**“Cause she's all that I see and she's all that I need**
**And I'm out of my league once again “**

Buong kanta nakatitig lang saakin si Ren. Parang bigla na lang nawala yung mga tao sa paligid at siya na lang ang nakikita ko, kinakantahan ako.

I almost cry, really. Ewan ko kung sadyang iyakin lang talaga ako or what, but I was moved because of this.

Nung matapos ang song, ibinaba ni Ren yung guitar niya at tumingin doon sa mga students

**“guys, I’m going to violate some school rules. Please don’t tell the professors ok?”**

**“huh?”** tanong ko sa kanya

Nginitian lang niya ako tapos may inilabas siya sa bulsa niya na isang box.

**“I never thought I could love someone like this again after what happened. But thanks to you, you made me happy again. I love you Amber Lopez. If only I could propose to you to marry me, I’ll do it but I know we’re still too young for that”** medyo natawa naman ako sa sinabi niya pati narin yung mga manonood **“but for the meantime, please take good care of my heart”**

Binuksan niya yung box and sa loob nun ay isang necklace with heart shaped pendant.

**“R-ren”**

Kinuha niya yung necklace doon sa box then lumapit siya saakin at isinuot ito. Pero kasabay ng pagsuot niya ng necklace, hinalikan niya ang labi ko.

Narinig ko ang mga hiyawan ng mga estudyanteng naka witness nito. Anak ng tokwang Salvy to eh, naiiyak ako sa pagka touch.

He indeed is the Romantic Prince.

Humiwalay siya saakin then he gently whispered on my ears "I love you Amber"

Ilang beses narin ba niya sinabi na mahal niya ko? Pero kada sasabihin niya yun, parang laging lumulundag ang puso ko sa saya

"I love you too Ren. Thank you.." at ayun nga hindi ko na napigilan ang mga luha sa mata ko. Kusa na silang pumatak.

But this time, I am crying because I'm happy.

Niyakap ako ni Ren habang itinatago ko ang mukha ko sa mga tao "thank you Ren.. thank you, thank you"

*God, ang saya saya ko ngayon. Sana wag na tong matapos.*

## Chapter 24

***quarrel***

**[Amber’s POV]**

**“ako’y isang pinoy, may pusong cheesecake”** naramdaman kong may sumundot sundot ng pisngi ko **“mestizang hilaw kanina pa kita kinakantahan dito pero ayaw mo parin bumaggon diyan. Sabi mo mag ddate tayo ngayon” >___<**

Tinalikuran ko si Ren at nagtaklob ng kumot. Inaantok pa kasi talaga ako. Paano ba naman nag movie marathon kami kagabi. Dito na nga ako nakatulog sa unit niya eh. Tapos ang aga-aga pa manggising ng Salvy na to! >__<

**“ala tinalikuran lang niya ko. Oy mestizang hilaw sino ka para matulog ng ganito katagal sa kama ko ha?! Bumangon ka nga!”**

Bigla akong bumangon at kinuha yung unan na dala dala ko then tinalikuran ko na siya

**“o-oy saan ka pupunta?!”**

**“sa unit ko, matutulog”** antok na antok kong sabi sa kanya

**“hindi!”** bigla siyang pumunta sa harap ko at nagulat ako ng bigla niya akong buhatin

**“o-oy ano ba Salvy!”**

**“joke lang yun mestizang hilaw. Dito ka na matulog, wag mo ko iwan mamimiss kita agad eh”** inilapag niya ako sa kama niya then tumabi siya saakin

Medyo natawa naman ako sa kanya **“grabe ka magkasama na tayo kagabi, dito na ko natulog at lalabas din tayo mamaya”**

**“eh kahit one second lang kitang di makita miss na miss na kita”** hinalikan niya ako sa noo **“I love you”**

Alam mo yung kanina antok na antok ka pero dahil sa isang simpleng salita nabuhay agad ang dugo mo?

Niyakap ko si Ren **“I love you too, Salvy ko”**

Hanggang ngayon hindi parin ako makapaniwala sa mga nangyayari. Ang tagal na panahon na bago ko maranasan ulit ang ganitong pakiramdam. This past few years, puro sakit na lang ang nararamdaman ko to the point na halos itakwil ko na si love.

Buti na lang may isang ‘Ren Salvador’ na dumating sa buhay ko.

**“mestizang hilaw”** hinawakan ni Ren ang kamay ko habang naglalakad lakad kami sa may park **“may sasabihin ako sayo though hindi ko alam kung good news or bad news ito para sayo eh”**

Tinignan ko siya **“bakit, ano ba yun?”**

**“uhmm you see, kinukuha ako ng theater club para sumali doon sa play nila. Kasama ako sa music theme and ako yung kakanta doon sa ilang scenes sa play”**

**“wow that’s nice! Ano naman bad news doon!”**

**“well, dahil sa mga practice hindi tayo masyadong magkakasama. Baka hindi kita mabigyan ng time”**

I smile at Ren **“gusto mo bang sumali?”**

**“uhmm matagal narin kasi akong hindi nakakakanta onstage. Medyo namimiss ko yun. Kaya oo sana”**

**“then sumali ka. Wag mo ko isipin ano ka ba. Tsaka isa pa magkatapat lang ang mga unit natin no kaya hindi parin tayo mawawalan ng time para sa isa’t isa”**

Hinila ako ni Ren papalapit sa kanya then hinalikan niya ang noo ko **“I’m really happy to have a beautiful, smart and understanding girlfriend. Ganito ba talaga akong ka buting tao para pagpalain ni God ng husto”**

I giggled **“naku Mr. Salvador, kesa binobola mo ko bakit hindi mo na lang ako ilibre ngayon?”**

Nginitian niya ko **“syempre naman no, bibilhin ko kahit anong gusto mo”**

**“eh paano yun ikaw ang gusto ko?”**

**“ay di ko na kailangan bilhin yun dahil matagal na kong sayo”**

Kinilig naman ako bigla sa sinabi niya. Oo na, boyfriend ko na si Mr. Romantic Prince at kailangan ko ng ihanda ang puso ko sa sobrang kakiligan!

Nung mga sumunod na araw, medyo naging busy na nga si Ren sa mga practices niya sa play. Pag may time ako, dumadaan ako sa theater para panuorin siya. Nakakatuwa naman dahil kada makikita ko siyang kumakanta, mukhang ang saya-saya niya. By seeing him like that, sumasaya narin ako.

But tonight kakain kami sa labas. Medyo namimiss ko narin ang Salvy na yun. 2 weeks straight na kasi na hindi kami nakakapag bonding dalawa. Ni-hindi ko rin siya nakakasabay pumasok dahil maaga siya kailangan pumasok para sa mga practices at gabi na umuuwi para sa afternoon practices. Pag uwi naman niya, pagod na siya. Kawawa naman ang Salvy ko. Pero buti ngayon pinayagan siyang umuwi ng maaga.

Pinauna na ko ni Ren doon sa restaurant na kakainan namin dahil may kailangan pa daw siya asikasuhin. Hmm ano naman kaya yun? Baka naman may surprise saakin?

I giggled.

Yung Salvy talaga na yun. Ano na naman kaya ang pinaplano niya? Hindi ba niya naisip na sa presence pa lang niya masaya na ko? Wahahaha pero sige na nga, pinangangatawanan lang niya ang pagiging Romantic Prince niya kaya pagbigyan. XD

Tinignan ko yung orasan ko. Hmm 30 minutes late na si Salvy ah? Nasan na kaya yun? I tried calling him pero out of reach naman yung phone niya.

Naghintay ako sa kanya ng isang oras, dalawa, tatlo, hanggang sa magsara na yung restaurant. Tinawagan ko siya pero naka off ang phone niya. Doon na ko nagsimulang kabahan. Medyo gabi na, baka kung napano na siya.

Dali-dali akong pumunta sa university pero sarado na ito. Sabi nung guard isang oras na ang nakakalipas nung magsiuwian yung mga nasa theater club. Ano bang nangyari kay Ren?

Pumunta ko doon sa park kung saan ako nagising dati nung may dumukot saakin kaso wala siya doon. Hinanap ko siya sa may coffee shop, sa mga lugar na madalas namin puntahan kaso di ko parin siya nakita. Bumalik ako doon sa restaurant baka sakaling nagkasalisihan kami ni Ren kaso wala siya.

Pinanlambutan na lang ako bigla at naramdaman kong tumulo ang luha ko. Ano kaya ang nangyari sa kanya? Baka siya naman ang dinukot nung mga kumuha saakin dati. Baka this time kung ano na ang gawin nila kay Ren. Kinakabahan ako. I cannot bare to lose him.

Pinunasan ko ang luha ako at dumiretso na sa unit ko baka sakaling nagkasalisihan lang kami at nakauwi na siya.

Bigla akong nabuhayan ng dugo ng maaninag kong bukas ang ilaw sa unit ni Ren. Sinubukan kong buksan yung pinto and luckily hindi ito naka-kandado. Dali-dali akong pumasok sa loob ng unit niya

**“Ren anong--!!”** napahinto ako bigla ng makita kong kumakain na siya ng dinner habang nanunuod ng T.V

**“oh mestizang hilaw saan ka galing? Nag dinner ka na ba?”**

Huminga ako ng malalim at nilapitan ko si Ren **“k-kanina ka pa nandito?”**

**“medyo medyo lang. Late kasi natapos yung practice. Nagkatuwaan pa kasi kami eh.”**

Bigla na lang nawala lahat ng pag-aalala ko at kaba ko sa kung anong nangyari kay Ren. Napalitan ito lahat ng sobrang pagkainis sa kanya.

**“oh wow nagkasiyahan pala kayo. Buti ka pa masaya ngayon samantalang ako halos mamuti na ang mata sa pagaantay sayo doon sa restaurant at halos atakihin din ako sa puso dahil sa sobrang pagaalala nung hindi mo sinasagot ang mga tawag ko”**

Natigilan bigla si Ren at mukhang naalala na niya na may lakad pala kami dapat ngayon.

**“A-amber, s-sorry. Ngayon nga pala yun. Sorry, nakalimutan ko”**

I gave him a bitter smile then tinalikuran ko siya at pumasok sa room ko.

SORRY?! Bwiset!! Nakalimutan niya ako tapos SORRY?! Nag alala pa naman ako sa kanya yun pala nag eenjoy lang siya sa practice nila and he totally forgot that he promised me na mag didinner kami sa labas!

Nakakaasar!!

Nakarinig naman ako ng katok sa unit ko

**“mestizang hilaw? Uy mestizang hilaw wag ka na magalit saakin. Sorry na. talagang nawala lang sa isip ko. Alam ko ako ang may kasalanan eh pero please patawarin mo na ko. Please? Wag ka na magalit saakin”**

**“get lost!”** sigaw ko sa kanya **“nakakainis kang Salvy ka!”**

**“uy Amber please naman, open the door. I’m tired. Magbati na tayo please? Wag ka na magalit saakin. Promise babawi ako sayo”**

**“wow you’re tired! Ano pa ko na nagpabalik balik dahil sa paghahanap sayo! Ni hindi ko alam saan ka napunta eh! akala ko dinukot ka! Akala ko may masamang nangyari sayo! Yun pala nandito ka na at kumakain ng dinner! I hate you Ren! I really hate you!!”**

Nagulat ako ng biglang bumukas yung door ng unit ko. Nakita ko na hawak hawak ni Ren yung keycard ko.

Darn it! Naiwan ko pa pala yun sa unit niya!

**"Amber"**

I wiped my tears aggressively then tinalikuran ko siya **"umalis ka dito! Ayokong makita ka! I hate you!"**

Pero instead na umalis, nagulat ako ng bigla niya akong hilahin papalapit sa kanya at yakapin ng mahigpit.

**"I love you, Amber. Sorry for making you wait and for making you worried. Promise di ko na uulitin yun. Hinding hindi na kita pagaantayin kahit isang segundo. At hinding hindi na ko makakalimot sa usapan natin. Please don't say that you hate me. Di ko kayang makita na nagagalit ka saakin. I'm really really sorry. Wag ka na sana magalit please?"**

Parang biglang nawala lahat ng inis at galit na nararamdaman ko sa kanya. Tsk nakakaasar naman ang lalaking to, alam na alam kung paano palalambutin ang puso ko.

Humiwalay siya sa pagkakayakap saakin tapos pinunasan niya ang luha sa mata ko **“wag ka na umiyak please? Sorry na. babawi talaga ko sayo”**

I smile **“matitiis ba kita?”**

Napangiti din si Ren **“alam ko namang hindi eh. Pero sorry talaga ha?”**

**“anong sorry? Dapat bumawi ka saakin!”**

**“oo naman! Promise bukas kakain na tayo sa labas”**

**“sabi mo yan ha!”**

**“opo. Amber”** tinignan niya ako sa mata **“I love you”**

And again para na naman akong matutunaw dahil sa mga titig niya na yun.

**“I love you too, Ren”**

Unti-unti siyang lumapit saakin hanggang sa magkadampi ang mga labi namin.

The next day, after class dumiretso na ako sa theater dahil medyo napaaga ang dismissal time namin. Sabay narin kasi kami ni Ren pupunta sa restaurant.

Nakita ko naman doon si Ren na nakaupo sa harap ng piano then may isang british girl na nag sslow down habang tumutugtog si Ren. Pinanuod ko lang yung scene. Ganyan

ba talaga ka-talented ang boyfriend ko? Magaling na kumanta, magaling pa mag gitara at tumgtog ng piano. And oh, napaka professional sa pagpapakilig ng babae.

Nakita ko naman na huminto si Ren sa pagtugtog at tumayo na. Tumayo narin ako at mukhang tapos na yung scene kaso nagulat ako ng bigla siyang lapitan nung babae at mukhang may lines din si Ren.

Aba, akala ko kakanta lang siya, aarte din pala siya.

Naupo ulit ako para mapanuod yung mga susunod na eksena pero parang may sumakal saakin bigla dahil sa napapanuod ko.

Nilapitan ni Ren yung babae at biglang umiyak yung babae. Pinunasan niya ang luha nito at tinitigan niya ito maigi. Yung mga tingin na parang mahal na mahal niya yung babae. Na parang yung babae ang buhay niya.

*Bigla akong nag selos.*

Ano ba Amber, acting lang yun. Di mo dapat seryosohin dahil ikaw ang mahal ni Ren, *ikaw lang Amber.*

Kaso mas matindi pa sa selos ang naramdaman ko doon sa mga sumunod na eksena.

Unti-unting naglapit ang mga mukha nila hanggang sa dumapi ang labi ni Ren doon sa babae.

Napalunok ako bigla.

Parang kagabi lang ganyang ganyan ang eksena naming dalawa ah? ano yun? Pinag practice-an lang niya ko?!

Tumakbo ako palabas ng theater habang pinipigilan ang mga luha sa mata ko. Agad kong kinuha ang phone ko at tinext si Ren

*‘next time na lang tayo mag dinner, may gagawin pala ko. Sorry’*

After I press the send button tumakbo na ako palayo.

## Chapter 25

***misunderstanding***

**[Amber’s POV]**

*Stupid Salvy! Stupid, stupid Salvy!*

Pinunasan ko yung yung luha sa pisngi ko while stomping my feet hard on the grounds. Nakaka frustrate talaga yang Salvy na yan eh! Sabi niya kakanta lang siya, eh bakit may kissing scene siya?! Kahit na acting lang yun but still…

Kayo ba makita niyo ang boyfriend niyo na may kahalikan na iba ano ang mararamdaman niyo?!?!?! Di ba parang ang sarap pumatay! Ok lang sana kung artista siya kaso hindi eh!!! Grrr naasar talaga ko!

Habang naglalakad ako, naramdaman kong nag v-vibrate yung phone ko. Tinignan ko ito at nakita kong tumatawag saakin si Ren.

Pag ito hindi humingi saakin ng sorry, naku talaga nga naman.

Sinagot ko yung phone **“hello?”**

***“mestizang hilaw! Good thing at may gagawin ka ngayon”***

**“huh?!”**

***“medyo kasi pinaiwan kami nung director eh. May kailangan kaming pag practice-an na  scene na hindi namin makuha so yun, male-late din ako ng uwi”***

Para akong naging bato doon ng di oras. Ay anak ng tinapa!!

**“ganun ba? Sige ENJOY ka diyan! Bye!”** agad kong inend yung call.

May pag papractice-san pala ha! ano naman yung hindi nila makuha-kuha?! Yung kissing scene?! Eh mukha ngang expert na expert na sila doon eh! they looked like a real couple!! Grrr nakakaasar!

Tinignan ko yung phone ko at bumungad yung picture namin dalawa ni Ren na wallpaper ko.

**“Sige makipaghalikan ka diyan! Manlalalaki ako tandaan mo! Nakakaasar ka! Salvy ka talaga! Napaka salvy mo talaga! Wala kang kasing salvy! I heytchu! Nakakaasar ka—“**

**“talking to yourself?”**

Napalingon ako doon sa dumating

**“B-blake..”**

Nilapitan niya ako at nginitian **“how are you Amber?”**

**“fine”** sabi ko sa kanya sabay pout

**“really?”** nilapitan niya ako at tinitigan **“why the long face? What happened?”**

**“psh, it’s nothing anyways, where are you going?”**

**“to the cinema, I’m going to watch a movie but my date ditch me so I’m going alone”**

**“I see that can I come with you instead?”**

**“hmm, is it ok with Ren?”**

**“don’t mind him. He’s too busy snogging other girl”**

**“what?”**

**“ah i-it’s nothing”** hinila ko si Blake **“let’s go”**

Hmpf kung nakikipaghalikan siya ngayon edi makikipag date ako sa ibang lalaki! Bahala siya sa buhay niya!

Dumiretso na kami ni Blake sa sinehan at nanuod nung binili niyang ticket. Comedy yung palabas and naenjoy ko naman kahit papaano. Nakalimutan ko kaht sandali yung pakikipag halikan ni Ren sa ibang babae. After manuod ng sine, Blake treated me on a dinner. Hindi naman romantic dinner to or what. Actually nakwento sa akin ni Blake na meron narin siyang babaeng nagugustuhan and I’m happy kasi at least alam kong kahit papaano eh masaya na si Blake ngayon. Na-miss ko rin kasi ang lalaking to. Matagal-tagal siyang hindi nagparamdam pero hinayaan ko na muna siya nun. Alam ko kasi kung ano ang nararamdaman niya para saakin and it’s better kung iiwasan niya muna

ako. Pero ngayon masaya na ko kahit papaano kasi pwede na ulit kami maging magkaibigan ng “Barney” ko.

After namin mag dinner ni Blake, inihatid niya na ako sa condominium ko.

**“Amber thanks for your company. I really had a great time with you”**

**“me too Blake. Maybe we should do it next time, well if it’s alright with your future girlfriend”**

Bigla namang namula si Blake sa sinabi ko. Halatang halata na gustong gusto niya si Geline, yung girl na pinopormahan niya. Well kung ako doon sa babae, dapat pumayag na siyang maging gf ni Blake. Aba gwapo na at gentleman pa!

**“uhmm maybe we should have a double date. You know, with Ren and Geline”**

Sumimangot ako bigla. Tsk naalala ko na naman bigla si Ren naasar talaga ko! =__=

**“Amber?”**

Napalingon kami pareho ni Blake sa tumawag saakin.

**“Oh Ren”** bati ni Blake habang nakangiti siya kay Ren. Hindi naman siya nginitian ni Ren, instead, he just glared at him

**“err i-it’s getting late. I think you should go”** bulong ko kay Blake

**“yeah, I think I should”** nginitian naman ako ni Blake **“bon nuit**” *(good night)*

**“bon nuit”**

He waved at us then umalis narin siya. agad naman akong nilapitan ni Ren

**“bat kasama mo siya?”**

**“nanuod kami ng sine at kumain ng dinner sa labas**” I told him coldy at umakyat na ko papunta sa unit ko. Dali dali naman akong sinundan ni Ren

**“wait Amber!”** hinatak niya yung braso ko

Tinaasan ko naman siya ng kilay **“bakit?”**

**“akala ko ba may importante kang gagawin ngayon?! Eh bakit nakipag date ka kay Blake?!”**

Iniwas ko ang tingin ko sa kanya **“yun nga ang importante kong gagawin”**

Nakita kong namula ang mukha ni Ren sa galit. Medyo nakaramdam ako ng onting takot sa kanya but I tried to keep my face as expressionless as I can

**“you cancelled our date para makipag date sa kanya?! Tinotwo-time mo ako?!”**

I rolled my eyes then hinaltak ko ang braso ko na hawak hawak niya “**bakit ka nagagalit? You’re actually relieved na I cancelled our dinner date kasi busy ka!”**

**“that’s not the point!”**

**“yes it is!! Ako nakipag ‘friendly’ date lang kay Blake, eh ikaw?! You’re busy snogging some other girl!”**

Biglang natigilan si Ren dahil sa sinabi ko

**“y-you saw it?”**

**“bakit? Hindi ko ba dapat nakita yun?!”**

**“Amber, it’s not what you think. Eksena lang yun sa play. It’s nothing”**

**“akala ko ba tutugtog ka lang?”**

**“bakit hindi ba ko pwedeng umarte?! Amber balak ko naman sabihin sayo ngayon eh, pinangunahan mo lang ako. And besides, wag mong bigyan ng meaning ang halik na yun dahil wala lang yun”**

Napa buntong hininga ako “**ok Ren, what if may bigla akong hinalikan na lalaki at sinabi ko sayo wala lang ang halik na yun? Trip trip lang?”**

Iniwas niya ang tingin niya **“ibang issue yun Amber”**

**“no it’s not! Pareho lang yun Ren!”**

**“Amber naman eh, anong gusto mo?! Mag quit ako?! Ang dami na ng pinraktis namin! Patapos na kami and malapit narin yung play, I cannot back out! Isa pa pag bigyan mo naman ako dito! Masaya ako sa ginagawa ko!”**

**“masaya kang nakikipaghalikan sa ibang babae?!”**

**“that’s not what I meant and you know that! Ayoko na nga magpaliwanag sayo! Bahala ka kung ano ang gusto mong isipin!”**

**“fine! Bahala ka na din kung ano ang gusto mong gawin!”**

Tinalikuran namin ang isa’t isa at pumasok sa kanya-kanyang mga unit. Pagkabalabag na pagkabalabag ko ng pinto bigla na lang tumulo ang luha ko sa sobrang inis na nararamdaman ko.

I know it’s selfish of me pero kasi naman eh, makita mo ba naman ang boyfriend mong hinahalikan ng iba, kahit wala-wala lang yun but still.

Nakakapangselos talaga. :’(

Isang Linggo. Isang Linggo kaming hindi nagpapansinan ni Ren. Walang may gustong kumausap, walang may gustong makipag bati. Pareho kaming nagpapataasan ng pride, pero wala akong balak makipag talo. Tsaka isa pa, nayayamot parin talaga ako sa kanya dahil pinagpatuloy parin niya yung play. Mas pinili niya yun kesa saakin. Parang isinantabi lang niya ang nararamdaman ko. Tapos hindi pa niya ako pinapansin.

Nakakaasar talaga siya.

**“you just miss him”** sabi ni Blake

Napatingin naman ako sa kanya. Kasama ko nga pala siya ngayon mag lunch break tutal si Ren naman ay kasabay kumain ng mga kasamahan niya sa play!

**“ I don’t”** sagot ko kay Blake

Nginitian niya ako ng nakakaloko **“oh really? You know what Amber, the word ‘in denial’ is written all over your face”**

I pout “**stop teasing me Blake! It’s not funny!”**

He chuckled **“sorry! Anyways, I think it'll be better if you'll talk to him"**

**“why should I make the first move?!”**

**“Pride is not healthy for a relationship, you know”**

Sinimangutan ko si Blake **“he should know that”**

**“you should, too”** bigla naman tumayo si Blake **“I need to go Amber. I’m gonna be late for my next class”**

**“oh sure, go ahead”**

**“take care”** nag wave lang saakin si Blake then umalis na siya.

I sigh. Sa totoo lang namimiss ko na din si Ren. Siguro nga tama si Blake, dapat mag usap na kami at kung walang mag i-initiate saaming dalawa, hindi namin to maayos. Against parin talaga ako doon sa part ni Ren sa play, pero siguro naman madadaan yun sa maayos na paguusap di ba?

Pagdating ng uwian, naisipan ko ng makipag usap kay Ren. Dumaan narin ako saglit sa coffee shop para bumili ng pang meryenda namin dalawa. Peace offering kung baga.

**“two café latte and one cheesecake please”** sabi ko doon sa babaeng nasa counter. Isang cheesecake lang para mag sh-share kami ni Ren. Na-miss ko narin kasi kumain nito kasama siya. Mas triple ang sarap ng isang cheesecake pag kasalo mo ang mahal mo kumain nito. :)

Nung makuha ko na yung order ko aalis na sana ko ng coffee shop at excited na akong makauwi at makipag bati kay Ren, when someone caught my attention.

Sa may tabi ng bintana, nakaupo doon si Ren pati yung girl na kahalikan niya sa stage play.

**“you know what Melissa? The moment I set my eyes on you, my heart keeps on beating fast”** sabi ni Ren doon sa babae.

Halos manlabot ako sa narinig ko.

He accussed me na nanto-twotime ako pero ano tong ginagawa niya ngayon?! So eto pala ang reason kung bakit ayaw niyang mag quit! Because there's already something between him and that Melissa!

Sa sobrang inis ko nilapitan ko silang dalawa at nilapag sa harap nila yung cheesecake at kape na binili ko

**"Amber?!"** gulat na gulat na sabi ni Ren

**"cake and coffee pampasarap ng usapan niyo!"** I told them bitterly sabay takbo ko palabas ng shop.

**"Amber wait!"**

Hinabol ako ni Ren at nung makalapit siya saakin, hinawakan niya ang braso ko

**"Amber let me explain"**

**“Explain?!”** I wiped my tears **“Ren, ano pang ieexplain mo eh dinig na dinig ko na! so she makes your heartbeat fast eh? atakihin ka sana sa puso!”**

**“Amber you’re getting it all wrong! We’re just practicing our lines!”**

Inirapan ko si Ren **“yeah right. Practicing hanggang sa coffee shop nag papractice! Ang sisipag niyo!”**

**“she’s just too kind to help me memorize my line because my girlfriend is to busy snobbing me!”**

**“oh edi sa kanya ka na!”**

**“Amber kelan ka ba titigil ha?! Napaka insecure mo alam mo! Sa ganitong bagay pinagseselosan mo! Napakaliit na bagay pinapalaki mo! Ang mga hindi dapat binibigyan ng issue ginagawan mo! Ano ba naman Amber! I’m tired of you! Hindi ko alam ganyan ka pala!”**

Natigilan ako bigla sa sinabi ni Ren. His words hit me and swear, it is sharper than knife. Feeling ko sinaksak ako ng paulit-ulit dahil sa sinabi niya.

**“hindi mo pa pala ko kilala”** sabi ko kay Ren “p**agod ka naman na pala eh bakit pa tayo nagtitiis ng ganito?! Mas maganda pa mag break na tayo!”**

**“Amber naman eh! ano ba!”**

**“anong ano ba Ren?! Eh ikaw din naman eh! isinantabi mo ang nararamdaman ko para sa bwisit na play na yan! Wala kang paki saakin! Mas mabuti pang mag break na tayo!”**

Tinignan ako ng seryoso ni Ren “**ayan ba talaga ang gusto mo?”**

Hindi ko siya sinagot

**“fine! You’ll get what you want!”** sigaw niya saakin and after nun, tuluyan na siyang umalis.

Habang tinitignan ko ang likod ni Ren na palayo saakin, bigla na lang tumulo ang luha sa mga mata ko. Ang bigat bigat ng dibdib ko at gusto kong humagulgol ng iyak.

Nagulat ako ng biglang may yumakap saakin

**“Amber, that’s not very nice”**

**“B-blake.. you’ve heard it?”**

**“yes, and I understand it all”**

Bigla na lang akong napahagulgol ng iyak habang yakap yakap ako n Blake.

I didn’t mean what I said, pero bakit siya pumayag na makipag break saakin?

Ang sakit.

## Chapter 26

## *Misunderstanding Again*

[Ren’s POV]

**“hay buhay, parang life”**

**“labanos, isa lang akong dakilang binbo at hindi ako nag bubukas ng computer para lang mag waldas ng pera. Sinabi mo saakin na mag Skype tayo, oh eh ano ginagawa mo? Wala kang ibang sinabi kung hindi yan”** sabi ni Arcie saakin na mukhang badtrip na badtrip na.

Tinignan ko si binbo na kasalukuyang kumakain ng fishball **“binbo naman eh, brokenhearted na ko, mas lalo mo pa pinapasakit ang puso ko”**

**“oh bakit naman? Ano naman ginawa ko?”**

Sinimangutan ko siya “**pwede bang mamaya mo na ituloy yang pagkain mo niyang fishball pag di ka na nakaharap saakin?!” =__=**

Bigla naman ako nginitian ni Arcie ng nakakaloko **“hay buti pa dito ang daming masasarap na food no labanos?”**

**“tsk sige asarin mo pa ko! Pero seryoso na nga! Ano gagawin ko, break na kami?”** sabi ko kay Arcie

**“eh loko ka pala eh bakit ka kasi pumayag makipag break”**

**“eh kasi nga nainis narin ako nun. Mahal na mahal ko si Amber at pinapahalagahan ko siya pero ang hindi ko maintindihan bakit di manlang niya ako mapagbigyan na gawin ang bagay na gusto ko? You know me binbo. You know how much I love performing. Hindi ko siya pinipigilan sa bagay na gusto niyang gawin, pero bakit ako? Isa pa, nagseselos agad siya sa kapartner ko eh alam naman niyang siya ang mahal ko.”**

**“how about the kissing scene?”**

**“Arcie, wala naman yun eh. Ni hindi naman nagdikit ang labi namin eh!”**

**“eh alam ba naman ni Amber yun?”**

I pout **“hind. Pero kahit na no! bat naman siya nag selos agad?! Wala ba siyang tiwala saakin?”**

Nakita kong nag buntong hininga si Arcie **“alam mo labanos, mas magtaka ka kung hindi nag selos si Amber”**

**“bakit naman?”**

**“natural kasi mahal ka niya! Eh ako nga lang makakita lang ako ng babaeng lumalandi kay Jiro parang ang sarap ng pumatay ng tao eh! alam mo yung gusto kong pilipitin yung leeg nung babae! Gusto ko siyang sipain! Itapon sa Bermuda triangle! Ipalapa sa leon! Yung mga ganun”**

**“pero doon ka sa mga babae nagagalit hindi kay Jiro. Eh bakit si Amber saakin nagalit?”**

**“sus anong hindi? Eh ilang beses ko na kaya siyang muntikang sakalin kasi sinasakyan niya yung mga babae. Sabi niya wala naman daw siyang idea na nilalandi na siya! yung malditong, bipolar, na batong prinsipeng yun”** tinignan ako ni Arcie at nginitian **“pero in the end, inaamo din niya ako at pinaparamdam niya na mahal niya ko. Unlike nung isa diyan na matakaw, na maputi”**

**“pinatatamaan mo ba ko?!” =__=**

**“huh? May sinabi ba ako?**” tanong ni binbo saakin with matching painosente look

**“pero kasi, may mali din naman siya eh” >___<**

**“Oo may mali siya pero may mali ka rin. In short pareho kayong mukhang ewan. Jusko, isang kiss and make up lang naman ang katapat niyan eh ewan ko ba bat pinaabot niyo sa break up. O siya alis na ko”**

**“ha?! eeehhh binbo help me!” T____T**

**“sus kaya mo na yan! sige na mag oout na ko. Tatawag na maya maya si Jiro eh. You know, overseas call kaya kailangan kong sagutin”**

**“huh? Nasa ibang bansa si Jiro?”**

Nakita kong biglang nataranta si Arcie sa tanong ko **“ha? ah o-oo ano kasi eh, ano eh aahhh.. b-bumibili siya ng gift para sa kasal ni Ma’am Krissa and Sir Nike! Malapit nap ala yun! Pupunta kayo ni Amber ah?!”**

**“oh I see. Yep, naka book na flight naming”**

**“ayun oh, sige bye bye”**

And bigla bigla naman nawala si Arcie sa computer screen. Ok, anong meron doon?

(classes)

Naglalakad ako ngayon papunta sa first subject class ko. Kung iisipin medyo namimiss ko din si Amber. Hay siguro nga tama si Arcie, it’s better kung kausapin ko narin siya. Ayoko rin naman na makipag hiwalay sa kanya eh. Tsaka alam ko parehong mainit lang

ang mga ulo namin nung panahon na yun kaya nasabi namin ang mga bagay na yun. *I know she misses me too.*

It’s about time para magkaayos na ulit kami.

Naglakad na ako papasok sa gate ng university ng bigla akong mapahinto ng makita ko si Amber kasama si Fench toast este si Blake. Yakap yakap ni Blake ang may ulunan ni Amber habang hinihimas niya to at nagtatawanan silang dalawa.

Mukha atang nagkamali ako. Wala sa mukha niya na namimiss ako at mukhang ang saya-saya pa niyang kasama si French toast! Tsk!

Bigla kong nakita si Shelina na padating. Yung kasamahan ko sa play na gumaganap na Melissa at pinagseselosan ni Amber. Agad agad ko siyang nilapitan at sinadya ko itong makita nila Amber.

**“Hey Shelina!”**

**“oh Ren, hi!”** she wave at me while I am running towards her

**“you’re going to your class?”** I asked her

**“yap!”**

**“oh I see then I’ll walk with you**” kinuha ko yung books na dala niya **“I’ll help you carry this”**

**“oh thanks Ren, you’re such a sweetheart”** after nun, sabay na kaming umalis ni Shelina.

Hmpf! Kung nanlalalaki ka na edi mambababae na ko!

~~~
~~~

**[Amber's POV]**

**"so you and Ren are not yet ok?"**

**"haven't you heard? We already broke up!" s**abi ko kay Blake

**"hmmm but you still love him"**

**"oh please let's not talk about it anymore"**

Kada maalala ko yung nangyari naasar lang ako at the same time nagsisisi ako. Hindi ko naman kasi talaga ginusto makipag break sa kanya eh. Talagang nadala lang ako ng galit ko. Pero siya naman pumayag agad! I mean, nakakapang selos naman talaga yung ginawa niya. Pero yun nga lang sana hindi ko dinaan sa init ng ulo lahat. I should tak to him nicely.

**"Amber have you read this book?"** napalingon ako bigla kay Blake at bigla naman tumama yung noo ko doon sa book. Hard bound pa naman. HANG SHAKET T___T

**“oh my, je suis desole mademoiselle!”** (I’m sorry!)

**“it’s alright”** sabi ko kay Blake pero bigla naman niya ako hinila at hinimas yung part ng noo ko kung saan tumama yung book

**“oh I’m really sorry”**

**“no worries, I’m fine”** I told him then I smile

**“I know. You’re a hard headed right?”** he told me teasingly

Hinampas ko naman siya ng pabiro “**you meanie!”**

He chuckled **“I’m just joking Amber”**

***“Hey Shelina!”***

Napalingon ako bigla ng marinig ko ang familiar voice na yun at nakita ko si Ren na papalapit doon sa babaeng kasamahan niya sa play. Siya din yung babaeng ka kissing scene niya

**“oh Ren, hi!”** sabi nung babae habang kumakaway kay Ren

**“you’re going to your class?”** tanong naman ni Ren habang halatang halata ang pag papacute niya.

Grrr nakakainit ng ulo! >__<

**“yap!”**

**“oh I see then I’ll walk with you**” kinuha ni Ren yung mga dalang book nung babae **“I’ll help you carry this”**

**“oh thanks Ren, you’re such a sweetheart”** then tuluyan na silang umalis.

Grr nakakainit ng ulo! Nakakainit ng ulo! I guess mas mahalaga talaga sila kesa saakin!

**“do you see that?!**” sabi ko kay  Blake **“do you see that Blake!! Ughhh he’s pissing me off!”**

**“relax Amber”**

**“HOW CAN I?!”**

Nakakayamot na Salvy na yan! sige lang pagpatuloy niya yan at magsisisi siyang pinakawalan niya ang isang Amber Lopez >:(

(dismissal)

Hay may date si Blake, wala akong mapaglabasan ng sama ng loob. T___T

Pero kung sabagay, ok lang naman yun. Pag lagi kami magkasama baka magselos pa yung girlfriend niya at mauwi din sila sa hiwalayan. Mahirap na.

Pumunta na lang muna ako sa book store para maghanap ng book na pwedeng bilhin. Kesa naman magmukmok ako sa unit ko! Baka makita ko pa ang pagmumukha ng Salvy nay an! hmpf!

Nag libot libot lang ako doon sa loob. Onting basa basa baka sakaling may magustuhan ako. May nakita naman akong isang book doon ni Mitch Albom na title “Have a little faith.” Hmm di ko pa ata to nababasa. Idol na idol ko pa naman si Mitch Albom sa pag susulat. I love all his novels.

I was about to get the book ng may makasabay ako sa pagdampot nito.

*At kung mamalasin ka nga naman…*

**“I saw this first”** mariin kong sabi sa EX KO.

**“I grab it first”** sagot naman ng EX KO.

**“eh basta akin to!**” sabi ko sabay hila

**“nope it’s mine!**” at hinila niya ito pabalik!

**“mine!”** *hila*

**“it’s mine!” ***hila*

**“akin nga sabi eh!”** *hila*

**“wag ka nga magulo!”** *hila*

**“ikaw ang wag magulo!”** *hila*

**“ma’am! Sir! Stop fighting! We still have a stuck of this book!”** sabi nung sales lady saamin.

Kaasar talaga =__=

Pagkabayad na pagkabayad ko ng book, agad agad na akong umalis ng bookstore dahil medyo madilim narin at ayokong makita ang asungot na si REN SALVY. Kaso habang naglalakad ako, napansin ko namang sinunundan niya ako.

**“hey wag mo nga akong sundan stalker!”** sigaw ko sa kanya

**“asa kang sinusundan kita?! Hello baka nakakalimutan mong sa iisang condominium tayo nakatira?!”**

Inirapan ko lang siya at nag diretso ng lakad. Kaasar talaga. =___=

**“hey”**

Napahinto naman kami ni Ren ng may humarang saaming isang lalaking hindi namin kakilala.

**“yes?”** tanong ko doon sa lalaki

**“you”** bigla niya ko hinawakan sa wrist **“come with me”**

**“HUH?! Hey let go of me!!”** nagpipiglas ako doon sa lalaki pero hindi niya ko binitawan instead hinatak niya ako papalapit at tinalian sa bibig para di ako makapag salita. Tumingin ako kay Ren para humingi ng saklolo pero nagulat ako ng makita kong may dalawang lalaking nakahawak sa magkabilang braso niya habang nakatali din ang bibig niya. Dali dali nila kaming ipinasok sa loob ng van.

And it all hits to me. Sila din yung mga taong dumukot saakin dati. Hindi ko alam kung ano ang ginawa nila saakin noon at kung ano man ang gagawin nila saamin ngayon. Pero hindi maganda ang pakiramdam ko dito.

Dinala nila kami sa isang malaking bahay. Parang familiar saakin yung lugar. Alam ko nakita ko na to dati pero hindi ko matandaan kung saan.

Dinala kami nung mga lalaki sa isang kwarto doon sa malaking bahay at sa loob may nagiintay saamin.

**“I’ve been waiting for you”**

Kung wala lang sigurong takip ang bibig ko, napasigaw na ako sa taong nasa harap namin.

It’s Jiro.

*And he’s wearing a smile that made me shiver all over.*

**Chapter 27**

***Jiro Festin***

**[Amber’s POV]**

**“Jiro?! Teka bakit ka nandito?!”** tanong ko sa kanya

**“hay dude you got me scared to death! Akala ko naman tunay na kidnappers na tong mga to eh! pwede mo naman kami ipatawag in a normal way. Anyway, paki tanggal na ang pagkakatali saamin dahil ang sakit na ng wrist ko”**

Jiro just gave us a cold stare then tinalikuran niya kami ni Ren.

**“you know what to do”** sabi ni Jiro then umalis na siya sa harap namin

**“t-teka! Jiro--!”** tawag ni Ren sa kanya kaya lang bigla kaming hinila nung mga lalaking dumukot saamin “**o-oy teka ano to?! Anong ibig sabihin nito?!”**

Hindi kami sinagot ni Jiro hanggang mawala na siya sa paningin namin. Ipinasok kami ng mga lalaki sa isang kwarto at itinali sa magkahiwalay na upuan.

**“damn him!”** sigaw ni Ren pagkalabas na pagkalabas nung mga lalaki **“ano bang pumasok sa kukote ni Jiro at ginawa niya to?! What the heck is he planning to do?!”**

Hindi ko pinansin si Ren but instead tumingin ako sa paligid ng kwarto. This place is so familiar to me. Hindi ko lang matandaan kung kelan ako nakapunta dito.

Napabuntong hiniga ako. Hay this doesn't make sense! Una, ano ang ginagawa ni Jiro dito sa London when in two weeks time, it's Ma'am Krissa and Sir Nike's wedding? Pangalawa, why does he have that kind of expression on his face? Kilala ko si Jiro pero never ko pang nakita ang expression na yun sa mukha niya. It's as if he's a complete stranger. Pangatlo, siya ba ang nagpadukot saakin dati?! If so, bakit niya to ginagawa?

Nakakawindang! If this is some kind of a frank, hindi to nakakatuwa kasi swear, nangangawit na ang braso ko dahil sa pagkakatali ko at isa pa nagugutom na ko. =____=

**"ano ba yan! Ano bang iniisip ni Jiro?! Tsk! Gutom na gutom na ko eh!"** pagaalboroto ni Salvy **"tapos ang higpit pa ng pagkakatali! Ano ba naman tong si Jiro! Hoy menopausal prince pakawalan mo kami! Hoy! Hoy!! HOY!!"**

**"HOY KA RIN!"** sigaw ko pabalik kay Ren **"feeling mo may magagawa yang pasigaw sigaw mo?! Pwede bang tumahimik ka na lang?! sumasakit ulo ko sayo eh!"**

**"eh bakit?! At least ako may ginagawa para makalabas tayo dito! Eh ikaw?!"** sigaw naman ni Ren sakin pabalik

**“wow! Sige pag nakalabas tayo dito ng dahil diyan sa pasigaw sigaw mo sasambahin kita!”**

Sinimangutan ako ni Ren **“ewan ko sayo! Mind your own business!”**

**“mas ewan ko sayo! Patay gutom!!!”** sigaw ko pabalik

**“mestizang hilaw!!!!”** - Ren

**“salvy!!!”** - Amber

**“panget ka!”** - Ren

**“tae ka!”** – Amber

**“abnormal ka!!”** – Ren

**“hmpf!”** sabay naming sabi sabay iwas ng tingin sa isa’t isa.

Jiro Festin papatayin kita pag ako nakakawala dito! Ok na sana na pinadukot mo kami eh pero yung pagsamahin mo kaming dalawa sa isang room?! Buti na lang at nakatali ako kung hindi nadamba ko na tong EX BOYFRIEND KONG MATAKAW NA SALVY at nasakal.

Nag buntong hininga ako para maikalma ang sarili ko. Hanggang kelan kaya kami plano ikulong ni Jiro dito? Hindi naman ako masyadong kinakabahan kasi alam ko sa sarili ko na wala namang gagawing masama saamin si Jiro

*Alam ko wala.*

Tinignan ko yung orasan na nakasabit doon sa may dingding. It’s almost 12 am. Halos limang oras na rin kaming nakatali ni Ren dito. Ramdam na ramdam ko na badtrip na talaga tong kasama ko pero buti naman at napagod din siya sa pag sigaw sigaw niya. Kanina pa siya diyan nag aaksaya ng laway eh! at isa pa nakakairita na! nangangawit na ko dito tapos dadagdagan pa niya ng sakit sa tenga ang nararamdaman ko?!

**“hoy ikaw”** bulong niya **“wala ka ba talagang balak gawin ha para makalabas tayo dito?! Talagang plano mong manahimik na lang?!”**

Tinignan ko siya **“anong gusto mong gawin ko ha?! tumambling?! Mag sasasayaw?! Wala naman talaga tayong ibang magagawa kundi ang maghintay at manahimik eh!”**

**“ano ba talaga plano ni Jiro ha?!”**

**“aba malay ko bat mo tinatanong saakin?!”**

**“kilala mo siya di ba?! naging kayo ni Jiro kaya malamang alam mo ang takbo ng isip niya”**

Nagbuntong hininga ulit ako “**hindi porket naging kayo na ng isang tao eh alam mo na ang takbo ng pagiisip nito. Merong akala mo eh hindi ka kayang saktan”** tinitigan ko si Ren **“pero nagawa nila”**

**“siguro dahil nasaktan din sila kaya nakagawa sila ng ganung bagay”** sagot niya naman saakin **“kung meron lang sanang tiwala edi sana walang nagkasakitan”**

**“kung naging honest lang sana edi hindi nasira ang tiwala”**

**“I told you Amber! I’m planning to tell you that pero naunahan mo ko! Nung araw na nakita mo ako, doon pa lang ako sinabihan about sa role na yun!”**

**“pero bakit ka pumayaga ha?! may girlfriend ka Ren! Tingin mo anong mararamdaman ko?! Ha?! sabihin mo nga?!”**

**“it’s not what you think--!”**

**“yes it is! Kitang kita ng dalawang mata ko eh! ano pa bang i-eexplain mo?!”**

**“PAGPALIWANAGIN MO NGA MUNA KO PLEASE?! PWEDE BANG ITIKOM MO MUNA YANG BIBIG MO?!”**

Natahimik ako bigla sa sobrang gulat ng sigawan ako ni Ren

**“Amber, hindi naman nag dikit ang mga labi namin eh! ganyan ka ba kawalang tiwala saakin ha?! hindi ba sapat na sinabi kong ikaw lang ang mahal ko?!”**

Naramdaman kong tumulo ang luha ko **“mahal mo nga ba ako Ren? Totoo nga ba talaga lahat ng yun ha? you chose that play over me. Isinantabi mo ang nararamdaman ko ng dahil lang diyan! Alam mong nasaktan ako sa nakita ko but still tumuloy ka parin! Fake or not, sobrang sakit parin!”**

**“you’re selfish Amber. You’re so selfish. Nung una nagsisisi ako dahil nakipag break ako sayo, but now, tama ngang naghiwalay na lang tayo. Hindi mag wwork-out ang relationship natin”**

Iniwas ko na ang tingin ko kay Ren habang patuloy ang paiyak ko. Hindi ko na siya sinagot doon sa sinabi niya dahil tama naman talaga siya eh. hindi kami mag w-workout. Oo marahil mahal na mahal nga namin ang isa't isa pero minsan hindi sapat na batayan na mahal niyo ang isa't isa para masabing magiging maganda ang pagsasama niyo.

Masakit lang. Saglit ko pa lang nararanasan ang pag mamahal niya pero wala na agad, natapos na agad.

*Malas nga talaga ako pagdating sa ganitong bagay.*

***BOOGSH***

Napatingin kami ni Ren bigla sa may pinto ng marinig naming may nagbukas nun.

**"Jiro.."**

**“hey man please stop this now! Hindi na ko natutuwa!”** salubong ni Ren kay Jiro

Hindi sumagot si Jiro and just stepped inside the room at inoccupy yung upuan sa harap namin. Ngayon ko lang napansin, Jiro looked weird. Ang messy ng buhok niya ngayon at parang mukha siyang wasted. Tinitigan ko siya maigi, si Jiro ba talaga tong kaharap ko? Bakit parang ibang tao na siya?

*Dito na ako sinimulang kabahan.*

**“hoy Jiro ano ba! Bat di ka nagsasalita diyan?! Tsaka pwede pakawalan mo na kami ok?”**

Hindi nagsalita si Jiro at tinignan niya lang si Ren

**“hey! Ano ba! Ano bang gusto mong mangyari ha?!”** sigaw ulit ni Ren sa kanya

Jiro gave him an evil smile “**break na pala kayo ni Amber?”** tanong niya na may halong mapang asar na tono

Iniwas ni Ren ang tingin niya kay Jiro **“oo bakit?!”**

**“oww ganun? Nakakahinayang naman”** sabi ulit ni Jiro sa kanya

**“shut up Jiro! What’s happening to you?!”** sigaw ko sa kanya

Tinignan lang ako saglit ni Jiro atsaka niya ibinalik ang tingin niya kay Ren **“ok tutal wala na kayo ni Amber then pwede na ulit kaming dalawa?”**

**“what are you talking about man?! Are you in drugs?!”**

**“hmm paano kung oo?”**

Tinignan ko si Jiro, kung hindi ko lang to kilala iisipin ko rin na naka drugs ang isang to, but still…

Umiling iling ako

No, it can’t be. Hindi gagawin ni Jiro yun. Matinong lalaki siya at alam kong di niya kayang gawin ang bagay na yun.

**“why are you looking at me like that Amber?”** tanong niya saakin **“hey, break na kayo ni Ren di ba? then pwede na tayong dalawa”**

**“Jiro ano ba yang sinasabi mo ha? hindi na nakakatuwa biro mo!”** sagot ko sa kanya

Biglang sumeryoso ang mukha ni Jiro **“sino ba nagsabing nagbibiro ako ha?”**

**“cut it off will you?! Paano mo nasasabi yan ha?! paano ni Arcie?!”** sigaw ni Ren sa kanya

**“ohh si Arcie? Ok lang yun wala naman siyang alam eh. She’s so innocent and gullible kaya nga wala siyang kaalam alam na ng babae ako sa likod niya. Akala niya ako ang perfect prince charming niya. Tss, kung hindi lang ako bored matagal ko ng hiniwalayan yun”**

**“stop it Jiro! Ano ba yang sinasabi mo ha?! how could you say such cruel things to Arcie!” s**igaw ko sa kanya

**“bakit totoo naman lahat. And do you know kung bakit ko kayo kinulong dito?**” tumayo si Jiro at lumapit saakin then tumingin siya kay Ren **“gusto kong makita mo kung paano ko kunin si Amber sayo”**

Pareho kaming hindi makaimik ni Ren dahil sa mga sinasabi ni Jiro. Hinihintay ko na sabihin niyang biro lang lahat ng ito pero hindi. Alam kong nagsasabi siya ng totoo dahil kung biro lang to, hindi niya makakayang sabihan si Arcie ng mga ganung bagay.

What happened to Jiro?

**“ready ka na ba?”** tanong niya saakin

**“J-jiro…”**

He touched my hair then inamoy niya to **“you still the same scent, Amber. The scent that made me lose my mind”**

**“Jiro please tumigil ka na..”**

**“Jiro lumayo ka kay Amber!!!”**

Tinignan ni Jiro si Ren **“bakit? You already ditch her kaya wala ng problema di ba? you can have Arcie now. Mas bagay kayo”**

**“shut the fck up Jiro!!!! Stop talking sh1t about my best friend and don’t you dare lay even a single finger on my girlfriend!!”**

**“you mean ex-girlfriend. Hindi na kayo ni Amber diba?! and besides”** mas lumapit saakin si Jiro to the point na I can feel his breath on my neck **“me and Amber done this before kaya wala rin namang pagbabago”**

Bigla akong natigilan sa sinabi niya **“a-anong ibig mong sabihin Jiro?! Anong ibig mong sabihin doon?!”**

**“oh nakalimutan mo na agad Amber? Yung araw na nawala ka? Nakalimutan mo na ba kung paano natin pinasaya ang isa’t isa nun?”**

Bigla akong pinanlambutan sa sinabi ni Jiro **“i-ikaw yung nagpadukot saakin nun?! Anong ginawa mo saakin Jiro?! Ha?! anong ginawa mo saakin!!!”**

**“let’s just say, you are not as innocent as what you think now”**

Biglang tumulo ang luha ko. Si Jiro ba talaga tong taong kaharap ko?! Paano niya nagawa ang mga bagay na to?!

**“mapapatay kita Jiro! MAPAPATAY KITA!!!!” s**igaw ni Ren sa kanya

**“wala ka namang magagawa eh”** sagot ni Jiro at ibinalik niya ang tingin niya saakin “**manuod ka na lang Ren”**

**“Jiro itigil mo to please!!”**

Hindi kami pinansin ni Jiro. Tinanggal niya ang pagkakatali ko sa kamay atsaka niya ako hinatak. Rinig na rinig ko ang mga sigaw ni Ren habang patuloy ako na umiiyak.

Naramdaman kong hinawakan ni Jiro ang blouse ko at balak niya na itong buksan ng bigla na lang may dumamba sa kanya

**“DON’T YOU DARE TOUCH HER!!!”**

Nagulat na lang ako ng makita kong parehong nasa sahig na si Ren at Jiro. Nakita ko rin na dumudugo ang labi ni Jiro samantalang si Ren naman ay nakasalampak sa sahig habang nakatali parin sa silya. Mukhang tumayo siya habang nakatali sa silya para lang mailayo saakin si Jiro.

**“ano bang problema mo?!”** sigaw ni Jiro sa kany**a “break na naman kayo di ba?! anong ikinagagalit mo ha?!”**

**“sinong nagsabing hindi pwedeng magkabalikan ang mga nag break na?! mahal na mahal ko si Amber at mapapatay ko ang kahit na sinong manakit dito kahit kaibigan ko pa!! tandaan mo Jiro, once na makalabas ako dito, papatayin talaga kita!!!”**

Tumayo si Jiro at tinignan si Ren **“hindi mo ko makakayang patayin”** he both gave us a cold stare then lumabas na siya ng room

**“Ren!”** agad agad akong tumakbo papunta kay Ren at inalis ko yung pagkakatali niya sa silya **“ok ka lang ba ha? ok lang ba?”**

Umayos ng upo si Ren at nagulat ako ng bigla niya akong yakapin **"Amber, I'm sorry, wala akong nagawa nung araw nay un. Hindi kita nailigtas nun. Patawad Amber, hindi ko expected na magagawa yun ni Jiro! Why of all people.."**

Bigla na lang ako napahagulgol ng iyak "**wag ka ng lumapit saakin Ren, please. Hindi ko na alam kung paano ko pa ipapakita mukha ko sayo. Ang lakas ng loob ko magalit pero tignan mo ko, isa na kong maduming babae! Please Ren!"** itinulak ko siya palayo **"wag ka lalapit saakin!"**

**"Amber.."** nagulat ako ng bigla niya akong yakapin **"I swear hindi ko palalagpasin ang ginawa ni Jiro sayo but still, wala akong paki Amber! I just realize just now kung gaano kita kamahal" i**niharap ako ni Ren sa kanya **"listen, para saakin hindi ka maduming babae dahil ikaw parin ang nagiisang mestizang hilaw ko na mahal na mahal ko"** hinawakan naman ni Ren ang magkabilang pisngi ko **"I'm sorry amber sa lahat lahat ng nagawa ko. I'm sorry kung nagpaka selfish ako at hindi ko inintindi ang nararamdaman ko. Please forgive me. Mahal kita ng buong buo at hindi mababawasan yun ng dahil sa kakagawan ni Jiro. Pwede bang maging tayo ulit?"**

Mas lalo akong napaiyak ng dahil sa sinabi ni Ren at niyakap ko siya ng mahigpit **"sorry din ah? sorry sa lahat ng nasabi at nagawa ko sayo. Mahal na mahal din kita Ren. Salamat Ren, salamat.."**

Humiwalay si Ren sa pagkakayakap saakin at pinunasan niya ang luha ko **"don't worry, lalabas tayo dito ng ligtas. We'll find a way to escape and pag nangyari yun, patay talaga saakin si Jiro!"**

**“ganyan ka pala anak pag nagagalit”**

Bigla kaming natigilan ng Ren ng marinig namin ang boses na yun. Napatingin kami sa may pintuan at may nakita kaming dalawang middle age women na nakatayo at ng makilala ko ang isa sa kanila, halos manlaki ang mata ko

“**MOM?!”** me and Ren said in chorus. Nagkatinginan kaming dalawa ni Ren **“mama mo?!”** sabay naming tanong sa isa’t isa

**“kumare tignan mo ang cute ng mga anak natin”** sabi ni mommy doon sa mom ni Ren

**“oo nga! Bagay na bagay!”** sagot naman ng mom ni Ren then they both giggled.

O—kay?

WHAT THE HECK IS HAPPENING IN HERE?!

**[Jiro's POV]**

**"nice one Jiro, nag enjoy kami sa palabas mo"** sabi ng dad ni Amber pagkapasok ko na pagkapasok ko doon sa room

Napaupo naman ako sa may silya sa tapat nila **“nakakapagod”**

**“pero hijo infairness ang galing mo ha?”** sabi naman ng mom ni Ren

**“well, hindi naman pos a pagmamayabang, pero I didn’t get the title of The Ultimate Prince for nothing”** nakangiti at pabiro kong sabi sa kanila then we all laugh

**“hay pero panalo ka saamin. Ano ba yan!”** sabi ng dad ni Ren **“malaki ding pera yun ah”**

**“ano ka ba ok lang yun no! Happiness naman ng mga anak natin ang kapalit”** sagot naman ng mom ni Amber

**“ok then”** tumayo yung dad ni Ren at nilapitan ako **“we will deposit the 1 million pesos on your account”**

**“salamat po!”** nakangiting sabi ko sa kanya

**“oh Jiro by the way, bakit may pasa ka sa pisngi mo? Ayan ba yung dinamba ka ni Ren?” t**anong ng mom ni Ren saakin

**“ah hindi po, sinabi ko doon sa isang guard niyo na suntukin ako”**

**“huh? Bakit?”**

**“well, kahit acting lang mabigat parin talaga sa loob ko na sabihin ang mga ganung bagay kay Arcie”**

They all laugh **“hay naku iba na talaga mga bata ngayon pag inlove”** sabi ng mom ni Ren then tumayo siya **“pupuntahan ko lang yung mga bata”**

**“sama na ko!”** sabi naman ng mom ni Amber

**“ah Tita paki sabi p okay Amber sorry sa mga nasabi at nagawa ko sa kanya ha? same with Ren”**

**“haha wag ka mag-alala, they’ll understand. Magpapasalamat pa ang dalawang yun sayo”** after that umalis na silang dalawa.

Nagpaalam narin ako dahil may kailangan pa akong habuling flight pabalik sa Pinas.

Hay grabe talaga yung dalawang yun. Kinakailangan ko pang lumipad dito para lang patunayan ang pagmamahal nilang dalawa. Well, it’s all worth it.

A few weeks ago, naka receive ako ng call galing sa family ni Ren at family ni Amber. They are all doubting about their relationship siguro dahil narin sa nangyari dati saamin ni Amber pati narin kay Ren at Arcie. Alam kong nag aalala lang sila para doon sa dalawa. Then they tried to consult me kasi iniisip nila noon na paghiwalayin yung dalawa. Syempre pinagtanggol ko naman si Ren at Amber. Alam kong pag pinaghiwalay nila yung dalawa, masasaktan sila kaya naisip kong makipag deal sa kanila. Ang sabi ko patutunayan kong mahal na mahal nila ang isa’t isa at dapat lang na bigyan ng chance ang relationship nila. They are the one who made the conditions. Pagka nagawa kong patunayan ito, they will give me one million pesos. Pag hindi, ako mismo ang gagawa ng paraan para paghiwalayin yung dalawa. Of course pumayag ako, hindi lang dahil sap era but because I cared a lot for Amber and Ren. Alam ko ring malulungkot si Arcie pag nasaktan yung dalawa kaya pumayag na ako.

I flew all the way to London to carry out my plan. It's true na ako yung dumukot kay Amber pero wala akong ginawa sa kanya. Gusto ko lang makita kung paano magalala si Ren sa kanya and it works out. Pinanood ko kung paano hanapin ni Ren si Amber at talagang hindi ito tumigil hangga't hindi niya nahahanap si Amber. Pero hindi ko parin na-convince ang family nila Amber at Ren dahil sa ginawa ko kaya I came up with another plan.

I am the one who suggested na sa drama club na kunin si Ren and bigyan siya ng kissing scene. Of course, I got some help from someone. Tinulungan ako ni Blake sa mga plan ko and he even volunteered na maging part nito. Pinlano naming pag awayin si Ren at Amber pero hindi namin expected na maghihiwalay sila that is why napilitan na akong gawin ang huli kong plano. At ayun ay yung ginawa ko kanina.

Napakamot ako sa ulo. Grabe kailangan ko pang umacting na rapist at drug addict para lang sa dalawang yan. Oh well, bati na naman sila at meron narin akong 1 million pesos. Eto ang tinatawag na win-win relationship.

Kinuha ko yung phone ko then I called my princess

**"hello Arcie? I'm on my way to the airport. Uuwi na ko diyan?"**

***"Really?! Miss na miss na kita Jiro!!"***

**“I miss you too my princess”**

***“pero teka ano na nangyari kay labanos at kay Amber?”***

**“ok na sila, don’t worry. Hay naubos ang energy ko sa kanila”**

***“ayieeee sabi ko na eh! magaling ka kasi Jiro! Kaya love na love kita eh”***

**“ganun? Ibig sabihin pag di ako magaling di mo na ko love?”**

***“hindi no! magaling o hindi nagiisa parin ang Jiro Festin sa puso ko”***

**“binobola mo naman ako eh”**

***"hindi kaya! Hindi naman ako basketball player eh"***

I chuckled **"ikaw talaga. I love you"**

***"I love you too Jiro"***

**"oh by the way, dahil ok na si Ren at Amber, nanalo ako ng 1 million pesos so Arcie, prepare your summer clothes kasi after ng wedding, I'll bring you and your family to Carribean"**

***"wow Carribean! Kasama din kami Jiro?!"*** nagulat ako ng iba na yung kausap ko sa phone

**"Yanna?! Hey ibalik mo kay Arcie yung phone!" =___=**

***"eh eh! teka tamang tama may mga bago akong labas na bikini sa boutique! Bibigyan ko si Arcie!"***

Bigla naman ako napaayos ng upo **“hey! Sino nagsabing papayagan ko magsuot ng bikini si Arcie aber?!?!”**

***“hello Jiro Carribean ang pupuntahan niyo! Natural mag bibikini si Arcie no! ano gusto mo ipasuot sa kanya ha? jacket?! Isa pa mamaya pagkamalang manang yun”*** pakikipagtalo ni Yanna saakin

**“eh basta hindi pwede! Panget man ang tingin nila kay Arcie, para saakin mukha parin siyang dyosa naintindihan mo Yanna?!”** after that I end the call

Kailangan ko na nga makauwi agad sa Pinas at baka bilhan talaga ng bikini ni Yanna ang mahal ko. =__=

**Epilogue**

**[Amber's POV]**

**"oh my gosh! Oh my gosh! Kayo na ba?!"** salubong na tanong saamin ni Michelle pagkadating na pagkadating namin sa loob ng simbahan kung saan gaganapin ang kasal ni Sir Nike and Ma'am Krissa

**"y-yes**" sagot naman ni Ren sabay napakamot siya sa ulo niya

**"talaga?! Kelan pa?!"** tanong naman ni Yanna

Nagkatinginan kaming dalawa ni Ren then we both smile **"three days ago lang"** sabi ko kay Yanna.

Aside from Jiro and Arcie, walang idea yung ibang S6 about sa relationship namin ni Ren. Anyways alam na rin namin yung kalokohang ginawa ni Jiro. Ipinaliwanag na saamin lahat ng mga parents namin. Kung nung una eh galit na galit kami kay Jiro, ngayon naku, laking pasasalamat namin dahil meron kaming isang kaibigan na tulad niya.

So siya pala ang dahilan kung bakit kinuha ng director si Ren doon sa stage play. Humingi siya ng help kay Blake para makausap yung director at kinuha nila si Ren. Aside from that, lahat ng weird na nangyari saamin ay kagagawan ng lalaking yun. Yung pinagdalhan saamin na bahay, kaya pala parang familiar siya, is because yun ay yung dating bahay ng grandparents ko. Nakapunta na ata ako doon when I was still 7 years old.

But all in all, malaki talaga ang pasasalamat namin kay Jiro. Kung di niya to ginawa, malamang pinaghiwalay na kami ng parents namin. Tsaka isa pa, narealize ko ring napaka immature naming dalawa ni Ren dahil nag away kami sa isang napaka liit na dahilan lang. Well, I don’t want to make the same mistake twice. At least natuto kami.

After ng mga incident na yun, niligawan ako ni Ren. Sabi niya gusto niya munang dumaan sa ganoong proceso. Gusto niya daw maranasan na paghirapan akong makuha para daw alam na niya kung gaano ako kahalaga at para hindi niya ako ganoong kadali bibitawan.

At naging kami, as in the mature Amber and Ren, three days ago. :)

**“wow congrats bro!”** sabi ni Justin kay Ren sabay tapik sa balikat nito

Bigla namang yumakap si Lance kay Ren then nag panggap pa itong medyo naluluha luha “s**a wakas!! Graduate ka na ng Torpe University! I’m so proud of you!”**

Bigla naman siyang itinulak ni Ren **“heh! Tigilan niyo nga ako!” =__=**

Nagtawanan kaming lahat doon habang pulang pula si Salvy sa mga pinag gagagawa ng mga kaibigan niya. Tinitigan ko silang lahat habang nagtatawanan sila at nagkukulitan. Alam ko hindi ako masyadong nagkaroon ng chance para mas makilala ang S6 dati. Hindi rin ako masyadong naging close sa kanila pero habang tinititigan ko sila, hindi ko maiwasang mapangiti.

Ren has a great friends, and I’m glad nandiyan ang S6 sa buhay niya. Sana maging kaibigan ko rin sila.

**“so how’s my acting?”** tanong ni Jiro habang nasa labas kami ng simbahan at naghihintay na mag simula yung ceremony

**“hay naku, mag artista ka na lang”** pag bibiro ko sa kanya

Medyo natawa naman si Jiro “**but I never thought na mag aaway kayo ng husto sa ganung dahilan! Hahaha para kayong mga bata”**

Hinampas ko si Jiro ng mahina **“talagang inasar pa kami eh no?” =__=**

**“Hahaha I’m just kidding Amber, but still, I’m really glad na ok na ang lahat. Next time na mag away kayo make sure to fix it on your own hindi yung kailangan ko pang mag panggap na drug addict at rapist para lang maibaba niyo ang nagtataasang prides niyo”**

Natawa naman ako **“opo boss! Sorry na pero still salamat Jiro, dahil sa ginawa mo hindi mo lang naisave ang relationship namin, natuto pa ko”**

Jiro tapped my head **“ok lang yun Amberchichi!”**

Natawa ulit ako ng tawagin ako na ganun ni Jiro. Ganyan kasi siya dati saakin pag gusto ako asarin o nakikipag kulitan siya saakin, tinatawag akong Amberchichi. Actually it’s been a long time eversince he called me that. Napangiti naman ako kahit papaano. Jiro has been a very special person to me and ayoko siyang mawala sa buhay ko. Nakakatuwa na isipin na sa kabila ng mga nangyari, kaibigan ko parin si Jiro at masaya na ako doon.

Nag start na yung wedding ceremony. Syempre napaka ganda ng bride at sobrang gwapo din naman nung groom. Doon naman sa reception, napaka ganda ng place and pati narin yung foods sobrang sarap. Parang ang sarap tuloy ng feeling ng ikakasal.

After the wedding, medyo pagod narin ang lahat kaya nagsiuwian na kami. Tutal 1 month din naman ang stay namin ni Ren dito sa Pinas, medyo mahaba haba pa ang araw para makapag lakwatsa. Doon muna ako nag stay sa bahay ng pinsan ko while si Ren naman sa house ng family niya.

**“whoa so Ms. British is here”** salubong saakin ng cousin ko

**“hey cous! How are you?”**

**“I’m fine! I never thought you’re going back here with that kind of expression on your face”** sabi niya saakin

**“why?”**

**“wala lang. nung last time kasi na umalis ka dito sa Pinas, mukha kang wasted na wasted eh pero ngayon tignan mo naman! Blooming ang loka!”**

Natawa naman ako sa kanya **“ganun talaga pinsan if you already found your perfectly imperfect prince”**

**“kahit kelan talaga ang cute cute matulog ng girlfriend ko”**

Napadilat ako bigla ng marinig ko ang pamilyar na boses na yun at nakita ko ang pagmumukha ni Salvy sa harap ko. Pumikit ulit ako at tumalikod. Lagi na lang ako nag hahallucinate sa pagmumukha ng boyplen ko. Siguro miss na miss ko lang talaga yun.

**“ah ganyan ka na, tinatalikuran mo na ko”** bigla namang may kumurot saakin kaya napabangon ako bigla at napahawak ako sa pisngi ko

**“araykupu!!!” T___T**

**“good morning Snow White”** sabi ng lalaki sa harap ko habang naka ngiti saakin from ear to ear

Halos mapatalon naman ako bigla ng makita ko si Ren sa tabi ko **“ay tae! Salvy! Ano ginagawa mo dito?!”**

**“sinusundo ka para sa date nating dalawa! Pero ikaw grabe ka! Ang gwapo ko naman para ikumpara mo sa tae!” >__<**

**“hehehe eh kasi di kita kayang paglaruan”** banat ko sa kanya

**“ah ganun! Eh ikaw para kang wiwi”**

**“at baket?”**

**“kinikilig ako pag dumadating ka!”** sabi niya with matching beautiful eyes pa. Natawa naman ako sa pagmumukha ni Ren kaya nahampas ko siya

**“tigilan mo nga yan! Para kang bakla!”**

**“hahaha pinapasaya ko lang ang baby ko!”** sabi niya sabay kurot sa pisngi ko **“pero maligo ka muna dahil madami tayong pupuntahan”**

**“huh? Bakit?”**

**“anong bakit! Wala ka bang naalala?”**

Napatitig naman ako sa kanya **“err na ano?”**

Nagulat ako ng bigla siyang tumaw**a “hahahaha ulyianin na mestizang hilaw! Wahahaha! Hay naku pumasok ka na sa bathroom at ako magiintay sa living room ha? wag ka na pumora. Just wear something comfortable”** sabi ni Ren then tumayo na siya at lumabas sa room ko.

Ok? Ano bang meron ngayon? =___=

**“errr Ren saan ba talaga tayo pupunta?”** tanong ko dito habang nasa loob kami ng kotse niya at nag ddrive siya kung saan

**“basta. You’ll see”**

**“eh ano ba meron ngayon?”**

He chuckled **“I can’t believe that of all people ikaw ang nakalimot kung anong meron ngayon”**

Hay naku, kanina ko pa iniisip ang occasion ngayon pero wala, di ko talaga maalala. Mas mabuti pang sumama na lang ako dito sa Salvy na to. Isa pa simula ng bumalik kami sa Pinas di pa ko masyadong nakakapag gala. Aba namiss ko rin to no.

**“We’re here”** sabi ni REn ng ihinto niya ang sasakyan niya. Napatingin ako kung nasaan na kami at nagulat naman ako nung makita ko kung saan niya ako dinala.

**“Teka, nasa Prince Academy tayo ah? a-anong ginagawa natin dito?”**

He just smiled then bumaba siya sa kotse. Binuksan niya yung pinto sa side ko then he offered his hand to me. I took it then bumaba din ako

**“Ren bat tayo nandito?”** tanong ko ulit sa kanya

**“hmm, I just want to reminisce those time kung saan tayo unang nagkakilala, unang nagka inisan, nasaktan, umiyak, at bumangon ulit para muling lumaban”** he filled the spaces between my fingers then naglakad kami papasok sa loob ng school. Buti na lang at nakilala pa kami nung guard kaya naman pinapasok kami. Wala masyadong mga estudyante nun sa hallway siguro dahil start na ng klase nila.

Naglakad lang kami ni Ren sa loob then huminto kami sa tapat ng isang locker

**“remember this place?”** he asked me

Medyo natawa naman ako “**oo naman. Paano ko to makakalimutan eh dito kita unang nakilala. Binunggo mo ako nun at tinapunan mo ng suka ang favorite kong scarf”**

**“Ikaw kaya ang nang bunggo saakin no! tsaka nahulog yung pinakamamahal kong quack quack nun! Kitang kita ko kung paano sila gumulong pababa! Takam na takam pa naman ako!” T____T**

**“Sus pagkain lang yun! Samantalang saakin—“**

**“Cashmere scarf pero biling divisoria?”** sabi ni Ren habang naka ngisi

**“eh hehehe alam mong biling divisoria lang yun?”**

**“naman no! ako pa! madami ata tong alam!”**

**“oh edi ikaw na!”**

**“hahaha pero alam mo Amber, nung mabangga kita dito, wala akong idea nun...”** bigla naman siyang umakbay saakin **“na nakabangga ko na pala yung buong mundo ko”**

Napangiti naman ako sa sinabi ni Ren. Bat ba ang galing magpakilig ng isang to! Nakakaasar! Ayan tuloy na i-speechless ako!

**“uyy kinikilig yan!”** pang aasar niya saakin

**“heh! Tumigil ka!”**

**“uy don’t get me wrong ah. Ang ibig kong sabihin doon sa sinabi ko, sobrang taba mo to the point na ka-size mo na ang mundo! HAHAHAHAHAHAHA”**

Bigla naman nawala ang ngiti sa mukha ko dahil sa sinabi niya. Asar eh! Kinikilig na sana ako tapos biglang ganun =__=

Tinulak ko si Salvy **“diyan ka na! hmpf!”** tapos nun tinalikuran ko na siya

**“uy mestizang hilaw joke lang yun! Sexy sexy mo eh! ka-shape mo ang heart ko!”**

**“parang sinabi mo narin na hugis pwet ako!” =__=**

**“hindi no! to naman! Joke lang yun! I love you!”**

**“heh tumigil ka! I love you too!!” >__<**

Naglakad lakad pa ulit kami ni Ren sa loob ng school. Pumunta kami doon sa loob ng kitchen laboratory kung saan naging magkapartner kami para sa baking class namin at pareho kaming bumagsak nun sa baking na yun kasi nagtatalo kami nun to the point na may napalipad kaming wire whisk at tinamaan sa noo yung teacher namin. Pumunta din kami sa roof top kung saan nag heart to heart talk kami dati ni Ren. Bumisita rin kami sa

Leisure room nila pati narin sa class room namin dati. After makipag kwentuhan sa mga naging teacher namin dati pati na rin kay Ate Jennica, yung principal dito at the same time sister ni Jiro, umalis na kami ni Ren.

**“hay! I’ve enjoyed it! Nakaka miss maging highschool no?”** sabi ni Ren

**“right though wala akong masyadong memory ng highschool sa pinas, naging masaya ang pag stay ko dito sa Prince Academy”**

**“anyways Amber, hindi pa dito natatapos ang day natin. May pupuntahan pa tayo”**

**“huh? Saan?”**

**“you’ll see”**

Imbis na sumakay kami ng car ni Ren, naglakad kami sa may likod ng Prince Academy kung saan may park doon at madaming nagtitinda na street food. Dahil sa maaga pa lang ngayon, wala pang mga nagtitinda doon pero napangiti naman ako ng maalala ko yung lugar.

Dahil nga natapon ko dati yung kwek kwek ni Ren, I treated him here pero nauwi din sa pag aaway yung pag punta namin dito kaya naman nag walk out ako nun at iniwan ko siya. Natawa lang ako sa memory na yun. Dati yung mga bagay na nangyari dito ay kinaiinisan ko but funny is, pinagtatawanan na lang namin ni Ren lahat ng nangyari a year ago.

After sa park, pumunta kami sa mall kung saan kami dati namili para sa baking class namin kung saan magkapartner kami nun. Kumain din kami sa Jollibee na kinainan namin dati, binilhan niya ako ng stuff toy sa blue magic kung saan siya bumili dati ng stuff toy para kay Arcie noon at kumain sa isawan kung saan niya ako nilibre nung nag tantrum ako.

Nagpunta rin kami doon sa lugar kung saan kami nag star gazing dalawa habang inaamin ko kay Ren lahat ng kasinungalingan na sinabi ko kay Arcie at kung saan nakapag decide kami na papakawalan na namin si Arcie at Jiro. We stayed there for a while then after nun, sumakay na ulit kami sa kotse. Akala ko nga uuwi na kami pero nagulat ako ng bigla niya akong dalhin sa beach.

Nung pagkababa namin, bigla kong naalala lahat ng nangyari dito a year ago.

**“this place… is so nostalgic”** bulong ko kay Ren while holding his hand.

**“right”** sabi ni Ren. Naglakad kaming dalawa then huminto kami sa isang familiar na restaurant sa may beach

**“pasok tayo?”** yaya ni Ren saakin

I just nod then pumunta kami sa may entrance yun nga lang hinarang kami nung receptionist

**“ah ma’am, sir, sorry po but the store is close today. May function po kasi kami”**

**“ay ganun ba? Sayang naman**” sabi ni Ren doon sa receptionist then umalis na kami

**“ok lang yun, pwede pa naman bukas”** sabi ko sa kanya **“tara kain na lang tayo ng dinner sa ibang restaurant”**

**“eh gusto ko talagang pumasok!!” >___<**

**“may function eh! next time na lang”**

**“alam ko na!**” bigla niya akong hinila papunta doon sa kabilang side ng restaurant. **“tamang tama!”** sabi ni Ren sabay kuha nung ladder sa may pader

**“o-oy Salvy anong plano mo?!”**

**“aakyat sa terrace! Di naman tayo mangugulo eh! gusto ko lang talaga pumunta sa may terrace na yun!”**

**“ha?! eh ano ka ba! Wag na! bukas na lang!”**

**“eh basta kailangan ngayon tayo makapunta diyan!” >__<**

**“bakit nga kasi?!”**

**“basta nga kas**i!” pag iinsist ni Ren **“ako mauunang umakyat then afterwards aalalayan kitang makasampa sa terrace”**

“**talagang seryoso ka diyan?”**

**“please Amber, please? Ngayon lang”** sabi ni Ren with matching puppy eyes pa

I sigh in defeat. Makaka-hindi pa ba ko sa taong to kung binigyan niya na ko ng ganyang expression sa mukha?

Umakyat na si Ren sa ladder at nung makasampa na siya sa terrace, ako naman ang sumunod. Inalalayan niya akong makasampa din. Buti na lang at sarado yung door papunta sa terrace kaya hindi kami nakikita nung mga bisita

**“yehey! Nakasampa rin!!”** sabi ni Ren habang nakatingin sa papalubog na araw.

**“bakit mo ba gustong gusto makapunta dito ha?”**

**“may sasabihin kasi ako sayo”** sagot niya saakin

**“ano yun?”**

**“Amber”** biglang hinawakan ni Ren ang dalawa kong kamay at tinitigan niya ako sa mata “**I know this place bears a quite painful memory for the two of us. Dito sa mismong terrace na to pinakawalan natin ang mga taong mahal natin. Pero naisip ko, kung patuloy tayong lumaban noon, siguro miserable parin tayo hanggang ngayon. Minsan may mabuti rin palang naidudulot ang pag suko. Kung hindi ko sinuko si Arcie noon, di ko mararanasan na mahalin ang isang tulad mo. I’m very glad that after all the pain we’ve been through, we managed to love again whole heartedly. At masayang masaya ko kasi ikaw ang babaeng minamahal ko ngayon”**

**“ren..”**

**“I love you Amber Lopez”**

Napangiti ako kay Ren at niyakap ko siya bigla bilang response sa sinabi niya. Words can’t tell how much he made me happy by saying those words and I hope maramdaman niya rin kung gaano ako kasaya sa kanya through my hug

**“I love you too Ren”**

Ramdam na ramdam ko ang pagmamahal ko sa lalaking ito to the point that I almost cry. Tama nga ang sinabi niya, may mabuting naidulot ang pag suko namin dati. Kung patuloy ko parin pinagpilitan ang relationship namin ni Jiro, pare-pareho parin kaming miserable ngayon. Natutuwa ako kasi hindi ako nagkamali ng desisyon na pakawalan si Jiro. Ngayon, may dumating sa buhay ko na mas higit pa sa nauna. At masaya ako.

We hug each other in silence while he is stroking my hair.

“h**ay napaka ulyianin ng mahal ko”** narinig kong bulong ni Ren kaya naman napahiwalay ako bigla

**“huh? Bakit?”**

He smile at me then he took my hand tapos naglakad siya sa may pinto ng terrace

**“wait! Makikita tayo ng mga guests!”**

**“trust me”**

Ren opened the door then I was rooted to the ground nung makita ko yung function hall pati narin yung mga bisita sa loob habang may mga party poopers na nagpuputukan papunta saamin ni Ren. Sa pinaka stage ng function room, may napakalaking banner na nakasulat ay

~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~

**Happy 18th Birthday Amber**

~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~

At doon ko na lang naalala bigla kung ano ang occasion ngayon.

**“Happy birthday”** sabi ni Ren habang nakangiti saakin

**“o-oo nga pala! Birthday ko!”**

**“hay naku to talagang batang ito!**” sabi ng isang pamilyar na boses kaya naman napatingin ako sa mga bisita and I spotted my mom and dad

**“mom! Dad!”** I ran towards them then I hugged them

**“ganap na dalaga na ang baby ko”** sabi ni dad

**“Dad naman eh!”**

**“ep ep! Bago po muna yan, kailangan ng ayusan ng debutant!**” pag singit naman ni Yanna saamin then kinaladkad niya ako papasok sa isang room. Sa loob ay nag aantay si Michelle and Arcie saakin.

Tinulungan naman nila akong isuot yung gown ko habang kinukwento nila lahat ng plano ni Ren. So talagang si Salvy ang may pakana ng party na ito. Kinuntsaba niya lahat ng mga kaibigan ko pati mga kamag-anak ko na walang babati saakin ng happy birthday para daw ma depress ako at akalaing nakalimutan nila ang birthday ko but it turns out ako mismo ang nakakalimot ng araw na ito kaya nag back fire yung depression plan ni Salvy para saakin.

Medyo natawa naman ako sa part na yun but still, he managed to surprise me.

Hay naku, magyayabang na ako ngayon. Ang swerte swerte ko para magkaroon ng isang boyfriend na  tulad ni Ren. Kahit na matakaw siya, parang bata kung mag isip kung minsan, seloso at lagi akong inaasar, still, ginagawa niya ang lahat mapasaya lang ako. Bonus na ang pagiging gwapo at romantic niya.

After kong mabihisan at maayusan, iniharap na ako sa mga guest. Syempre ang escort ko ay si Ren. Ginawa naman namin yung rituals ng mga debut. Merong 18 candles, tokens, shots, pati roses. At ang last dance ko? Hindi siya normal na last dance dahil hindi lang ako basta isinayaw ni Ren kundi kinantahan pa niya ako habang sumasayaw kami. At syempre kinanta niya ang madalas na kinakanta niya saakin

**“Coz I love her with all that I am**

**And my voice shake along with my hand**

**Coz it’s frightening to be swimming in this strange sea**

**But I’d rather be here than on land**

**And she’s all that I see and she’s all that I need**

**And I’m out of my league once again”**

After he sing that song, he pulled me more closer to him. And then in front of our family, relatives and friends, he gave me one sweet kiss.

Nasaktan ako dati, nakabangon ulit at nasaktan ulit. Nung naghiwalay na talaga kami ni Jiro, akala ko hindi na ko makakahanap pa ng lalaki na mamahalin ko pero nahulog ako kay Ren. Nung una akala ko imposible ng maging kami kasi kahit nasa tabi ko na siya, hindi ko parin maabot ang puso niya. Like I said, his heart is like a star. No matter how hard I tried to reach him, he’s still beyond my reach. But now I believe, kahit gaano pang kalayo ang bituin na yun, pwede parin natin silang abutin. Minsan nga sila pa ang kusang lalapit satin.

*Luckily, I’ve reached the brightest star in heaven.*

When we parted our lips, I looked at him in the eyes and mouthed the word **"I love you"**

**"I love you too"** sagot niya saakin

I smile then niyakap ko siya habang nag slow dance kami. Nag sitayuan na ang mga guest namin at sinabayan kami sa pagsasayaw dalawa.

Happy ending? No really. I believe that true loves never ends. I might say that eto pa lang ang umpisa para saamin dalawa. Pero kahit ano man ang mangyari, lagi kong ilalagay sa puso at isipan ko, na maswerte ako na magkaroon ng isang Ren Salvador sa buhay ko.

***

*Coz he's all that I see and he's all that I need and I'm out of my league once again…*

**--End--**

*****

**A/N:**

Guys, salamat po ng madaming madami sa pagbabasa nito up to the very end. Alam ko madaming may ayaw sa Ren-Amber love team kasi maraming maka Ren-Arcie pero sa lahat ng nakaappreciate, natuwa at kinilig sa kanilang dalawa salamat po. Pasensya narin po kung may mga times na hindi ko na naaupdate to. Aaminin ko dumating kasi yung point na nahirapan akong ituloy ang story na to dahil hindi ko na malaman kung paano ko siya tatapusin. Pero dahil patuloy ang pag support niyo, nagawa kong tapusin ang story na to. Salamat po talaga sa mga readers ko mapa loud or silent man, salamat po!

- alyloony

P.S .. soft copy and compilation will be availabe in a few days. Abangan niyo na lang po ang soft copy sa site ko >> www.alyloonystories.weebly.com